# Mga Kaluluwang nasa Bilangguan Ngayon
Jeffersonville, Indiana, USA
Nobyembre 10, 1963

1 Salamat. Sandali nating iyuko ang ating mga ulo. Makalangit na Ama, nagpapasalamat kami sa Iyo, sa araw na ito, para sa pribilehiyong ito na makapagtipong muli minsan pa, nalalaman naming kami'y magtitipon sa huling pagkakataon, bilang mga mortal, at pagkatapos ay magkakatipon kami sa kalagayang naluwalhati sa piling Mo, at lahat ng mga natubos sa lahat ng panahon ay matitipon doon.

O, mabilis ang pintig ng aming mga puso, dahil ... at gawa ng dakilang pananabik, naghihintay sa pagsapit ng oras na iyon! Dahil diyan, lahat ng takot ay naglalaho sa amin. Wala kaming dapat katakutan, walang dapat pangambahan. Inaabangan namin ang pangakong binitiwan sa amin ng Walang Hanggang Diyos, at alam naming ito'y Katotohanan. Iyan ang dahilan kung bakit kami nabubuhay. Nabubuhay kami para riyan, sa oras na iyon, sa pagkakataong iyon, kung kai Ian ang mortal na ito ay mababago, at kami'y magiging tulad Niya, at mawawala na ang karamdaman, wala nang kalungkutan, wala nang sakit ng damdamin.

2 0, matatapos nang lahat sa oras na iyon. At taglay ang kagalakan ng puso, kami, sa pananampalataya at tapang, ay nananabik para sa Araw na iyon.

Iyon ang dahilan kung bakit nangagkakatipon kami ngayon dito, Panginoon, upang ikumpisal namin ang aming mga kamalian at humingi ng habag. Iyan ang dahilan at nakaharap kami sa altar na ito sa umagang ito, dahil alam naming kami'y mortal, at napakaraming pagkakamali sa amin, at puno kami ng pagkukulang. Datapuwat naparito kami upang ikumpisal ang aming mga kamalian, at pagkatapos ay umasa sa aming Amang Makalangit nang may bukas na puso, para sa mga pagpapala at panibagong kalakasan at pananampalataya, na ibibigay Niya sa amin sa oras na ito, habang kami'y nagtitipon dito ayon sa pangako, "sa mga Makalangit na dako kay Cristo Jesus." Sapagkat inaangkin namin na kami'y. lumipat na mula sa kamatayan tungo sa Buhay, sa pamamagitan ng Kaniyang pangako, at kami'y naitaas sa isang Makalangit na kapaligiran, na nakaupong kasama Niya ngayon. Nawa'y ituro Niya sa amin sa umagang ito ang mga bagay na nais Niyang malaman namin, at ipagkaloob sa amin ang Tinapay ng Buhay, upang kami'y masustentuhan para sa hinaharap na naghihintay sa amin. Itulot Mo po ito, Panginoon. Ito ang panalangin na aming hinihiling sa ngalan ni Jesus Cristo. Amen. Maaari na kayong maupo.

3 Magandang umaga, sa bawa't isa. At napakainam na makapiling ko kayong muli sa umagang ito, sa Makalangit na kapaligirang ito ng pagsamba. 5 Bahagyang-bahagya na tayong huli, nagkaroon tayo ng isang . . . ilang mga totoong masasarnang tawag ilang minuto pa lamang ang nakararaan; isang batang lalaki ang nakahiga roon, naghihingalo na. At kasing tiyak na ako'y nakatayo ngayon dito, hinipo ng Panginoon ang kaniyang katawan at pinahayo siya sa daan. Kaya... 6 At isang—isang—isang batang lalaking, nakatayo rito, na anak ng pinsan ko. Sila' y talagang Catolico, sa simula pa lang, ngunit sila' y nagsimba kaninang umaga at may kung anong nagsabi sa kanila na pumarito. Kung kaya't sila' y. . May pagbabago. Kaya sila ay—sila' y papunta ngayon sa bahay, at naghaha.nda para sa bautismo sa tubig. Kaya't nang magkagayon, sila' y isang—sila' y isang . talagang napakaraming kamangha-manghang bagay ang sa tuwina'y ginagawa ng ating Panginoon. Siya'y palagi na lamang gumagawa ng mga bagay-bagay. Si la ay dumating upang pumasok, at hindi sila makapasok. Ang sabi nila wala raw talagang paraan para makapasok.

4 Ang sabi ko, "Buweno, kung gusto mo talaga akong makausap," ang sabi ko, "e, di pumunta ka na lang sa bahay, at doon natin pag-usapan 'yan." 8 Kaya naisip ko, habang patungo ako sa New York, sa darating na pagtitipong iyon, na magiging napakainam . . . alam kong ako'y makapagpapahinga kung dadaan ako at—at tutulungang silaban ang apoy ko ng gaano man kalaking apoy ang taglay n'yo, at humimpil kami ng isang araw, ngayong umagang ito. At dumating kami kahapon, noong makalawa, katanghaliang tapat.

5 At kinailangan naming lumisan. Nakatakda akong umalis, ngayong hapon, pero sa palagay ko'y aalis ako . . . At magsisimula kami sa umaga, nang maaga, maagang-maaga ng . . . Maaaring may kaunting niyebe sa mga kalsada, at mga bagay-bagay, mula rito hanggang New York. Kailangang magdaan kami sa Virginia, sa mga kabundukan, at gayon din sa Allegheny's, at sa gawing ibaba ng—ng Adirondack.

6 Kaya't tayo'y magsisimulang, nakalimutan ko, doon 'yon sa arena roon, bago ito. Giniba nila ang lumang arena ng San Nicolas, ayon sa naunawaan ko. Itinayo nila ang bagong ito. At sa abot ng aking kaalaman, makukuha natin ang ilan sa mga pinakaunang gabi na . na ito' y pinaupahan. Kaya't tayo'y nagpapasalamat dahil diyan, sa mga Pentecostal na taga kalakhang New

York. At sa palagay ko'y maraming iglesia ang makikipagtulungan, at tayo'y umaasa sa isang dakilang pagkakataon.

At kami'y babalik, kung loloobin ng Panginoon, sa susunod na linggo. At—at kung kalooban ng Panginoon, aba'y nais naming makadaan dito sa Linggo, isang linggo para—para sa Panlinggong gawain

sa umaga.

Kung magkagayon ay bigla na naman kaming mdnanagasa sa pastor natin dito, tulad ng lagi naming ginagawa, kita n'yo, at—at naisip ko na marahil kung darating ako, at kahit walang pasabi. At pagkatapos dahil may mainam na grupo rito, at ang mga taong nakikita kong taga labas ng bayan, ay naririto; naisip ko na marahil, mamayang gabi, kung walang bukod tanging inihahanda ang pastor, na ang mangyayari ay magdaraos tayo ng maliit na gawain, mamayang gabi, maikli lang, at, marahil ay mananalangin tayo para sa maysakit.

7 Umaasa tayong makapananalangin tayo para sa maysakit mamayang gabi, mangungusap tungkol sa Makadiyos na pagpapagaling at—at mananalangin para sa maysakit. Magsimula tayo ng maaga para makalabas tayo ng maaga. At kung papayag ang pastor, anong ... Karaniwang naguumpisa kayo ng ika-pito't kalahati. Tama ba 'yon? Ano kaya kung magsimula tayo ng ika-pito mamayang gabi, ika-pito? [Si Kapatid na Neville, "Amen." -Ed] At patayuin n'yo na ako ng ikapito't kalahati, para makalabas na ako ng mga ikawalo o ikawalo't kalahati, at nang sa gayon ay magkaroon pa rin ang mga tao ng oras upang—upang makaalis, kung iyan ay—iyan ay—ayos lang iyan. Nagtawanan lahat nang ako'y—nang sabihin kong ikawalo, o ikawalo't kalahati. Ako'y—ako' y—ang pag-asa ko'y makalalabas ako nang gayong oras. Ang pananalangin para sa mga maysakit, alam n'yo na, hindi natin masasabi.

Kaya, kami'y nagkaroon ng isang—isang kasiya-siyang panahon simula nang iwan namin kayo noong nakaraang Tag-lagas, nang maaga, at pinagpala kami ng Panginoon sa maraming dakilang bagay. Iyan . . . At mamayang gabi, kung loloobin ng Panginoon, nais kong isaysay sa inyo ang huling bisitasyong naganap sa akin, mula sa Diyos, sa Colorado, ilang linggo pa lang ang nakalilipas. At iyan ang naisip kong ihatid sa inyo ngayon, marahil upang makapagpalakas ng pananampalataya para sa isang mainam na gawaing pagpapagaling mamayang gabi, para sa maysakit at sa mga nagbabata.

8 Ngayon, sa umagang ito, para makadako na kaagad tayo sa gawain, ako'y . . . May tumimo sa aking puso mga isang buwan na ang lumipas. At maaaring, ngayon, sa palagay ko'y sila' y Tini-teyp ba nila ito? Siya nga.

Mabuti. Para malaman ko kung saan, kung lalabas man ang teyp sa ibang tao. Hindi ko masabing ang ipangungusap ko sa umagang ito .. . Hindi ko masabing ito'y—ito'y—ito ay . . . Alam kong ito'y tama, kita n'yo, ang Mensaheng bahagi nito ay tama. Ngunit ang bagay, na nais kong gawin, ay isang katanungan sa aking isip. Napakatotoo nito kung tingnan. Gayon pa man, simula nang pumasok ako, at mula ng ako'y . . . ito'y nahayag sa akin, labis ang naging pangamba ko na baka makapagsalita ako ng mali at baka maging mali ang maiwang impresyon sa mga tao.

9 At ito' y isang... At ako .

Ang mga talang naisulat ko, kung ano ang sasabihin ko, tinanggal ko ang bahagi nito, nang sa gano'n ay hindi maging masyadong matindi ito. Dahil, alam n'yo, kung ang isang—kung ang isang tao . . . Ako' y—iniibig ko ang Panginoong Diyos, at ang tanging paraan para malaman kong mahal ko nga Siya, ay dahil mahal ko kayo. Kita n'yo? Iyan lang ang tanging paraan para malaman ko. Gayon pa man, ako—ayaw ko rin naman na may naipahayag sa akin pagkatapos ay hindi ko sasabihin sa inyo, kung kailangan itong sabihin sa inyo. At pagkatapos ay nangangamba ako na baka may masabi akong medyo may katigasan, at baka makasakit ito ng kung sino. At, alam n' yo, ito'y isang . Kakailanganin mong basta na lang tumayo sa plataporma at pagkatapos ay mapangunahan ka kung ano ang sasabihin mo. Iyon lang. At minsan naman ay maaaring may masabi ka, at may isa namang kukuha ng . . . ibang kiling nito, at tatakbo sila sa panig na iyon; at pagkatapos ay may magsasabi, ' O, ganito ito, kita n'yo."

10 Datapuwat nais kong malaman n' yo na ang sasabihin ko ay pagbabakasakali lamang, at ang salitang palagay ay nangangahulungang "ang makipagsapalaran nang walang kapamahalaan." Kaya't ako' y . . . Akohindi ko sinasabing ito'y totoo, ngunit ito'y isang munting kaisipan na maaari kong iwan sa inyo, upang matimbang n'yo ito at tingnan kung ano ang palagay n'yo tungkol dito. At pagkatapos ito'y, siyempre pa, ito'y—ito'y magiging Iskriptural, 'pagkat hindi ako mangangaral ng anumang .. .

Datapuwat iyon na nga ba ang oras? Humantong na ba ito sa oras na ito, at ang mga baggy bang ito ay nangangahulugan niyaon? Dumadalangin ako, nang buong taimtim na sana'y hindi. Kita n'yo? Idinadalangin kong hindi ito tama, na hindi ito ang oras na iyon. Ito' y darating, ngunit humantong na nga ba ito sa panahong iyon? Kita n'yo, iyan ang inaalala ko. Ngayon, ang bawa't isa ba'y nakauunawa, nang lubusan, na hindi ko alam? [Ang kongregasyon, "Amen." -Ed.]. Ako'y talagang . . . Ito na ba ang oras na ito? Kung ito na nga, mahabag nawa ang Diyos sa atin. Ngunit, kung hindi pa ito ang oras na iyon, hayaan ... ito'y darating.

11 Ngayon, sa lalong madaling panahon, may malaking itineraryo sa aming harapan, kung loloobin ng Panginoon. At kailangan kong mangibang-bayan, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko, sa Europa at sa Asia; lalo't higit, sa Europa. At pagkatapos ay magbabalik ako rito sa Estados Unidos, para sa ilang mga gawain, at pagkatapos ay babalik ako sa Timog Aprika. Magsisimula ako sa ikalawa ng—ng Setyembre, sa

Durban, at mag-uumpisa mula sa ikalawa, sa wari ko'y, hanggang sa ika-sampu, at pagkatapos ay mayroon akong tatlong araw para magtungo mula roon patungong Johannesburg at magsisimulang muli. Ngunit sa palagay ko'y sa buwan ng Abril, magsisimula kami sa mga bansang Iskandinabiya, sa Norway at Sweden at—at sa Finland, at—at sa Holland at Switzerland at Germany, at— at sa buong Europa. Kaya't ipanalangin n'yo kami.

12 2° Mayroon tayong ilang pagtitipon dito, Kapaskuhan ngayon, pagkatapos na pagkatapos ng Pasko. Siya nga pala, nais nating dumito hanggang Pasko, kita n'yo, sa bahay. Nais ng mga batang umuwi, hanggang sa Pasko. At kami'y—gustong-gusto namin sa Arizona, ngunit alam n'yo ang—ang bagay na hinahanap-hanap .namin, at hindi namin makalimutan, ay ang iglesiang ito at kayo. Kahit po saan kami magtungo, anuman ang gawin namin, ito'y talagang . . . Ang mga bata, ako, ang maybahay ko at lahat na. Talagang walang ibang lugar na tulad nito. Tama 'yan. Wala talagang ibang lugar.

Nakapaglayag na ako sa pitong karagatan, at ako'y—nakarating na ako kung saan-saan, subalit walang ibang lugar na wari ko'y pinabanal para sa akin tulad ng maliit na dakong ito rito. Ito na iyon. Subukan n'yong lumayo rito minsan man, kung gusto n'yong malaman._ Talagang may kung anong naririto. Nakapangaral na ako sa buong mundo, halos, at kailan man, sa anumang pagkakataon, saan mang lugar, ay hindi ko pa naramdaman ang Espritu ng Diyos, nang may kalayaan at iba pa, tulad ng nararamdaman ko ngayon. Ito na 'yon.

“Diyos, nawa'y . . . ” Nang araw na ilapag ko ang panulukang bato sa gawing iyon, ang sabi ko, “Panginoong Diyos, huwag Mo pong hayaang bumagsak ito.” Ang sabi ng mga tao, “So loob lamang ng dalawang buwan, magiging garahe na lang iyan.”

Ang sabi ko, “Huwag Mo pong hayaang bumagsak ito, Panginoon. Itulot Mong manatili itong nakatayo, at may mga tao sa loob nito na nagpupuri sa Iyo sa pagbabalik ni Jesus.” Umaasa akong magkakagayon ito.

13 Ngayon ay buklatin natin ang Biblia ngayon, at—at umasa tayong ipagkakaloob ng Panginoon sa atin ang Kaniyang mga pagpapala. At nais nating bumasa ng ilang mga Kasulatan. May ilang mga Kasulatan akong isinulat dito na nais kong tukuyin, at ilang mga talc. At nais kong bumasa mula sa tatlong bahagi

ng Biblia, at ibibigay ko muna ang mga ito sa inyo. Nais kong bumasa sa Judas 5 at 6. Iisang aklat lang ang Judas, alam n'yo. At pagkatapos ay nais kong bumasa sa Ikalawang Pedro sa Ika-2 kabanata, 4 at 5. Pagkatapos ay nais kong bumasa sa Unang Pedro, 3:18 hanggang 20.

At ang paksa ko sa umagang ito, kung loloobin ng Panginoon, ay: Mga Kaluluwang nasa Bilangguan Ngayon (Souls that are in Prison; Now). A- ha. Mga Kaluluwang nasa Bilangguan Ngayon, nakapiit, kundenado na magpakailanman. Hinding-hindi na, wala nang paraan upang maligtas, kita n'yo, mga kaluluwang nakabilanggo na ngayon.

14 Ngayon ay bumasa muna tayo sa Aklat ni Judas. Wan ko'y una kong minarkahan dito, sa Judas; at pagkatapos sa Ikalawang Pedro, at pagkatapos— pagkatapos ay sa Unang Pedro. Ngayon, sa Judas, nais kong basahing lahat; ngunit para makatipid ng oras, dahil ikasampu't kalahati na, magsisimula ako sa ika-5 talata. Ngayon, si Judas ay isang kapatid, isang kinakapatid na lalaki ni Jesus Cristo, tulad ng batid nating lahat. Kita n'yo? Anak siya ni Jose. Ninanasa ko ngang ipaalaala sa inyo, bagama't nalalaman ninyong maigi ang lahat ng mga bagay, na nang mailigtas ng Panginoon ang isang bayan, sa lupain ng Egipto, ay nilipol niya pagkatapos yaong mga hindi nagsisipanampalataya.

Iniligtas muna sila, inilabas sila sa Egipto, at pagkatapos ay kinailangangang wasakin sila dahil hindi sila nagpatuloy sa kanilang Mensahe, kita n'yo. At ang mga anghel na hindi nangagingat ng kanilang sariling pamunuan, kundi iniwan ang kanilang sariling tahanan, ay iniingatan niya sa mga pagbabago . . . tanikalang walang hanggan sa paghuhukom sa dakilang araw. 28 Mga anghel na minsang lumagi sa Langit, at hindi nag-ingat ng kanilang pamunuan at ng dati nilang kalagayan, nangahulog, at ngayo'y nasa Walang Hanggang mga tanikala ng kadiliman, walang katapusang mga tanikala ng kadiliman, nasa ganitong kalagayan hanggang sa Kahatulan ng dakilang Araw kung kailan sila'y hahatulan kasama ng lahat ng mga hindi mananampalataya.

15 Ngayon sa Ikalawang Pedro, sa ika-2 kabanata, mula sa ika-4 na talata, na isa o dalawang aklat pagkatapos nito, kita n'yo. Sapagka't kung ang Dios ay hindi nagpatawad sa mga anghel nang mangagkasala ang mga yaon, kundi sila'y ibinulid sa impierno, at kinulong sa mga hukay ng kaddiman, upang ilaan sa paghhukom; At ang dating sanglibutan ay hindi pinatawad, datapuwa't iningatan si Noe at walong katao, isang tagapangaral ng katuwiran, noong dalhin ang pagkagunaw sa sanglibutan ng masasama;

Hindi pinatawad ang mga Anghel; iginapos ng mga tanikala ng kadiliman, at kinundena ang buong mundo sa pamamagitan ng pagkawasak, ng — ni Noe.

16 Ngayon sa Unang Pedro, sa unang kabanata at sa . . . Unang Pedro, ika-3 kabanata, at mula sa ika-

18 talata, muli nating mababasa. Ngayon. makinig maigi ngayon. Sapagka't si Cristo man ay nagbata ring minsan dahil sa mga kasalanan, ang matuwid dahil sa mga di matuwid, upang tayo'y madala niya sa Diyos; siyang pinatay sa laman, ngunit binuhay sa espiritu:. . . pinatay sa laman, nguni't binuhay sa Espiritu:

Na iyan din ang kaniyang iniyaon at nangaral sa mga espiritung nasa bilangguan; nangaral siya sa mga taong ito na nasa bilangguan; Na nang unang panahon ay mga suwail, na ang pagpapahinuhod ng Dios, ay nanatili noong mga araw ni Noe, samantalang inihahanda ang daong, na sa loob nito'ykakaunti, sa makatuwid ay walong kaluluwa, ang nangaligtas sa pamamagitan ng tubig. . . . ayon sa tunay na kahawig ngayo'y nagligtas, sa makatuwid baga'y ang bautismo, (hindi sa pag-aalis ng karumihan ng laman, kundi sa paghiling ng isang mabuting budhi sa Dios,) sa pamamagitan ng pagkabuhay na maguli ni Jesucristo.

Na nasa kanan ng Dios, pagkaakyat niya sa langit; na ipinasakop sa kaniya ang mga anghel at ang mga kapamahalaan at ang mga kapangyarihan. Manalangin tayong muli.

17 Ngayon, Makalangit na Ama, napakagandang—hanay ng Kasulatan ang narito, tatlong saksi, tatlong dako sa Kasulatan na nagpapatotoo. At Iyong sinabi sa Iyong Salita, na, "Sa bibig ng dalawa o tatlong mga saksi, ay pagtibayin ang bawat salita." Ngayon ay dumadalangin ako sa Iyo, O. Diyos, na pumarito Ka sa mga tao at ipaliwanag ang Salitang ito, ang Mensaheng ito, sa liwanag na dapat nitong kalagyan, upang ang bawa't lalaki, babae, batang lalaki, o batang babae, ay makaunawa sa kakayanang itinalaga Mo upang sila' y makaunawa, at batid namin ngayon na ang tatlong saksing ito ay nagpapatotoo sa Katotohanan.

At dumadalangin ako na isusugo Mo ang Espiritu Santo sa amin ngayon. At kikilalanin namin Siyang Hari, sa aming kalagitnaan sa umagang ito, ang Panginoong Jesus Cristo; kung saan kami'y nagbangon ngayon sa pamamagitan ng pananampalataya, na nakaupo sa kaniya sa mga dakong Makalangit na ito. Naghihintay kami sa Kaniyang Mensahe. Ipangusap Mo po ito sa pamamagitan namin, Panginoon, iparinig ito sa pamamagitan namin, habang hinihiling naming tuliin Mo po ang aming mga labing nangungusap at ang mga taingang nakikinig, upang ito'y maging para sa karangalan at kaluwalhatian Niya na siyang Kasulatan, 'Pagkat hiling namin ito sa Kaniyang Ngalan. Amen.

18 Ngayon, alalahanin n'yo ang mga gawain mamayang gabi, isang gawain ng pagpapagaling. Sa palagay ko'y hindi na kailangang mamigay ng mga prayer card, kaya't ipapanalangin na lang natin ang mga maysakit. Mayroon akong nais sabihin sa inyo, at ako' y—umaasa akong maihahatid nito ang kongregasyon sa isang dako kung saan ay magaganap ang lahat ng uri ng paggaling. Alam kong magkakagayon ito kung sasampalatayanan lamang natin ito nang ganoon.

Ngayon itong, mga kaluluwang nasa bilangguan na ngayon ay, mga kaluluwang sa ngayon ay nasa bilangguan!

19 Ngayon, ang kaluluwa ng isang tao ay hindi ang katawan ng tao, ito'y ang kaluluwa. Kita n'yo? At ang kaluluwa ay isang bagay na siyangsiyang kalikasan ng espiritu. At kapag ang kalikasan ng isang tao ... Nang sabihin niya, "Patay na kami," malinaw na sinasabi sa atin ng Kasulatan na, "patay na tayo, at ang ating mga buhay ay natago na sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo, naselyuhan na roon ng Espiritu Santo." Ngayon, hindi ang katawan mo ang namatay; hindi ang espiritu mo ang namatay. Ang kalikasan ng iyong espiritu ang namatay; kita n'yo, ang kalikasan, na siyang kaluluwa. Ang kalikasan ng iyong kaluluwa ay—ay Diyos, kung ika'y isinilang nang muli. Kung hindi, ito'y sa sanlibutan. Anumang bagay na nagpasimula ay kailangang magwakas, kaya't kung gayon ang tanging paraan upang magkaroon ka ng Buhay na Walang Hanggan ay ang pagkakaroon ng Buhay na hindi kailanman nagpasimula. At nang magkagayo'y nagpasimula ang buhay mo nang ika' y isilang, nang ihinga ng Diyos ang hininga ng buhay sa iyong ilong at ikaw ay naging isang kaluluwang may buhay, kung magkagayo'y noon ka nagpasimula. Subalit nang ikaw .. .

20 Ang kalikasang iyon na nasa iyo, likas kang sa sanlibutan, hiwalay sa Diyos, ikaw sa katunayan noon ay isang hayop. Iyan ay tamang-tama. Sinuma'y nakababatid na tayo'y mga mammal. Ilan ang nakaaalam niyan? Tayo, tayo ay mga mammal, tayo ay mga hayop na mainit ang dugo, datapuwat gayon tayo sa pamamagitan ng makalupang paglalang. Datapuwat, makikita n'yo, ang ipinagkaiba natin sa ibang mga mammal, ay—ay nilagyan tayo ng kaluluwa ng Diyos. Kita n'yo? Ngayon, ang ibang mga mammal ay hindi na kailangang magdamit. Walang ibang hayop ang kailangang magsaplot ng damit upang itago ang kaniyang kahihiyan, maliban sa atin. Tayo lang ang nagdadamit, dahil mayroon tayong kaluluwa. Ngunit, kita n'yo, ang Diyos, sa pasimula pa lang, ay alam na kung ano ang kalalabasan ng tao. At nilikha Niya ang lupa, at pinalitaw ang lahat ng uri ng mga hayop, mula sa pinakamababa hanggang sa pinakamataas; at ang pinakamataas na hayop na lumitaw, ay ang tao.

21 At nang magkagayon, una, ang tao'y nalikha, siya'y isang esptritung tao, kawangis ng Diyos.

At, "Ang Diyos ay Espiritu," San Juan 4. Ngayon, "Siya ay isangisang Espiritu. At .yaong mga

sumasamba sa Kaniya, ay sumasamba sa Kaniya sa Espiritu at Katotohanan. At ang Iyong Salita ay Katotohanan.” Ngayon, sinasamba natin Siya sa Espiritu at katotohanan. Siya ay isangisang Espiritu. 4° Nang magkagayo'y wala pang tao noon na bubungkal sa lupa, at nang magkagayon ay hinubog ng Diyos ang tao mula sa alabok ng lupa.

Nang magkagayon ay hinugot Niya mula sa kaniyang tagiliran, ang isang pangalawang produkto, isang tadyang; at, mula roon, ay ihiniwalay ang lalaking ito na may dalawahang kalikasan, iyon ay kapuwa siya babae at lalaki. At hinugot Niya ang pambabae, 'pagkat iyon ay pag-ibig, at inilagay Niya ito sa isang tao na ang pangalan ay Eva, ang Adang iyon na tinawag na Eva, na kaniyang asawa. Doon ang pag-ibig niya, ang likas, pag-ibig na phileo, ay humawak sa kaniyang asawa. Ganiyan dapat ang mangyari sa lalaki ngayon, at siya rin naman sa kaniyang asawang lalaki. Ang lalaki, ang panglalaki; ang babae, ang pangbabae.

22 At nang magkagayon, kita n'yo, matapos Niyang likhairi ang lalaki sa Kaniyang Sariling wangis, “nilikha Niya sila, lalaki at babae,” walang taong bubungkal ng lupa. At inilagay Niya siya sa alabok ng lupa, at sa gayo'y siya'y naging ... siya ang taong iyon. Ang taong ito ay isang mammal, kita n'yo, siya ay hayop; subalit inilagay Niya ang Espiritung ito ng Diyos, isang buhay, sa kaniya, at nilikha siya upang makapamili. At nang ang taong ito...

23 Ngayon ang akala natin ay kung ano na tayo. Alalahanin lang natin, ano ba tayo? Isang kimpal na dumi. Iyon lang. “At sapagkat ikaw ay alabok, sa alabok ka rin magbabalik.” Kaya't kapag nakita mo ang lalaking ito na naglalakad sa daan, na ang akala niya'y kung sino na siya, alam n'yo na, at nagkaroon lang ng kaunting aral at iba pa; alalahanin, isa lamang itong kimpal ng alabok ng Indiana. Iyon lang. At ang babaeng iyon na nakasyorts, at naninigarilyo at nagwawala doon sa lansangan, kumikembot na tila

baga pag-aari niya ang buong bansa, ito'y isang kimpal lamang ng alabok ng Indiana, at doon din ito magbabalik. Kaya't hindi naman pala kayo gasinong kalakihan, kita n'yo. Kaya iyan, tama nga, iyan nga kayo.

24 Ngunit, ang kaluluwang iyon na nasa loob, kita n'yo, ang kaluluwang iyon ang tinatrabaho ng Diyos, kita n'yo. Kung magagawa lang Niyang pasang-ayunin ang kalikasang iyon, ang espiritung iyon sa Kaniya, kung makagayo'y mamamatay ang kalikasang iyon, ang kalikasan at ang pagibig sa sanlibutan ay patay na. Kita n'yo? Dahil, “Kung iniibig mo ang sanlibutan, o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa iyo.” Kita n'yo? At ang tao ay kailangang isilang na muli. Kaya't ang - kalikasang ito ay dapat mamatay, at ang kalikasan ng Diyos ay darating at mananahan sa iyo. At ang Diyos lamang ang tanging bagay na hindi kailanman nagpasimula o hindi kailan man magwawakas.

25 Kaya, kung gayon, ginawa ka Niyang katuwang, kita mo, at kinuha Niya ang taong ito na makalupa, at ang Eternal na Espiritung ito, at pinagsama ito. Sapagkat, sinasalamin ng Diyos ang Kaniyang Sarili roon, na Siya ay naging tao nang Siya'y maging si Cristo Jesus, at Siya ay Diyos, kita n'yo. Ang Diyos ay na kay Cristo; na, kita n'yo, namuhay Siya sa Kaniya, ipinagkakasundo ang sanlibutan sa Kaniyang Sarili. At, sa pamamagitan ng sakdal na Taong iyon, ang bawa't isa sa atin, na hindi sakdal, na sumasampalataya sa Diyos at tumanggap Niyaon, ay nagiging kasakdalan Niya.

26 At hindi Niya hinayaang mabulok ang Kaniyang Katawan, at hindi rin naman Niya iniwan ang kaluluwa Niya sa hades, kundi ibinangon Siya sa ikatlong araw, at Siya'y buhay magpakailan man. At magkakaroon tayo ng isang katawang gaya ng Kaniyang maluwalhating katawan.

Iyan ang dahilan kung bakit tayo'y nagpapabautismo sa Kaniyang Pangalan, upang tayo'y makasulong sa Kaniyang Pangalan, sa Kaniyang kamatayan, sa Kaniyang muling pagkabuhay, upang makabangon tayong muli, na nagpapatotoo sa sanlibutan na mayroon tayong bagong Buhay, na ang dating pagkatao ay patay na. Inilibing na natin ang unang kalikasang iyon. Kita n'yo? Ang unang kalikasang iyon ay wala na, at tayo ngayon ay kalikasan na Niya. Nabubuhay Siya sa atin, at hindi natin ginagawa ang sarili nating kalooban. Kalooban Niya ang ginagawa natin. Hindi na ang sarili natin ang iniisip natin. Ang diwa, ang diwa ang nag-iisip. Ang diwang na kay Cristo Jesus ay nasa bawat mananampalataya. Kita n'yo, hayunhayun ang kaluluwa, at iyan ang tinutukoy natin. Ngayon, iyan ang bahaging iniisip ko ngayon, yaong nasa kalooban natin, ang kaluluwa.

27 Ngayon kung papansinin natin, dito, napakaraming bagay ang nagaganap minsan, at nagtataka tayo kung bakit nagaganap ang mga iyon, at tinatanong natin ang sarili natin, at tinatanong natin ang ibang tao. Ngunit sa bandang huli, pagkatapos ng ilang panahon, matutuklasan natin na, kung tayo'y mga Cristiano, lahat ng ito ay nagkakalakip-lakip nang tama, sa anumang paraan. Nakita na ninyo 'yon. Lahat ng Cristiano ay nakakita na niyan. Nagtataka tayo kung bakit natin nagawa ito.

Nagtataka ako minsan, nang una kong basahin ang Biblia, “Bakit pinahintulutan ng Diyos si Abraham, ang dakilang lalaking iyon, na tumayo roon at sabihing hindi niya asawa si Sara?” At kung paanong hinayaan Niya siyang tumayo roon at magsinungaling tungkol doon, at ang mga bagay na ginawa niya, at pagkatapos ay kung bakit hinayaan Niyang lisanin ni Abraham ang lupang pangako na binilin Niya sa

kaniyang huwag iiwanan.“ Ang sino mang Judio na aalis sa lupang pangako ay napadaiMos nang pabalik, 'pagkat ipinagkaloob iyon ng Diyos sa kanila, at binilinan silang manatili roon, kita n'yo, at pagtapos ay nilisan nila iyon. Kaya't nagtungo siya sa Gerar. Ngunit kung hindi dahil doon sa...

28 At si Abimelech ang hari doon sa bansang Filisteo, ay napaibig kay Sara at pakakasalan na sana siya, at mabuting tao siya, isang taong matuwid. At matapos marahil niyang . . . Parang nakakatawa, pero para lang maging tutoongtotoo ito sa inyo. Pagkatapos niyang maligo nang gabing iyon, at magsuot ng padyama, at magdasal, at mahiga sa kama, ang Panginoon ay nagpakita sa kaniya at nagsabi, “Mistula ka nang patay,” at wala namang kasalanan ang lalaking iyon. Kita n'yo? Siya'y lubos na napaglalangan, kapuwa ni Abraham at ni Sara. Tama. Ang sabi niya, “Kinuha mo ang asawa ng ibang lalaki, alam mo. At Ako'y—hindi Ko diringgin ang mga panalangin mo, kahit gaano ka pa manalangin. Mistula ka nang patay. Datapuwat ang lalaking iyon ay Aking propeta.”

29 Kita n'yo, mahirap maunawaan 'yon, kita n'yo. Ngunit kung hindi dahil doon, hindi natin malalaman kung ano ang biyaya.

Bakit siya humayo at pinakasalan si Hagar, samantalang mayroon naman siyang kaibig-ibig na asawang si Sara? At ayaw niyang gawin iyon, kita n'yo, ngunit sinabihan siya ni Sara. At pagkatapos ay sinabi sa kaniya ng Panginoon. “Nakinig ka sa sinabi ni Sara sa iyo.” Bakit? Kailangang may lumabas na Ismael, “upang ang babaeng alipin at ang kaniyang anak ay hindi makasamang maging tagapagmana ng malayang babae at ng kaniyang anak.” Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

Ang lahat ng mga bagay na ito ay mga tipo. Bakit kailangang magpakasal ang propetang iyon sa isang patutot at magkaroon . . . kasama ang mga batang ito, magkaanak ng dalawa sa kaniya? Bilang isang tanda. Bakit may isang nahiga nang patagilid sa loob ng tatlong daan at apatnapung araw, at pagkatapos ay sa kabilang tagiliran naman sa loob ng ilang araw na tulad no'n? Bilang isang tanda. Ang isa nama'y naghubad ng kaniyang damit at lumakad sa harap ng bayang Israel. At, ngayon, lahat ng mga bagay na iyon, ang mga ito'y mga tipo at anino, kita n'yo; at kailangan natin ang mga bagay na iyon, upang pumuno.

At, kadalasan, may mga bagay na nangyayari sa atin na nagtataka tayo kung bakit nagkakaganoon. Iyon ay ang Diyos na nagpapaanino sa atin ng isang bagay.

30 Ngayon, nang ako'y bata pa, at alam n'yo ang kasaysayan ng aking buhay, ako—ako'y naniniwala noon pa man, mula pa nang una kong maalaala ... Isa sa mga bagay na una kong naaala-ala . . . Ngayon ito, ngayon, maaaring may nasabi ka sa akin kahapon, at malilimutan ko na agad ito ngayon. Datapuwa't may mga bagay, noon, na naganap sa ating murang kaarawan, marami sa atin ang ganoon, na lagi nating naaala-ara. At parang halos ay nakakatawang sabihin ito, pero naaala-ala ko pa nang ako'y gumagapang pa, nakadamit ng mahaba. Mumunting mga sanggol, ngayon ang iba sa inyo na kaidad ko ay makaaalaala niyan na ang mga sanggol nung araw ay nakadamit ng totoong mahaba. At naaala-ala ko pa na ako'y gumagapang, kinukuha ko ang niyebe sa paa ng tiyuhin ko at kinakain ito, pag dumarating siya at tumatayo sa tabi ng apuyan.

31 At pagkatapos, ang kasunod na naaala-ala kong naganap sa buhay ko, ay ang isang pangitain, ang kauna-unahang nakita ko, na nagsabi sa akin na malaking bahagi ng buhay ko ang ilalagi ko sa isang lugar na malapit sa isang lungsod na kung tawagin ay New Albany. At ako'y isang batangbundok doon, at ni wala ngang duktor nang ako'y isilang. At—at akoako . Alam n'yo na, sila'y . . . Tumira ako rito ng mga limampung taon, dito mismo; isang pangitain. 57 At noon pa ma'y alam ko nang may Diyos kung saan, at nang ako'y isang maliit pang bata ay nangusap Siya sa akin, “huwag na huwag kang maninigarilyo, o iinom, o dudungisan man” ang aking katawan, iyon ay ang pagkakaroon ng relasyong imoral sa mga babae at iba pang bagay. Noon pa ma'y takot na akong gumawa no'n, kahit noong binata pa ako.

32 Pagkatapos ay nangaso ako minsan, na tila baga ito'y ikalawang kalikasan ko na, ang mahilig sa pangangaso. At kasama kong nangaso ang isang kabataang lalaki, si Jim Poole, isang kaibig-ibig na bata. Palagay ko'y sumisimba rito ang anak niyang lalaki, ang munting si Jim, at napakainam na pamilya nito. Kilala ko ang mga Poole. Kami ni Jimmy ay magkasamang natulog, at namahay mula pa noong maliliit na bata kami sa eskuwela. Anim na buwan ang pagitan narnin sa edad. At napaputok ni Jimmy ang baril niya, at tinamaan ang dalawang binti ko, malapit na malapit siya sa akin, ng shotgun. Itinakbo ako sa ospital, at doon, nakahiga ako roon, naghihingalo, wala pang penicillin o anuman nung araw. At, ngayon, may gomang sapin silang pinahigan sa akin, at alam kong sa gabing iyon . . . Ooperahan nila ako kinaumagahan.

Basta na lamang nila nilinisan ang sugat, at malalaking piraso ng laman ang sumabog, at kumuha sila ng gunting at pinaggugupit iyon, at kinailangan kong kapitan ang kamay ng isang lalaki. At naroon si Frankie Eich, kailan lang ay nagpakamatay siya, at kinailangan nilang hawakan, kalasin ang aking mga kamay sa mahigpit na pagkakakapit sa kaniyang mga bisig, nang—nang matapos sila. Nagsisigaw ako at nag-iiyak, at mahigpit na kumapit na pagano'n, habang ginugupit nila ang bahaging iyon ng aking binti. Katorse anyos ako noon, bata pa.

33 At kinagabihan, sinikap kong matulog at sila'y . . . Nagising ako at may kung anong tumilamsik. At may dugo, halos kalahating galon, sa wari ko, ang lumabas mula sa aking mga ugat. At kanilang ... ineksrey nila ako, at sabi nila masyado raw malapit ang tama ko sa malaking ugat, sa magkabilang panig, na kaunting gasgas lang ay sapat na upang maputol ito sa dalawa, at magpapasimula itong dumugo. "Buweno," sa loob-loob ko, "ito na ang katapusan ko." At itinaas ko nang paganito ang mga kamay ko, at umagos ang dugo sa aking mga kamay, sarili ko palang dugo ang hinihigan ko. Tumawag ako, pinatunog ko ang kampanilya. Dumating ang nars, at sinapnan lang niya iyon ng tuwalya dahil wala na silang magawa.

34 At kinabukasan, sa ilalim ng nakapanghihinang kalagayang iyon, hindi sila nagsasalin ng dugo nang mga panahong iyon, alam n' yo, kaya't sila' yinoperahan nila ako. At binigyan nila ako ng ether. At nang ako'y . . . Ang ether noong araw, sa palagay ko'y naaalala n'yo pa, iyon ang dating pampamanhid. At sa ilalim ng bisa ng ether, nang ako'y magkamalay lumabas ako sa bisa ng ether pagkaraan ng walong oral. Kinailangan nila akong bigyan ng napakarami nito, inakala nilang hindi ko—hindi na ako magigising pa. Hindi nila ako magising.

35 Naaalala ko si Gng. Roeder na nakatayo sa tabi ko, doon sa ospital. Hinding-hindi ko malilimutan ang babaeng iyon. Kahit ano pa ang mangyari, hinding-hindi ko siya malilimutan. Bata pa siya noon. Ang asawa niya ay superintendente sa pagawaan ng kotse. At ako'y—naaalala kong siya'y nakatayo sa tabi ko, siya at si Gng. Stewart. At ang totoo, sila ang nagbayad ng bayarih ko sa ospital. Ako'y . . . Ni wala nga kaming makain salahay, kaya paano pa kaming makababayad ng singil sa ospital, na daan-daang dolyar? Datapuwat siya, sa pamamagitan ng kapisanan nila sa simbahan at ng Ku Klux Klan, sinagot nila ang bayad sa ospital para sa akin, mga Mason. Hinding-hindi ko sila malilimutan. Kita n'yo? Kahit ano pa ang magawa nila, o ano, akin pa ring . . . may isang bagay, at nananatili iyan sa akin, kita n'yo, kung ano ang nagawa nila para sa akin. At binayaran nila ang bayarin kay Duktor Reeder. Buhay pa siya, nakatira siya rito sa Port Fulton, maikukuwento niya sa inyo ang nangyari.

36 Nang magkamalay ako mula sa bisa ng ether na iyon, may nangyari sa akin doon. Ang paniwala ko noon pa man ay isa iyong pangitain. 'Pagkat, napakahina ko, at ako'y. . . Inakala nilang mamamatay na ako. Umiiyak siya. Nang imulat ko ang aking mga mata, naririnig ko siyang nagsasalita, at muli akong makakatulog, at gigising, dalawa o tatlong beses. At nang magkagayon ay nakakita ako ng isang pangitain. At pagkatapos ay nagkaroon ako ng...

Makalipas ang pitong buwan, kinailangan kong pumaroon upang ipaalis ang mga piraso ng bala ng shotgun at maruruming damit pangangaso mula sa aking mga binti; hindi nakuhang lahat ng duktor. Kaya't nalason ang dugo ko, ang dalawang binti ko'y namaga at nadoble ang laki, at nais nilang putulin ang dalawang binti ko hanggang sa aking balakang. At ako'y talagang .. ang sabi ko, "Hindi, itaas n'yo lang ng kaunti at putulin n'yo sa gawing ito." 65 Hindi ko na talaga matiis iyon, n'yo. Kaya sa kahulihan, sina Duktor Reader at Duktor Pirtle, na taga Louisville, ang nagsagawa ng operasyon, at hiniwa nila iyon at inalis iyon; at ngayon, malalakas ang aking mga binti, sa biyaya ng Diyos. Datapuwat sa—sa huling pangitaing nakita ko...

37 Ang unang pangitain, nang ako'y magkamalay, pagkatapos ay natulala ako. At ang akala ko ay nasa hades ako, napakalinaw . . . 66 [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ang nagsabi, "Ipagpaumahin po ninyo."—Ed.] A-ha. ["May babaeng hinimatay sa gawing ito."] Kung gano'n, isa sa inyo ang magpatong ng kamay sa kaniya, at siya ay .. . marahil ay kailangang dalhin siya sa gawing mahangin. Ngayon sino man ang naririyan, ipatong mo ang kamay mo sa kaniya. Manalangin tayo.

Mahal naming Panginoong Jesus, nawa ang kapatid naming babae na maysakit sa umagang ito, at nahimatay siya sa silid, nawa ang biyaya Mo't lakas at kapangyarihan ... may mga kamay na nakapatong sa kaniya ngayon, na

kumakatawan sa Iyo. At sinabi ng Kasulatan, "Ang mga tandang ito ay magsisisunod sa mga magsisisampalataya. Kung ipapatong nila ang mga kamay nila sa maysakit, magsisigaling sila." At ngayon nawa'y makaalpas ang kapatid naming ito sa karamdamang ito, at gumaling para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa Ngalan ni Jesus Cristo ay hiling namin ito, at ipinagkakatiwala siya sa Iyo. Amen.

38 Ngayon, dalhin siya sa may hangin. Na—napakaalinsangan. Nararamdaman ko ito rito, totoong napakasama. Isang nakahihimatay na pakiramdaman, dito sa plataporma. Naramdaman ko ito, mga spat o limang ulit dito. Kung may. . . Sa sandaling umigi-igi ang pakiramdam niya, aba, dalhin natin siya sa isang dakong mahangin. Mabuti 'yan. A-ha. Kita n'yo, talaga namang napakaalinsangan, alam n'yo. Ang mga tao ay lumilikha, bawat isa sa atin, ng ilang kuwadradong piye ng karamdaman. Kung mayro'n kayong, kung mayroong may dalang tubig diyan, o kung ano man na maaari n'yong ilagay sa kapatid natin. Siya ay—may malay na siya, mabuti na. Kita n'yo? Mabuti. [Isang kapatid na lalaki sa kongregasyon ay nagsabi, "Buksan pa rin natin ang mga pintuan, Kapatid na Branham."-Ed.] Siya nga, marahil kung mabubuksan n'yo ang mga pintuan, o kaya'y, magbigay kayo ng kahit kaunting hangin, kung magagawa n'yo, sa anumang paraan, kita n'yo.

39 Ngayon sa pagkakataong ito, nang dumating ang pangitaing ito, at inakala kong y—lumipat na ako mula sa buhay tungo sa pagpapahirap.

At makaraan ang pitong buwan, dito sa Clark County Memorial Hospital, nagpaopera ako sa ikalawang pagkakataon. At sa pagkakataong iyon, nang magkamalay ako, ang akala ko'y nakatayo ako sa Kanluran. May dumating na isa pang pangitain. At may isang napakalaking gintuang krus sa langit, at ang kaluwalhatian ng Panginoon ay sumisinag mula sa krus na iyon. At tumayo akong nakaunat ang mga kamay kong paganito, at ang Kaluwalhatiang iyon ay sumisinag sa aking dibdib. At ako'y .. . Nilisan ako ng pangitain. Nakaupo roon ang ama ko at nakatingin sa akin, nang dumating ang pangitain.

40 Noon pa ma' y dama ko, na kayo . . . Lahat ng mga taong nakakilala sa akin sa lahat ng mga taong ito, ay nakababatid na noon pa ma'y nais ko nang magtungo sa Kanluran. Alam n'yo kung paano ito. Lagi nang parang may kung ano sa Kanluran. Ngunit dahil sinabi sa akin ng isang astronomer minsan, ganoon din, na dapat daw akong magtungo sa kanluran. . . Ang mga bituin, kapag nagkrus ang kanilang mga siklo at iba pa, isinilang ako sa ilalim ng tandang iyon, at hinding-hindi ako magtatagumpay sa Silangan; kinakailangan kong magtungo sa Kanluran. At noong nakaraang taon, humayo ako, sa Kanluran, upang tuparin ang pagnanasa ko sa tanang buhay ko, kita n' yo, upang—upang gawin ito.

41 Bakit ako naroroon? Ito ang pinakakakatuwang bagay. Naroon ako ngayon sa disyerto, bumabayad ng isang daan at sampung dolyar bawa't buwan, sa upa, samantalang narito ang isang bahay na nakatiwangwang dito sa itaas, isang parsoneyds, kumpleto sa gamit, para sa akin, kita n'yo. Datapuwat ito'y pagsunod sa Panginoon, kita n'yo, iyon—iyon lang ang alam kong gawin. At alam n'yo ang mga pangitain at kung ano ang naganap doon. Ngayon—ngayon dito ay nais kong sabihin ito upang...

42 Ngayon kung ang kapatid nating babae ay medyo nanghihina, Kapatid na Roy, at siya'y.. . nais niyang lumabas kung saan at maupo sa isang silid sa gawing ito, kung saan mas makasasagap siya ng hangin o anuman, at walang ano man iyan, dahil, nadarama kong iigi na siya ngayon, kita n'yo. Okey lang. Nanghihina lang siya, may nararamdaman. Kaya nga ang sisinasabi ko sa iyo, kung siya . . . kung nais mo siyang dalhin sa gawing ito kung saan ang hangin . itaas mo ang mga bintanang ito. Kapatid na Roy, at kung nais ng Kapatid na babaeng dumaan, iyan—iyan ay mabuti. Kita n'yo, kung nais niyang ma—makaparito, buweno, huwag mo iyang katakutan. 74 Nais kong ipatong ang kamay Ko sa kaniya 'pag dumaan siya rito. Pagpaumanhinan n'yo ako ng isang sandali. At patawarin ako ng Diyos dahil. . . Hayan, tama 'yan, kapatid.

Makalangit na Ama, ang anak Mong ito ay nakaupo rito sa umagang ito, at naparito siya upang makinig ng Mensahe, at nag . . . nais ni Satanas na hadlangan siya, ngunit hindi niya ito magagawa. Hindi niya ito magagawa. "Hindi ito magagawa ni Satanas, sa Ngalan ni Jesus Cristo." Mabuti. Buweno, ang pintong iyon, sa palagay ko may ilang mga kapatiran, ay makararaan ang hangin dito, papunta sa ' yo.

43 O, pag ang pinag-usapan ay ang pagiging maalinsangan, dapat ay marating n'yo ang Ilan sa mga lugar sa ibayong dagat kung saan ay patungpatong ang tao, mga may ketong at kanser. At, ay naku, halos ay hindi ka makahinga, alam n'yo, sa mga gayong bagay. Nakahiga sila roon sa mga naglalakihang gusali, na punung-puno ng—ng mga sakit. At alam n'yo naman ang ketong. Naroon, nakahiga't walang tainga, at kalahati ng mukha nila' y kinain na, at walang mga bisig, at ang mga paa' y maliliit na putol na kahoy lamang, at iba pang mga bagay na gano' n, nakahiga, halos ay magpatungpatong. At marami sa kanila ang nangamamatay doon mismo, nakaratay doon, dahil nagkakadaganan na sila, nagsisikap na makahanap ng puwesto, alam n'yo na, upang makarinig ng Mensahe.

44 At ngayon—ngayon dito, sasabihin ko sa inyo ang nangyari. Sa pangitaing nakita ko, babalik ako, dahil nabanggit ko iyon, ang dalawang

pangitain, para ipakita sa inyo ang tungkol sa isa sa kanila. Ako' y mapapaKanluran. Noon pa ma' y ninasa ko na iyon. 78 At ngayon, ang layunin ng Mensahe sa umagang ito ay upang balitaan ang iglesia, ukol sa lahat ng mga bagay na ipinahihintulot Niyang ibalita ko sa iglesia sa abot ng aking kaalaman, hanggang ang . . . sa aking pagpapatuloy. At ito' y tumimo sa akin, kaya't nais kong balitaan ang iglesia. Ngayon, ito'y para lamang sa Tabernakulo, kita n'yo, para rito. Ngayon, sa pangitaing ito, yung nauna, ganito ang naganap.

45 Matapos tumama sa akin ng pangitain, at nanghina ako nang husto, at nawalan ako ng napakaraming dugo, at ako'y nagtungo sa . . . ang akala ko'y napunta ako sa walang katapusang Walang Hanggan. Marami sa inyo ang nakarinig na ng salaysay kong ito, at—at lumulubog ako sa isang walang katapusang Walang Hanggan. Una, dumaan ako sa mga ulap, at pagkatapos ay sa kadiliman, at patuloy ako sa paglubog pababa, pababa nang pababa. At nang mamalayan ko, ay napunta ako sa rehiyon ng mga ligaw, at doon ay na—napasigaw ako. At ako'y tumingin, at naroroon, lahat, wala iyong patibayan. Hindi ako nahinto sa pagkahulog. Sa loob ng Walang Hanggan, sa wari ko, ako'y mahuhulog. Walang tigil, tungo sa kawalan.

46 At laking kaibahan niyon sa pangitaing nakita ko rito, hindi pa katagalan, na ako'y nasa Langit kasama ng mga tao, kabaligtaran! Ngunit dito, habang ako'y pumapaimbulog, sa wakas, ako'y—tinawag ko ang tatay ko, at wala roon ang tatay ko. At tinawag ko ang nanay ko, "Saluhin n'yo ako!" At walang nanay doon. Patuloy lang ako sa pagkahulog. At noo'y tinawag ko ang Diyos. Walang Diyos doon. Wala roong kahit ano.

47 At pagkalipas ng ilang saglit nakarinig ako ng pinakamalungkot na tunog na narinig ko, at iyon ang pinaka-kakila-kilabot na pakiramdam. Walang paraan . . . Maging ang literal na nagliliyab na apoy ay magiging kasiya-siya sa tabi niyaon. Ngayon ang mga pangitaing iyon ay hindi pa kailanman sumala. At iyon ang pinaka-kakila-kilabot na pakiramdaman na naramdaman ko, at ano ang...

Nakarinig ako ng ingay, tila iyon isang—isang—isang nakatatakot na pangyayari. At nang marinig ko iyon, tumingin ako, parating, at mga babae 'yon. At may luntiang pahid, kitang-kita ko ang kanilang mga mukha, may luntian silang kulay sa ilalim ng kanilang mga mata. At ang mga mata nila' y tila nakatirik, tulad ng isang — kung paano pinipintahan ng babae ang kanilang mga mata, pabaligtad na paganoon, at ang kanilang mga mata at mukha. At dumadaing sila, "Ooh, ooh, ooh, ooh!" Ay naku!

Bigla akong sumigaw, "0 Diyos, mahabag Ka sa akin. Mahabag Ka, 0 Diyos! Nasaan Ka? Kung papayagan Mo lang akong bumalik at mabuhay, ipinapangako ko sa Iyo, magiging mabuting bata ako." Ngayon, iyon lang ang nagawa kong sabihin. Ngayon, alam ng Diyos, at sa Araw ng Paghuhukom, hahatulan Niya ako sa pangungusap na iyan. Iyon ang sinabi ko, "Panginoong Diyos, payagan Mo akong bumalik, at ipapangako ko sa Iyo na magiging mabuting bata ako."

48 At nang ako' y maputukan ng baril, nakapagsinungaling ako, nakagawa ako ng halos lahat ng maaring gawin, isa lang ang masasabi kong .. Marahil ay makabubuting linisin ko na ito habang naririto ako ngayon. At nang tumungo ako at nakita kong halos mahati ako, halos, ang sabi ko, "Diyos mahabag Ka sa akin. Alam Mong hindi pa ako nagkasala ng pakikiapid kailan man." Iyon lang ang nagawa kong sabihin sa Diyos. Hindi ko pa noon natatanggap ang kapatawaran Niya, at lahat ng bagay na ito. Ang sabi ko lang, ang nagawa ko lang sabihin ay, "Hindi pa ako nakiapid kailan man."

At pagkatapos ay inilabas nila ako roon. At pagkatapos, doon, sumigaw ako, "Diyos mahabag Ka sa akin. Magpapakabait ako, kung pababalikin Mo ako," dahil batid kong may Diyos kung saan. Kaya't tulungan Mo ako, ang mga pagal na nilalang sa palibot, ako'y kababagong dating pa lang. At ang pinaka nakatatakot, kasindak-sindak, at masamang pakiramdam na.. . Parang mga malalaking mga mata, mahahabang pilik- matang paganoon, at nakaguhit pabalik na gaya sa pusa, parang pabalik na paganito; at kulay berde, na para bang nabulok na ito o ano. At sila' y—sila' y tumataghoy ng paganito, "Ooh, ooh, ooh!" 0 anong pakiramdam! Ngayon nang ako'y.. .

49 Pagkatapos sa isang iglap, nagbalik akong muli sa natural na buhay. Binagabag ako ng bagay na iyon. Naisip ko, "0, nawa' y hindi kayo makarating sa isang bagay na tulad no'n kailan man; wala nawang sino mang tao ang kailanganing maparoon sa gayong uri ng lugar."

Pitong buwan ang lumipas, nagkaroori ako ng pangitain na ako'y nakatayo sa Kanluran, at nakakita ako ng ginintuang krus na bumababa patungo sa akin. At ako—alam kong may mga rehiyon ng mga pahamak kung saan.

50 Ngayon, hindi ko masyadong napansin ito hanggang nitong apat na linggo na ang nakararaan. Ang asawa ko... Hindi ko naisip iyon sa ganitong kaparaanan. Mga apat na linggo na ang nakalipas, ang asawa ko at ako ay nagtungo sa Tucson, para mamili. At habang kami'y nakaupo. . . Ang asawa ko, bumaba kami sa hagdan, at—at may isang pangkat doon ng mga kabataang lalaking mukhang mga bakla at ang mga buhok nila ay nakatikwas, alam n'yo na, tulad ng ginagawa ng babae, at—at ang bangs ay sinuklay pababa sa harapan, at nakasuot ng totoong mataas ang baywang na mga pantalon, na parang, wari ko' y mga bitnik, o kung ano man ang tawag n'yo sa kanila. At naroon sila, at bawa't isa'y nakatingin sa kanila, at ang mga ulo nila ay gano'n kalaki, gaya ng mga babaeng ang ayos ng buhok ay itong "ulong-tubig" na gupit, alam n'yo na. At naroon sila. 89 At isang dalaga ang lumapit, at ang sabi niya, "Ano ang palagay n'yo riyan?" 90 Ang sabi ko, "Dapat ay mahiya ka sa sarili mo, kung sasagi man lamang sa isip mo ang gayon." Ang sabi ko, "Mayroon din siyang karapatang gawin iyon tulad mo. Sino man sa inyo ay walang karapatan."

51 Kaya't pumanhik ako sa itaas, at ako'y na naupo. At nang ako'y maupo, may eskaleytor doon, iyon ay sa tindahan ng J.C. Penney, at ipinapanhik ng eskaleytor ang mga tao. Aba'y totoong kumalam ang sikmura ko, nang makita kong pumapanhik ang mga babae roon; bata, matanda, at mga walang pakialam, kulubot na, bata pa, at lahat na ng uri, na nakasuot ng maikling syorts; ang marurumi nilang katawan, at ang mga kababaihang iyon na nakasuot-seksi, na ang mga ulo' y naglalakihang gano'n, at heto sila't parating. At may isang humakbang palabas ng eskaleytor, papalapit na gano'n, kung saan ako nakaupo sa isang upuan, nakaupo roon at nakayuko.

52 At lumingon ako at tumingin. At isa sa kanila na pumapanhik sa hagdan ay nagsabi, "Ooh,"

nagsasalita ng Kastila, sa isa pang babae. Siya'y isang babaeng puti na nangungusap sa babaeng Kastila. At nang ako'y tumingin, [Pinasaltik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri -Ed.], bigla na lamang akong nabago. Hayun, nakita ko na iyon. Ang kaniyang mga mata, alam n'yo kung ano ang ginagawa ng kababaihan ngayon, pinipintahan ang kanilang mga mata, kamakailan lang, tulad sa pusa, alam n'yo, inaayos iyong paganito, at nagsusuot ng salaming pusa at lahat na, alam n'yo, na ang mga mata ay nakaganito, at ang berdeng bagay sa ilalim ng kanilang mga mata. Iyon ang nakita ko nang bata pa ako. [Kumatok ng isang ulit si Kapatid na Branham sa pulpito.] Naroon ang babae, tugmang-tugma. At biglang namanhid ang buong katawan k6, at nagsimula akong tumingin sa paligid, at naroroon ang mga taong nag-uusap, alam n'yo, patuloy tungkol sa mga presyo at mga bagay-bagay sa loob ng gusali. At ako'y..

53 Tila ba ako'y nabago sa isang iglap. At tumingin ako, at naisip ko, "Iyan ang nakita ko sa impiyerno." Hayun sila, ang bulok na iyon. Ipinalagay kong dahil nasa impiyerno sila kaya sila nagkagano'n, mamerdemerdeng-asul ang ilalim ng kanilang mga mata. At narito naman ang mga babaeng ito na may mamerde merdeng-asul, kaparang-kapara ng nasa pangitain ko mga apatnapung taon na ang lumipas.

Kita n'yo, mga apatnapung taon na, ang lumipas. Ako ngayo'y singkuwenta'y kuwatro na; katorse ako noon. Kaya mga apatnapung taon na ang lumipas, ako... At iyon ang—ang ... Iyan ang bilang, siya nga pala, ng kahatulan, kita n'yo. Ngayon mayroon doong .. .

54 Nakita ko iyon at ni hindi ko magawang magsalita sa aking asawa nang dumating siya. Naroroon siya't bumibili ng gamit ni Sara at ng mga bata, tila isang—damit yata iyon o kung ano sa eskuwela, at ako'y—ni hindi ko magawang . . . ni hindi ako makapagsalita sa kaniya. Ang sabi niya, "Bill, ano'ng nangyayari sa iyo?" Ang sabi ko, "Mahal, para akong . . . Halos patay na ako." At ang sabi niya, "Ano' ng nangyayari? May dinaramdam ka ba?" Ang sabi ko, "Hindi. May nangyari lang."

Ngayon hindi niya alam. Hinihintay niyang bumalik ang teyp na ito. Hindi ko pa sinasabi ito kahit kanino. At inisip kong maghintay, tulad ng naipangako ko, ilalahad ko muna ito sa iglesia. Kita n'yo? Ilalahad ko ito sa iglesia. Iyon ang pangako ko. At mapapagtanto ninyo, pagkatapos ng gabing ito, kung ano ang dahilan kung bakit sinisikap kong tuparin ang aking pangako.

55 Naisip ko noon, nang mapansin ko ang mga tila nabubulok na kung tingnan na mga matang iyon ng mga babaeng iyon. Naroroon ang Kastila, ang Pranses, ang Indian, at ang puti, at magkakasama, ngunit ang naglalakihang mga ulo nila, alam n'yo, pinataas, sa pamamagitan ng mga panuklay na iyon, kung paanong sinusuklay nila ito nang palikod, malakingmalaki at pagkatapos ay titikwas. Alam n'yo, alam n'yo kung paano nilang ginagawa ito, inaayos itong gaya ng ginagawa nila. At pagkatapos ay ang tila nabubulok nang mga mata, at ang mga matang may pinta, mistulang mga mata ng pusa. At sila' y nag-uusap, at naroroon akong muli, nakatayo roon sa tindahan ng J.C. Penney, nasa impiyernong muli.

Ako'y—ako'y—sindak na sindak ako. Naisip ko, "Panginoon, tiyak kong hindi pa ako patay, at itinulot Mong makaparito pa ako sa lugar na ito matapos ang lahat."

At naroroon sila ay lumilikha . . . nakapaligid silang gano'n, sa pangitaing iyon na parang, halos ay hindi marinig ng tainga mo, alam n'yo. Ang bulungan lamang at ang galaw, ng mga tao, at ang mga babaeng iyon na pumanhik sa eskaleytor at nagpagala-gala roon, at ang, "Ooh, ooh!" Naroon ang mga berde, kakatwa kung tingnang mga mata, at tila nagluluksa.

56 At lumapit ang asawa ko. At ang sabi ko, "Hayaan mo lang ako rito nang isang minuto, mahal." Ang sabi ko, "Kung mamarapatin mo, ako'yako'y—gusto ko nang umuwi." At ang sabi niya, "May sakit ka ba?" 101 Ang sabi ko, "Wala, sige lang, mahal, kung kailangan mo pang mamili." Ang sabi niya, "Hindi, tapos na ako."

At ang sabi ko, "Hayaan mong hawakan ko ang bisig mo." Kita n'yo? At lumabas na ako. Ang sabi niya, "Ano ba'ng nangyayari?" Ang sabi ko, "Meda, ako'y—ako'y—ako'y ... May nangyari doon sa itaas." 103 At habang ako'y nasa kalagayang iyon, naisip ko ito, "Ano' ng araw na ba itong pinamumuhayan natin? Ito na kaya ang Ikatlong Hatak?" Ngayon ay may mga isinulat ako rito.

57 Si Jesus. Makikita natin, na si Jesus, sa Kaniyang lingkuran, matapos Siyang mangaral sa mga tao. Ngayon ay magiging totoong Iskriptural tayo tungkol dito. Matapos wakasan ni Jesus ang Kaniyang lingkuran, at ang lingkuran Niya ay tanggihan ng mga tao. Ngayo'y magbasa kayo sa pagitan ng mga linya, buuin n'yo ang inyong sariling panukala. Alalahanin n'yo kung ano ang itinuro ko sa inyo sa pasimula. Pagkatapos Niyang mangaral... 105 Dumating Siya bilang yaong Isang ipinangako para sa araw na iyon. Alam nating lahat iyan. Ipinakilala ng mga Kasulatan si Jesus Cristo bilang Mesiyas. Tama iyan. Lubusan, buong tibay, binindika ng Diyos at ng Kaniyang Salita, na Siya ang Mesiyas. Walang kuwestiyon. Kung may kukuwestiyon dito, kung kinukuwestiyon mo ito, kung gayo'y dapat kang pumarito sa altar, na, "Hindi Siya ang Mesiyas." Malinaw Siyang ipinakilalang Mesiyas. Ngunit matapos Niyang buong linaw na .. . Ipinakilala Siya ng Diyos.

58 Gaya ng sinabi ni Pedro sa Araw ng Pentecostes, nang mangusap Siya sa Sanhederin doon, sa apat na ... mga apat na araw pagkatapos niyaon. Ang sabi niya, "Si Jesus na taga Nazaret, isang Taong kinilala ng Diyos sa inyong kalagitnaan sa pamamagitan ng mga tanda at kababalaghan, na ginawa ng Diyos sa pamamagitan Niya sa kanilang kalagitnaan, na lahat tayo'y mga saksi. Kita n'yo? Kinuha ninyo, at sa pamamagitan ng masasamang kamay, at ipinako sa krus ang Prinsipe ng Buhay; na binuhay ng Diyos, at ipinakita ang mga bagay na ito na inyong nakita." Kita n'yo? Si Cristo ay patuloy na nabubuhay. Anupa't, nabubuhay pa rin Siya ngayon.

59 Ngayon matapos na si Jesus ay malinaw na dumating, ipinakilala ang Kaniyang Sarili; ipinakilala Siya ng Diyos, at Siya'y nanghula. At matapos ang mga araw ng Kaniyang hula, bagama't naipakilalang Iskriptural, ay

tinanggihan Siya ng mga tao. Tama 'yan. At nangaral Siya noon matapos nila Siyang tanggihan dito, yaong mga may posibilidad na maligtas. Alalahanin, nang Siya'y nangangaral, may posibilidad na sino man ay maliligtas. Hindi natin kilala kung sino sila. Sila'y predestinado. Subalit patuloy Siyang nangaral.

60 Datapuwat pagkatapos ng mga araw ng Kaniyang pangangaral, nagpatuloy ang Kaniyang lingkuran, 'pagkat ang huling pangkat na pinangaralan Niya ay ang mga kaluluwang nasa impiyerno, na hindi na mapapatawad. Maliwanag kong nabasa iyan mula sa Biblia rito, mula sa Ikalawang Pedro. Kita n'yo? Siya'y pumaroon at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, na siyang impiyerno, nakakulong doon hanggang sa araw ng Kahatulan,

Pagkat, alam n'yo, ang Kahatulan ay hindi ngayon, at wala pang nagaapoy na impiyerno ngayon. Kung may magsasabi sa iyo, "Ang taong iyon ay nasusunog na sa impiyerno ngayon," iyan ay mali. Kita n'yo? Ang hukom dito sa lupa ay sapat ang katarungan upang hindi ikundena ang tao malibang maiharap muna siya sa isang paglilitis. At hinding-hindi ibubublid ng Diyos ang isang tao sa—sa maapoy na hurno hanggang sa maikundena muna siya ng Sariling mga batas ng Diyos. Tinanggihan niya ang habag, kaya, kita n'yo, kailangan muna siyang litisin, at ang paglilitis ay ang Dalcilang Puting Luklukan ng Kahatulan. Datapuwa't siya ngayon ay nasa isang dakong ang tawag ay bahay-bilangguan.

61 Dahil nakita ko ang pangitain ng dalawang lugar, at sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos . . . sinasabi ko ito hindi para mawalan ng paggalang, at, kung mali ito, patawarin nawa ako ng Diyos. Naniniwala akong napuntahan ko na ang dalawang lugar na iyan, kita n'yo, ang dalawang lugar. At nakita ko na ang tinubos, ang pinagpala; at nakita ko na ang mga napahamak, at kung nasaan sila. At iyan ang dahilan na nakatayo ako bilang inyong kapatid, sa araw na ito, upang balaan kayong layuan ang pababang landas. Huwag na huwag kayong babagtas sa daang iyon. At taglay n'yo ang lahat ng bagay na dahilan ng inyong pamumuhay, ang pinagpalang daang paahon; kung saan ang tinubos ay nasa kagalakan at kapayapaan, at hindi na sila maaaring magkasala pa. Hindi na sila maaaring—maaaring malungkot pa. Hindi maaari. Doon, doon ay walang anumang bagay; sila ay sakdal. Nakita ko na ang dalawang lugar na iyon! Alam kong mahirap sabihin iyan ng sinuman, ngunit, ang Diyos ang aking Hukom, buong taimtim kong pinaniniwalaan na nakita ko na ang dalawang lugar na iyon. Ako' y—iyan ang paniwala ko.

62 At, o, huwag nawang mangyari na sinumang tao ay mapasok sa rehiyong iyon ng mga pahamak! Kung kayo' y nakatayong tinuhog ng maiinit na alambre,

pinahihirapan sa lahat ng paraan, hindi iyan maihahambing sa diablong pagpapahirap na nasa lugar na iyon. Walang anumang bagay.. . hindi abot ng makataong diwa, hindi mauunawaan ng makataong diwa kung ano ang rehiyon ng mga pahamak. Walang paraan para ipaliwanag ito. At wala ring paraan para ipaliwanag kung ano ang rehiyong iyon ng mga pinagpala, napakadakila nito. Iyo'y lubhang kahindik-hindik, at Ito'y napaka—napaka dakila, ito'y mula sa katawa-tawa tungo sa kataas-taasan. Kaya't kung may makaririnig sa akin...

63 At tumatanda na ako. Hindi ko alam kung hanggang kailan pa ako tatagal. Bang panahon na lang ay magiging singkuwenta'y singko anyos na ako. At ako'y—hindi ko alam, ayon sa kalikasan, marahil ay hindi na ako aabot pa ng maraming taon. Hindi ko alam kung saan makararating ang teyp na ito. Ngunit hayaang bawa't isa ay makarinig, dito at sa teyp, o kung saan man ito malcarating. Huwag na huwag kayong tutungo sa rehiyon ng mga pahamak. Hindi n'yo mailalarawan ang impiyerno na gayon kasama. At anuman ang gawin n'yo, huwag na huwag kayong kukuha ng anumang . . . kalimutan ito, na ang rehiyon ng mga pinagpala . . . ito ang masasabi ko, kasama si San Pablo, "Ang mata'y hindi nakakita, ang tainga'y hindi nakarinig, o pumasok man sa puso ng tao, kung ano ang inilalaan ng Diyos para sa mga nagsisiibig sa Kaniya." Kaya't tumigil, kung ika'y nakikinig sa teyp, patayin mo muna ang makina, at magsisi kung hindi ka pa ligtas, at makipagkasundo ka sa Diyos.

64 Sinasalita ko ito sa pamamagitan ng sarili kong karanasan, kung paano akong sumasampalataya sa aking puso. At sinasabi ko, kung ang mga ito, kung nadaya ako ng mga pangitain, mahabag nawa ang Diyos sa akin na ako'y nagbitiw ng gayong mga pangungusap. Datapuwat taglay ang katapatan sa aking puso, nalalamang walang isa man sa mga pangitaing iyon ang nabigo kailan man, naniniwala akong narating ko na ang dalawang lugar na iyon. Huwag nawang mangyari na may sinumang taong bumagtas

ng daang iyon na palusong!

65 Ngayon, si Jesus, matapos Niyang wakasan ang Kaniyang lingkuran, ay nangaral sa mga kaluluwang iyon na hindi na maaari pang maligtas, na hindinghindi na talaga maliligtas. Ngayon sinasabi sa atin iyan ng Biblia. “Siya' y pumaroon at nangaral sa mga kaluluwang nasa bilangguan, na hindi nagsisi.” Nang ipagkalciob sa kanila ang awa, itinakwil nila ang awa, at ngayon ay naghihintay sila ng Kahatulan. 0, anong pagkakataon iyon! 0, sana'y may paraan upang magawa kong yugyugin ang sanlibutan sa pamamagitan nito, upang maipakita sa kanila kung ano ang katotohanan.

66 At si Jesus, mismo ang nagsabi, “Kung paanong isinugo Ako ng Ama, ay isinusugo Ko rin naman kayo.” At kung paanong isinugo Siya ng Ama upang mangaral sa—sa mga buhay, doon sa mga may pag-asa pa, at pagkatapos ay dinala ang Mensahe ring iyon doon sa mga wala nang pagasa, tila napaka

angkop, sa pagkakataong ito, na iyan ay kakailanganin ding gawin, 'pagkat ang Espiritu ni Cristo na nananahan sa atin ay hindi bumabago ng Kaniyang kalikasan, o bumabago man ng paraan ng Diyos. Dapat siyang maging katulad sa bawa't salinglahi. Dapat Siyang maging siya rin. Ang sabi, “Kung paanong isinugo Ako ng Ama, gayon Ko rin kayong isinusugo.”

67 Ang mga lingkuran ay dapat maging katulad nito, dahil sinabi Niyang ... nakikita Kong ang ilan sa inyo ay nagsusulat ng mga Kasulatan. San Juan 14:12, “Ang sa akin ay sumasampalataya, ay gagawin din naman niya ang mga gawang aking ginagawa.” Kita n'yo, “ang mga gawa,” pangangaral sa mga pahamak, pagpapagaling sa mga maysakit, at pagkatapos ay sa mga imposible nang maligtas kailan man. Kita n'yo? Nagpatuloy pa rin ang gawain. Kaya, ito na nga, (ito na nga ba?) maaari ko bang sabihin ito nang paganito, ang lingkuran ni Jesus Cristo na muling nanahan sa laman sa Kaniyang Iglesia sa mga huling araw. Iyan ang pinaniniwalaan ng marami sa atin. Sumasampalataya akong kasama n'yo. Sinasampalatayanan ko ito. Kung hindi ko ito sinasampalatayanan, ay iba ang gagawin ko rito. Dahil, pagkatapos ng lahat, ako rin naman ang ma . . . nagmamalasakit dito. At kung ang Espiritu ng Diyos ay nasa inyo, kayo' y magmamalasakit din sa mga tao.

Iyan ang isang Kasulatan na noon ko pa pinagtatakahan, kung paanong nagawa ni Moises na makaisip ng mas magandang ideya kaysa sa Diyos, hanggang sa malaman ko na iyon pala' y Espiritu ni Cristo na nakay Moises. Kita n' yo?

Ang sabi ng Diyos, “Moises, ihiwalay mo ang iyong sarili sa kanila. Wawasakin ko silang lahat, at magpapasimula Ako sa iyo.”

68 Wawasakin ko silang lahat, at magpapasimula Ako sa iyo.“

Ang sabi niya, “Panginoon!” Inilagay niya ang sarili niya sa patlang, ang sabi, “Kunin Mo ako. Pawiin Mo ang ngalan ko.” Sa mga taong iyon na nagrebelde, ang puso niya'y nagmalasakit sa kanila. Kita n'yo?

At kapag ang isang ministro na may damdamin para sa mga tao sa kaniyang puso . . . Paano ko kaya madaramang karapat-dapat sa aking... sa harap ng Diyos, at sa aking sarili, kung paglilihiman mo ang mga taong higit mong iniibig kaysa sa iyong sarili. Paanong magagawa ng isang tao ang akayin ang isang tao sa iglesia sa pamamagitan ng pakikipagkamay, o kaya'y sa pagwiwisik, o kaya'y sa kung anong bulaang bautismo, o kung ano pa man, at hayaan silang humimlay sa ilalim ng—ng impluwensiya ng isang kasinungalingan samantalang nalalamang nakalapag ang Biblia roon, at pagkatapos ay sasabihing mahal niya ang taong iyon?

Kahit pa mamalimos ako, o anuman iyon, maging tapat nawa ako sa Diyos at sa mga tao, na sabihin sa kanila ang Katotohanan. Huwag na huwag nawa akong maging mandaraya. Paano kong magagawang dayain ang iniibig ko? Kahit pa nga kailangan kong saktan sila, gayon pa ma' y iniibig ko sila. Iyan ang dahilan kung bakit pinapalo mo ang iyong anak, dahil mahal mo siya. Hindi dahil hindi mo siya gusto; kundi dahil mahal mo siya. Kung mali siya, mapapahamak siya kung hindi mo siya itutuwid.

69 Ngayon, ganiyan din ang nagaganap sa lingkuran. Kung paano ito noon, ganito rin ito ngayon. Naipangaral na ito, at lubos na nabindika ng Salita ng Diyos, na hindi ito sa tao, ito'y sa Diyos. Ganito nga ito. Pansinin, ang katulad ng mga espirituwal na mga tandang ginawa ni Jesus, ay muling lumitaw sa lupa sa huling mga araw. Ang pinaka tandang espirituwal na nagpakilala sa Kaniya bilang Mesiyas, ay nagpapakilala sa Kaniya sa araw na ito. Siya ay Mesiyas pa rin! Ang gayon ding mga materyal na tanda ay nagpakita sa lupa, na nagpakita sa pamamagitan Niya, kung ano Siya. Ang siya ring Haliging Apoy na nakita ni San Pablo, yaon ding Isang iyon, lahat ay muling lumitaw taglay ang gayon ding kalikasan, na gumagawa ng gayon ding bagay.

70 Inangkin ni Jesus na hindi Siya gumagawa ng anuman malibang ipakita muna sa Kaniya ng Ama. At ang Ama ang Espiritu Santo, napapagtanto natin iyan. Upisina lang iyon ng Diyos. Kung hindi, ay sino ba talaga ang Ama ni Jesus Cristo? Sinabi ni Jesus na ang Diyos ang Kaniyang Ama, at sinabi ng Biblia na ang Espiritu Santo ang Kaniyang Ama. Ngayon, hindi mo Siya maaring gawing ilehitimong anak, kaya't ang Espiritu Santo ay Diyos, gayon din namang si Jesus ay Diyos. Kaya, ang Diyos, Ama, Anak, at

Espiritu Santo ay . . . Iyon ay . . . Iyon ay ang tatlong mga upisina ng iisang Diyos. Iyan ay tatlong katangian, ng siya ring Diyos.

Ikaw ay bahagi ng Diyos, at ako'y bahagi ng Diyos, kita n'yo; datapuwa't hindi ako ang kabuuan ng Diyos, at hindi rin naman kayo ang kabuuan ng Diyos. Kita n'yo? Kita n'yo? Ito' y mga katangian ng Diyos na nasa atin, bilang mga anak na lalaki na kinupkop ni Jesus Cristo. Na, ang Diyos Mismo na naging laman, upang mamatay para sa atin.

71 Ngayon, ang Espiritu Santo ay laging nagpapakita sa Kaniya ng mga bagay na darating, at hindi Siya kailan man nagkamali. Lagi iyong sakdal. Tama ba 'yon? Hindi Niya inangkin sa Kaniyang Sarili ang karangalan. Ibinigay Niya ang karangalan sa Diyos. Ang sabi Niya, "Walang magagawa ang Anak sa Kaniyang Sarili kundi kung ano lang ang nakikita Niyang gingagawa ng Ania." At ang Ama, ang Espiritu Santo, ang Kaniyang Ama. Tama ba 'yon? "Jose, ikaw na anak ni David, huwag kang matakot na

kunin si Maria na iyong asawa, dahil ang ipinaglilihi niya ay sa Espiritu Santo," na siyang Kaniyang Ama. At ang Espiritu Santo ay nagpakita kay Jesus ng mga bagay na darating, sinabi sa Kaniya ang mga bagay na naganap.

At Siya ang Diyos na Propeta. Sapagkat, ang Salita ng Panginoon ay dumarating tanging sa propeta lamang; nagpapakitang ang mga Salita ay dumating sa baguhang anyo Nito, ang mga propeta ay sumulat kung ano ang sinabi sa kanila ng Panginoon. Ngunit wala Siyang anumang isinulat dahil Siya ang Salita. Siya ang Salita.

72 Pansinin, ang siya ring Espiritu Santo na nanahan sa Kaniya, "Kaunti pang panahon, at hindi na Ako nfakikita ng sanglibutan; gayon ma' y makikita ninyo Ako, sapagkat Ako'y sasama sa inyo, at mananahan sa inyo, hanggang sa wakas ng sanglibutan. Ako'y paririyan sa inyo," ang sabi Niya. Ang "Ako," ay ang Ama na nasa Kaniya, "na sasainyo." At ang sabi Niya, "Kapag ang Espiritu Santo ay sumainyo, ipahahayag Niya ang mga bagay na ito na itinuro Ko sa inyo, at ipakikita sa inyo ang mga bagay na darating." Hayan ka na ngayon.

73 Ngayon ay mapapansin natin, na kung paanong ang Espiritu Santo ay kumilos sa Iglesia noon, gayon din namang ang Espiritu Santo ay gumagawa ng katulad na katulad ng mga gawa ngayon; nagpapaanunsiyo sa pamamagitan ng Haliging Apoy, katulad na katulad ng naganap sa pasimula, gayon din. At habang nakikita niyang pababa ito kay Jesus, inanunsiyo ito ni Juan sa Hog Jordan. At napatunayan nito ang lahat ng bagay, maging ang mga siyentipikong litrato nito. Hindi ito maaaring pamalian. Ito'y siyentipiko. Ito'y materyal. Hindi ito kaisipang alamat. Hindi ito sikolohiya. Gaya ng sinabi ni George J. Lacy, "Ang matang mekanikal ng kamera ay hindi makakukuha ng sikolohiya. May Liwanag na tumama sa lente."

74 At paano naman kayo, iglesia, na mga anim o walong buwan na ang nakalilipas dito, at nakatayo ako rito, na nagsasabing, "Ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON, na ako'y tutungo sa Tucson, Arizona. Magkakaroon ng pagsabog, at pitong Anghel ang lilitaw." Naaalala n'yo ba? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."-Ed.] Maging ang . Ginawa itong napaka-totoo ng Diyos hanggang sa makunan ito ng Look Magazine. Espirituwal, nakita bago maganap, naging materyal nang tugmang-tugma, ang pitong Anghel, na naghatid ng pagtatapos ng lahat ng mga Kasulatan. Pagkat, lahat ng mga hiwaga ng buong Biblia ay nakapaloob sa Pitong Tatak. Alam nating Iyan ang—ang Alclat, ang tatak Nito, na sa pamamagitan Niyon ay nalinaw. Ito'y ang hiwaga ng kabuuan ng Aklat, nakapaloob sa Pitong mga Tatak na iyon, na itinulot ng Panginoon na maihatid natin.

75 At may isang lalaking nakaupo rito, ngayon, ang naroroong kasama ko nang ito' y maganap. Pinatunayan ng Look Magazine ang bagay ring iyon, na ito—ito ay tutoong naganap. Sapagkat ang Diyos ang nagsabi noon. Ang Diyos ang nagpapatunay sa Kaniyang Salita, tinutupad Niya Ito kapag sinabi Niyang gagawin Niya ito. Kung gayon, hindi iyon kung sinong tao lang, isang karnal na taong katulad ko, ang kasama n'yo, bayan. Iyon ay ang Eternal na Diyos.

Gumagamit Siya ng tao. Totoo 'yan. Wala Siyang ginagawang anuman sa labas ng Kaniyang pagkagamit ng tao. Napapagtanto natin iyan. Siya, iyon ay ang Kaniyang—iyon ang Kaniyang ahente. Iyon ang Kaniyang pinili. Kung bakit, ay hindi ko alam. Maaari Niyang mabutihin na ang araw ang mangaral ng Ebanghelyo. Maaari Niyang mabutihin na ang hangin ang mangaral ng Ebanghelyo. Maaari Niyang ipagawa sa hangin ang mga bagay, datapuwat pinili Niya ang tao.

Kaniyang ideya iyon, na ang tao ang mangusap sa kapuwa tao; hindi siya mismo, kundi, "Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta," ang mga tagahula, ang mga mangangaral. At ang tagahula na tumatanggi sa orihinal na Salita, paano siyang magiging isang tunay na propeta? Kita n'yo? Hindi maaari, dahil itinatanggi niya ang Katotohanan ng Salita. At kung magkagayon at hindi niya ito nagawa, kung magkagayon ay ang Salitang Ito, Mismo, kung Ito' y maipapangaral sa katotohanan ng Espiritu Santo, ipamamalas Nito ang bawa't pangakong ipinangako Nito. Diyan natin malalaman kung tama ito o hindi. Iyan ang sinabi ni Jesus, "Kung hindi Ko tinutupad yaong nakasulat tungkol sa Akin na Aking

gagawin, kung magkagayon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan.” Kita n'yo? Ngayon ay nakikita natin ang mga bagay na ito.

76 Alalahanin, ang Pitong Tatak ay ganap na, kapag ang pitong mga Katotohanan .. .

Ang isa sa mga iyon, ay hindi Niya ipinahintulot na malaman natin. Tayo'y. . . Ilan ba ang naririto nang ang Pitong .Tatak ay ipangaral, at nakarinig? [Ang kongregasyon, “Amen.”-Ed.] Lahat kayo, wari ko. Kita n'yo, ang—ang Ikapitong Tatak, hindi niya ipinahintulot ito.

Tumayo Siya roon sa silid at ipinahayag ang bawat isa sa mga iyon. At kung mayroon man akong ipinangaral sa tanang buhay ko, na kinasihan, iyon na iyon. At dapat Itong maging totoo, sa iyo. Tumayo ako rito at sinabi sa inyong ito'y magaganap, at nagtungo ako roon, at maging ang siyensiya at lahat ng iba pa, ang siyentipikong pananaliksik at lahat na, hiwaga iyon sa mga tao, ang nagpatunay na totoong nangyari iyon doon. At nagbalik ako kaagad at narinig iyong nailaladlad, at pinatutunayang tamang-tama ang bawat Salita.

Anong araw ang kinabubuhayan natin? Nasaan na tayo?

77 bawat Salita. Anong araw ang kinabubuhayan natin? Nasaan na tayo?

At alalahanin, nakapaloob sa Ikaanim na Tatak, kung saan, ang lahat ng Pitong Pakakak ay tumunog sa ilalim ng Ikaanim na Tatak. Pag tinalakay natin iyon ay makikita n'yo iyon. Ang bawa't (pito) Pakakak ay naganap sa Ikaanim na Tatak.

Ang pito ay lagi nang isang hiwaga. Masdan ang pitong iyon, iyon ang wakas. lyon ang Pagdating ng Panginoon: Ang Langit ay tumahimik, tahimik, walang sinumang kumibo. Pagkat si Jesus Mismo ang nagsabi, “Maging Anghel man sa Langit ay hindi nakaaalam kung kailan Ako babalik. Ni hindi Ko nga alam ito sa Aking Sarili, kung anong oras. Inilagay iyon ng Ama sa Kaniyang kaisipan.” Ang Diyos lang ang nakakaalam nito, ang sabi ng Espiritu. Ang sabi, “Hindi Ko alam iyon.” Kung gayon, hindi iyon ihinayag. Nang ang Ikapitong Pakakak ay tumunog . . . o ang Ikapitong Anghel, isang—isang Tatak ang nabuksan, nang magkagayo'y nagkaroon ng katahimikan sa Langit. Kita n'yo, hindi iyon ibinigay, kung ano ang magaganap.

78 Ngunit sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, kung saan ang mga Pakakak na ito ay nabuksan. Alalahanin, sa ilalim nito, makikita natin na lumabas ang Kordero, lumitaw sa eksena. Iniwan na Niya ang Luklukan ng Awa. Ang gawain Niyang pagtubos ay tapos na. At lumapit Siya at kinuha ang Aklat mula sa kanang kamay niyaong nakaupo sa Luklukan, at “hindi na magluluwat ang panahon.” At karaka-raka ay lumitaw ang anghel sa Ikapitong kabanata, o sa ika-10 kabanata at sa ika-7 talata na nagsasabi .. . Ang Anghel na ito ay bumaba at nanumpa, na, “ang oras ay wala na.”

Datapuwat, kita n'yo, nasa Aklat na Ito kung ano yaong tinubos. lyon ay ang Aklat ng Katubusan. At lahat ng Kaniyang tinubos ay nasulat sa Aklat na iyon. Lahat ng naging dahilan ng Kaniyang pagkamatay ay nakasulat sa Aklat, at hindi Niya magagawang iwan ang Upuan ng pamamagitan hanggang sa matubos ang Kaniyang pagtubos. At hindi Niya matubos iyon sa krus, sapagkat sila' y nakatalaga sa Aklat ng Buhay ng Kordero, at kinailangan Niyang manatili Roon upang mamagitan hanggang sa ang huling taong iyon ay maganap. Luwalhati!

79 Ngunit isang araw ay nagbangon Siya mula Roon, lumabas. Nasaan ang Aklat? Naroon pa rin sa dating May-ari, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat. At tumingin si Juan sa paligid, at siya'y nanangis, dahil walang sino man ang karapat-dapat na tumingin man lamang sa Aklat at, lalo pa nga, ang magbukas ng mga Tatak, upang ipahayag kung ano ang hiwaga niyaon.

Ang mga hiwaga ay nasa Pitong Tatak. Nang mabuksan ang Pitong Tatak, binuksan nito ang kabuuan ng Biblia. Ang Pitong Tatak; Ito'y naselyuhan ng Pitong Hiwaga, at nakapaloob sa Pitong Tatak na ito ang buong hiwaga Nito. At iyon ang Aklat ng Katubusan, ang Bagong Tipan. 142 Hindi ang Luma. Nangusap lang Ito para sa Bagong Tipan. “Sila' y ginawang . . . hindi masasakdal nang bukod sa atin,” Hebreo 11. Kita n'yo? Ngayon, ang katubusan ay dar'ating lamang kapag ang Manunubos ay namatay na. At noo'y nasa ilalim pa lamang sila ng dugo ng mga Kordero, hindi ng Manunubos; hindi pa sila natutubos, hanggang sa dumating ang Manunubos.

80 Pansinin ngayon nang ang Manunubos na ito . . . tumingin si Juan sa paligid, doon nakaupo ang Diyos sa Luklukan, hawak ang Aklat sa Kaniyang kamay, na natatatakan ng Pitong Tatak, at ang buong piano ng katubusan ay nakapaloob doon.

At naiwala iyon ng sangkatauhan, ni Adan. At ang Diyos Nagbalik ito saan? Hindi iyon makuha ni Satanas; naging dahilan lamang siya ng pagkawala niya nito. Ngunit saan ba napunta ang Aklat kung magkagayon? Hindi karapat-dapat ang sangkatauhan para rito. [Kumatok ng ilang ulit si Kapatid na Branham sa pulpito —Ed.] Ang mga pagpapala ay hindi para rito; dito ay naiwala ito ng sangkatauhan. Kaya't ito'y nagbalik sa orihinal na Mayari, iyon ay ang Diyos. 145 Narito't nakaupo Siyang hawak Ito, at

nanawagan siya sa kung sinong tao, sino man, upang lumapit at angkinin Ito.

81 Tumingin si Juan sa paligid, at walang sinuman sa langit, walang sinuman sa lupa, walang sinuman, walang Anghel, walang makakuha sa Aklat o makakalas sa mga Tatak, o tumingin man Dito. Walang taong karapat-dapat, sinabi ni Juan na nanangis siya ng buong pait.

Nang magkagayon ay may isang Anghel na lumapit sa kaniya, ang sabi, "Huwag kang umiyak, Juan, sapagkat ang Leon ng Angkan ni Judah ay nanagumpay, at Siya ang karapat-dapat. 148 At si Juan ay lumingon at nakita niya ang isang Kordero . . . o upang makita ang isang leon, at ano ang kaniyang nasumpungan? Isang Kordero. at iyon ay isang Duguang Kordero, isang Korderong pinaslang. Gaano na katagal? Mula pa nang itatag ang sanlibutan. 149 Ang Kordero ay lumabas, lumapit sa Kaniya na may hawak na Aklat sa Kaniyang kanang kamay, at tinanggap ang Aklat; pumanhik sa Luklukan at naupo. Iyon na 'yon. Tapos na iyon (kailan?) nang ang mga Tatak ay nahayag. Kapag ang kahuli-hulihan, iyon ay lahat ng Kaniyang tinubos, wala nang.. .

Siya'y naparito upang tumubos. 150 Sasabihin mo, "Bakit hindi Niya sila tinubos apat na pung taon na ang lumipas? Dalawang libong taon na ang lumipas?"

82 Kita n'yo, ang mga pangalan nila ay nasa Aklat ng Buhay, sa Aklat na iyon. At kinailangan Niyang tumayo rito, dahil nilayon ng Diyos na tubusin sila. Ang mga pangalan nila ay nasulat na sa Aklat ng Buhay ng Kordero bago pa itatag ang sanlibutan. Ang Kordero ay nailagay doong kasama nito, upang mapaslang. Heto ang Kordero, nang Siya'y mapaslang, nagbalik upang mamagitan.

Masdan Siya! Magkakaroon ng napakaraming panggagaya, napakaraming iba pa, ngunit sadyang may maliligtas, dahil Siya. . . Ang Iglesia ay naitalaga upang maging walang bahid dungis o kulubot. Siya'y Maparoroon. At ang Kordero ay namatay para sa layuning iyon. At pagkatapos, kapag ang huling pangalan sa Aklat na iyon ay natubos na, ang Kordero ay lumabas at kinuha Niya ang Aklat, "Ako yaong gumawa nito!"

83 Ang mga Anghel, ang mga Kerubin, ang dalawampu' t apat na Matatanda, ang mga Hayop, lahat, inalis nila ang kanilang putong, nagpatirapa sa harap ng Luklukan, at nagsabi, "Karapat-dapat Ka!"

Ang sabi ni Juan, "Ang lahat sa Langit at sa lupa ay nakarinig nang sumigaw ako ng, 'Amen,' naghihiyaw ako ng, Aleluia,' at ng mga papuri sa Diyos. Ang sigaw ay lumakas. Bakit? Ang mga pangalan nila ay nasa Aklat na iyon, maihahayag na, at inihayag na nga ito ng Kordero.

84 Inihayag na ito ng Kordero, datapuwa't hindi Siya maaaring lumapit hanggang sa ang bawat pangalan ay maihayag, at iyon ay nagaganap sa ilalim ng Ikaanim na Tatak, bago mabuksan ang Ikapito. Nang magkagayon ang walang batik . . . Nang magkagayon ay dumating ang Kordero upang angkinin kung ano ang Kaniyang tinubos. Hawak na Niya iyon, doon mismo sa Aklat, kinuha Iyon mula sa Kaniyang kamay. Ngayon naman ay darating Siya upang tanggapin kung ano ang tinubos Niya. 0, anong—anong panahon! Napatunayan na ito, ang Ikapitong Tatak ang nagpatunay dito. Nagbalik at kinuha ang Aklat ng Katubusan!

85 Pansinin, ang Mensahe ng ikapitong anghel ang maghahayag sa ikapito, sa Pitong Tatak. Apocalipsis 10:7, ngayon, makikita n'yo ito. Kita n'yo?

"At nakita niyang bumababa ang Anghel na ito, itinungtong ang Kaniyang paa sa lupa at sa dagat," iyon ay si Cristo, "ang bahaghari ay nasa Kaniyang ulo." Pansinin n'yo Siya, makikita n'yo Siya sa Apocalipsis 1, muli ay, "may bahaghari sa Kaniyang ulo; kung pagmasdan ay tulad sa batong jaspe at

sardio," at iba pa: Heto Siya't parating, inilagay ang isang kamay . . . "Isang paa sa lupa, isa sa tubig; itinaas ang Kaniyang kamay. May bahaghari sa Kaniyang ulo. Siya ang Anghel ng Tipan, na si Cristo; naging higit na mababa kaysa mga Anghel, upang magdusa. Hayu't parating Siya, "At itinaas ang Kaniyang kamay sa Langit, at nanumpa sa Kaniya na nabubuhay magpakailan kailan man," yaong Isang Walang Hanggan, ang Ama, ang Diyos, "na hindi na magluluwat ang panahon," kapag ito ay naganap. Ubos na ito. Ganap na ito. Tapos na ito.

86 At pagkatapos ay sinabi ng Kasulatan, "At sa—sa Mensahe ng ikapitong makalupang anghel," ang mensahero sa lupa, ang ikapito at panghuling Kapanahunan ng Iglesia, "sa pasimula ng kaniyang lingkuran," kapag ito'y nagpasimula sa lupa, sa panahong iyon, "ang hiwaga ng Diyos, ng Pitong mga Tatak na ito, ay maipapabatid sa panahong iyon." Ngayon ay nakikita na natin kung nasaan na tayo. Ito na nga kaya, mga kaibigan, ito na nga kaya? Pansinin, lahat ay posible.

87 Lahat ng natubos sa Aklat, Siya'y naparito para sa kanilang katubusan. Lahat ng dapat matubos ay nasa Aklat, naitalaga na bago pa itatag ang sanlibutan. Siya'y naparito upang tubusin ito. Ang lahat ng Kaniyang tinubos ay nakasulat doon.

88 Nais ko kayong tanungin ngayon. At kayong nakikinig sa teyp, makinig kayong mabuti. Ang mga

nakakatakot na mga matang iyon, ang nakakatakot na ulong iyon, iyon kaya ang dahilan kung bakit ang Mensaheng ito ay laban na laban sa mga kababaihan ng modernong panahon? Ito na kaya ang Mensahe ng panghuling Anghel? Ano ang sinabi Niya doon sa ilog, mga tatlumpu't tatlong taon na ang nakalilipas? "Kung paanong si Juan ay isinugo," kita n'yo, "upang ibalita ang unang pagdating ni Cristo, ang Mensahe mo ang magbabalita sa ikalawang Pagparito." Sa buong mundo, at iyan ang nagawa nito, kung gayon ang Pagdating ay talagang malapit na. Masdan kung ano na ngayon ang mangyayari.

Bakit? Nagkamot ako ng ulo. Sumubsob ako sa unan ko. Lumakad ako sa aming sahig. "Ano' ng nangyayari sa iyo?"

89 Ilang araw pa lang ang nakalilipas, tinanong ko ang dalawang lalaking kasakay ko. Tinanong ko si Jack Moore minsan. At kilala n'yong lahat si Jack Moore. Papunta ako sa kaniya sa Shreveport. Ang sabi ko, "Kapatid na Jack, naging napakatalik na kaibigan kita rito sa lupa." At bago ko pa siya tanungin ay tinanong ko na muna ang asawa ko.

Kung mayroon mang nakaaalam ng tungkol sa akin, ang mga kapintasan ko at—at lahat na, iyon ay ang aking asawa, kita n'yo, isang napakabait na tao. At sinabi ko sa kaniya isang araw, ang sabi ko, "Honey, bilang asawa mo; ako'y ministro ng Ebanghelyo. Ayaw kong magbigay ng anumang kahihiyan sa Kaniya na iniibig ko. Ayoko. Ayaw kitang saktan. Ayaw kong magbigay ng anumang kahihiyan sa iyo. Huwag nawang itulot ng Diyos na makagawa ako ng anumang bagay na makasasakit sa iyo. At gaano pa kaya sa palagay ninyo na masasaktan ang Diyos, at mahal na mahal ko Siya! Ikaw ang aking asawa; Siya ang aking Tagapagligtas at Diyos. Nais kitang tanungin. Tapatin mo ako. Huwag mong iiwasang saktan ako. Sabihin mo sa akin ang totoo." Ang sabi ko, "Labis na ba ang naging pag-aaral ko..."

90 At ako'y nagtataka. Ako' y, ako—ang kalikasan ko, nakakatawa, kakaiba. Alam ko iyon. Lahat na lang ay nagsasabi, "Anong klaseng tao!" Mangyari, kita n'yo, hindi mo maaaring gawin kung ano ka. Ikaw ay ikaw, sa biyaya ng Diyos.

At ako'y—ako'y—ang sabi ko, "Naiwala ko na ba nang bahagya ang pag-iisip ko, alam n'yo na, at ako'y nawala na? Ang sabi ko, "Bakit ko ba kinukundena ang mga babaeng iyon, sa tuwina, samantalang mahal ko naman sila?" 166 Ang tawag nila, ang sabi ako raw ay "muhi-sa-babae," talaga lang daw na hindi ko kinamumuhian ... Talaga raw na ako'y "muhi sa babae." Kita n'yo? Mali 'yan. Mahal ko ang mga babae, ang ibig kong sabihin, ay bilang mga kapatid na babae.

Hindi kita tatapikin sa likod, kahit nakikita kong mali ka na. Masasabi ko iyan sa inyo. Labis ang pag-ibig ko sa inyo para magawa ko iyan. Kung may lalaking gagawa niyan, ibang klaseng pag-ibig 'yan. Kita n'yo? Mahal ko kayo dahil mahal ko kung ano kayo; kayo' y katuwang ng anak na lalaki ng Diyos, at ika'y bahagi niya. Kita n'yo? At ako'y—mahal ko kayo dahil sa—sa kayo'y nilikha ayon sa wangis ng lalaki, at ang lalaki ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos, kaya't, kapuwa kayo, iisa kayo kay Cristo. Kaya mahal ko kayo. Alin mang iba pang bagay ay walang kinalaman dito. Alam iyan ng Diyos, sa tanang buhay ko. Kita n'yo? Tama iyan. Mahal ko kayo. Bakit ako tumatayo at lagi na lang...

Kapag sinasabi nila, "Sabihan n'yo ang lahat ng mga babae, kapag sinabi nilang dadalo kami para mapakinggan si Kapatid na Branham na mangaral, na ibahin nila ang pagsuklay sa buhok nila. Magsumbrero sila o kaya'y magsuot ng iba pa, 'pagkat babanatan na naman niya ang tungkol sa maikling buhok, at ang inyong }Iuwag kayong mag-me-meyk-ap," at iba pang tulad niyon. Iyon ang ginawa nila. "Ay, nangusap siya tungkol sa isang tao.. ."

91 Ang sabi, "Bakit hindi mo .. ." Ang sabi, "Ang paniwala ng tao ay isa kang propeta. Bakit hindi mo turuan ang kababaihan kung paano silang

makatatanggap ng mga dakilang kaloob na espirituwal, at ng iba pang bagay na tulad nito, sa halip na turuan mo sila ng mga ganiyang bagay?"

Ang sabi ko, "Kung hindi sila matututo ng kanilang ABAKADA, paano sila matututo ng Algebra?" Kita n'yo? Ayusin muna nila ito.

At habang nangangaral ako, lalo naman itong lumalala. Pagkatapos ay sasabihin mo, "Bakit ayaw mong tumigil?" Hindi po! Kailangang magkaroon ng isang tinig, isang patotoo laban dito.

Isa sa pinakadakilang lalaki sa ministeryo ngayon, ay nagpatong sa akin ng mga kamay hindi pa katagalan, ang sabi, "Idadalangin kita, Kapatid na Branham, kung pahihintulutan mong gawin ko ito, para alisin iyan ng Diyos sa puso mo." Ang sabi, "Hayaan mo na lang ang mga babaeng iyan, tungkol sa mga bagay na iyan."

Ang sabi ko, ang sabi ko, "Naniniwala po ba kayo riyan? Ika' y isang mangangaral ng kabanalan."

Ang sabi, "Tiyak na tiyak. Hindi ako naniniwala riyan, ngunit," ang sabi, "iyan ay—bahala na . . . " Ang sabi ko, "Hindi." Ang sabi niya, "Bahala na ang mga pastor diyan." Ang sabi ko, "Hindi nila ginagawa

iyon."

92 Mayroong isang dapat gumawa niyon. Kailangang tawirin ang ilog. Kailangang matalop ang balat. Ayaw kong gawin iyon. Alam ng Diyos na hindi ko gustong gawin iyon. Marami sa mga babaeng iyon ang nagpapakain sa aking mga anak, at handa nilang ialay ang buhay nila alang-alang sa akin, halos. Sa palagay n'yo ba, at dahil sa biyaya ng Diyos na inilagay Niya sa pamamagitan ng Espiritu Santo, sa palagay n' yo-ba' y makatatayo ako nang tahimik samantalang nakikita kong ang taong iyon ay pabulusok na doon sa Kawalang Hanggan nang walang kapag-a-pag-asa, at hindi ako sisigaw laban dito?

Hindi para ako mag-magaling; datapuwat ang espiritu ng bansang ito, ang espiritu ng iglesia, hindi ang Espiritu ni Cristo, ha; ang espiritu ng iglesia, ng denominasyon, ang tumulak sa mga babaeng ito sa kalat na iyon doon. At ako'y isa lamang tinig na sumisigaw, "Lumabas kayo riyan. Layuan n'yo ang duming iyan!" Huwag n'yong hayaan ang diablong gumawa ng isang bagay na gaya niyan sa inyo. Mali iyan!

At kayong mga Assemblies of God, pinapayagan n'yo ang mga kababaihang iyon, hinhayaan n'yo ang mga kababaihang iyon na magpaputol ng kaniyang buhok, ngunit pinagbabawalan silang mag meykap. Ang totoo, wala talagang kasulatan laban sa meyk-ap, ngunit mayrong laban sa pagpapaputol ng buhok. Ni hindi nga siya karapatdapat na manalangin sa-Diyos, ang sabi ng Biblia. May karapatan ang asawa niyang idiborsiyo siya at iwan siya. Tama. Ipiniprisinta niya ang kaniyang sarili sa

mundo bilang isang babaeng hindi dalisay. Sinabi iyan ng Biblia. Nilalapastangan niya ang kaniyang asawa kapag ginawa niya iyon. Ganiyangganiyan ang sinabi ng Biblia. Kita n'yo?

93 Buweno, ngunit ang isang babaeng nagme-meyk-ap, may makikita tayo sa Bibliang gumawa niyan, iisa lang. Ito ay si Jezabel. Siya iyon. Ang tanging nilalang sa Biblia na nagmeyk-ap, ay si Jezabel, at kaagad siyang ipinakain ng Diyos sa—sa mga asong gubat. Naging isa siyang malaking kahihiyan, at maging ang kaniyang . . . Lahat ng bagay, lahat ng bagay na masama ay tinatawag na Jezabel.

Hindi mo kailangang gawin iyon. Hindi mo ito kailangang gawin. Ano kaya kung iyon din ang nagtutulak sa iyo upang gawin iyon? Ang espiritu ng diablo.

Hindi n'yo ito napapagtanto. Alam kong hindi. Kayo'y — masyado kayong mabubuting tao. Mabubuti kayo. Kinakamayan n'yo ako, nakikipag-usap kayo sa akin.

94 At mahal ko kayo. Iyan ay tama. Datapuwat kung makikita ko iyon, hindi kaya ako maging ipokrito ... Ang sabi ni San Pablo, "Hindi ko ikinait na ihayag sa inyo ang buong Kapasiyahan ng Diyos." Nawa'y wala akong panagutang dugo ng sinumang babae, o lalaki man saAraw na iyon. Sinabi ko sa inyo ang Katotohanan. At kinamuhian ko ang pagsasalita nito; hindi ko kinamumuhian ito dahil ayaw kong gawin ang ipinagagawa sa akin ng Diyos, kundi dahil mahal ko kayo. Hindi ko nais na saktan kayo, kaya't ano ang gagawin ko? Datapuwat ang dalisay, Makadiyos na Pag-ibig ang magbubunsod sa inyo upang gawin iyon.

Maging si Jesus ay nanalangin upang makaiwas Siya sa krus. "Maaari bang lumampas ang saro?" Ang sabi, "Gayon man, hindi ang Aking kalooban, hindi ang sa Akin, ang sa Iyo."

95 Ako ba ang taong kailangang magsalita nito? Ako ba ang kailangang gumawa nito sa mga mahal na kababaihang ito na napakababait at lahat na, at tatalupan ko sila hanggang magkapira-piraso? Kailangan ko bang gawin ito? Ako ba ang kailangang humarap sa mga kapatid kong ministro, at tumayo roon at sabihan sila na mas mahal pa nila ang salapi at ang—ang denominasyon kaysa sa Diyos? Ako, sa aking mga mahal na kapatid na ikinakapit ang kanilang bisig . . . 0, kailangan ko bang gawin 'yon? 0, Diyos, huwag Mong itulot na magawa ko iyon. 184 Datapuwat hindi ako naduwag na sabihin sa inyo ang buong Kapasiyahan. Tunay na Pag-ibig ang nagbunsod sa akin upang gawin iyon.

96 Iyan ba ang dahilan na ang Mensaheng ito ay nagkaganito? Saan mang panig ng daigdig ay wala ito. [Ang Kongregasyon, "Amen."-Ed.] Nasaan ito? Tama. Takot sila. Kita n'yo? Akmang-akma. Laging gayon ang Diyos, kita n'yo. Tama. Ito kaya ang dahilan kung bakit ang mga kababaihan ang totoong nasasaway ng Mensaheng ito? Hindi ko alam ito, hindi ito hayag. Ipinakita iyon sa akin, ngunit hindi iyon dumating sa akin hanggang noong isang araw lang. Kita n'yo? Tumingin ako roon. Tama. Talagang akma ito sa lingkuran.

97 Ngayon sandali lang. Nangyari na ba noon na ang mundo'y naging Ngayon sandali lang. Nangyari na ba noon na ang mundo'y naging mundo ng babae?. Siya nga. Ayon sa kasaysayan, sa mga araw ni Elias, may isang babaeng ang ngalan ay Jezabel. At nagkaroon siya ng pamamahala sa iglesia ng Diyos, at sinabi ng Biblia na muli siyang mamamahala sa mga huling araw; ang kaniyang espiritu, sa pamamagitan ng isang iglesia, isang organisasyon. At siya'y magiging isang patotot, at ang iba pang mga iglesiang kasama niya ay magiging mga babaeng bayaran, gaya niya. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." -Ed.]

Ang Apocalipsis 17 ay nagsabi, "Siya ay isang patotot, at siya ANG INA NG MGA PATOTOT." Hindi maaaring maging lalaki iyon. Iyon ay mga babae. Kita n'yo? At lahat sila' y ibinulid, ng buhay, sa Dagat-dagatang Apoy, at nangatupok. Totoo ba 'yon? Hayan ka.

98 Pansinin, nang ang Jezabel na iyon ay lumitaw sa eksena, may isang lalaking lumitaw laban dito. Ang Diyos ay nagdala ng isang lalaki. Ni hindi nga natin alam kung saan siya galing. Wala siyang pinagdaanang ministeryo. Hindi siya kailan man naging saserdote o anuman. Lumabas siya, isang matanda't magaspang na taong-gubat na ang ngalan ay Elias, at iniumang niya ang palakol sa ugat ng puno, at kinamuhian nila siya. Hindi lang iyon, pati buong kongregasyon niya ay nagalit sa kaniya. 189 At minsan ay inakala niyang nag-iisa na lamang siya. Ang sabi, "Hindi, mayroon pa Akong pitong libo na nananatiling kasama mo." Kita n'yo? Iyon ang hinirang na lupong iyon, kita n'yo. Laging naroon ang lupong iyon. Ang sabi, "Huwag kang matakot, Elias. Alam Kong ang akala mo'y naubos na kayo, dahil hinabol kayo ng denominasyon doon sa tuktok ng burol. Ngunit," ang sabi, "mayroon pa Akong pitong libo na sumasampalataya sa kung ano ang ipinangangaral mo. Kita mo, hawak Ko sila."

99 At pagkatapos ng kaniyang kaarawan, naghari ang Roma, at dumating ang panahon na naging daigdig na naman ito ng babae, lahat ng use ngng kababaihan, kung paanong nagsilabas silang naka-bonet at iba pa, kita n'yo. At ang Diyos ay nagpalitaw muli ng isa pa na taglay ang gayon ding Espiritu

sa kaniyang sarili, ang Espiritu ni Eliseo. Tama ba 'yon? At ang sabi niya, "Ang palakol ay nakaumang na sa ugat ng puno."

At mayroon doong isang maliit na matandang babae, pinakasalan ang kaniyang . iniwan ang kaniyang asawa, pinakasalan ang kaniyang kapatid, na si Herod. Si Herodias, at siya ay isang—isang pinturadong payaso ng panahong iyon, sumasayaw. Tinuruan niya ang anak niyang babae na sumayaw. May anak siyang babae sa kaniyang ama-amahan, ang—ang ama-amahan; sa ama, ang kaniyang kapatid. Si Herodias! Iyon ay ang anak na babae ng—ng—ng babaeng iyon. At pagkatapos ay tinuruan niyä siyang sumayaw, at naging isa siyang totoong naghuhubad na mananananayaw, gaya ng kaniyang ina. At ang akala niya'y maaari siyang mag-asawa ng apat o limang beses, at gawin ang bawat maibigan niya.

100 At heto naman at lumabas si Herod. Lahat sila' y mga Judio, ha, alalahanin n'yo. Sila' y mga taong-iglesia. Heto naman at lumabas si Herod, at ang kaniyang iglesia, upang dinggin ang propetang ito, yaong pinaniniwalaan ng mga tao na isang propeta.

Lumakad siyang tuwid at hinarap silang kapuwa, at nagsabi, "Hindi marapat na kasamahin mo siya." At talaga namang nagalit siya nang husto dahil doon! Kita n'yo?

Ngayon, maaaring ang sabihin ng isang karaniwang lalaki ay ganito, "Kumusta ka na Herodias? Nagagalak kaming makasama ka sa aming kongregasyon ngayon." Ngunit hindi si Juan.

Ang sabi ni Jesus, "Sino ba ang inakala n'yong makikita n'yo nang labasin n'yo si Juan? Lumabas ba kayo upang makakita ng isang nakadamitsaserdote?" Ang sabi, "Hindi, iyon ay, ang gayong uri ay ang mga humahalik sa mga sanggol at naglilibing sa mga patay." Kita n'yo? Ang sabi niya, "Ano ang inilabas n'yo upang makita? Isang hangin, isang damong ipinaghahampasan ng hangin? Sasabihin nila, Halika rito Juan. Susuwelduhan ka namin ng mas malaki 'pag nangaral ka sa amin. At, kami, kaming pinakamalaking organisasyon.'? Hindi si Juan. Hindi, hindi siya kailan man nagtungo roon upang makita iyon.

Ang sabi, "Ano ang inilabas n'yo upang makita, kung gayon, nang kayo'y dumalo upang pakinggan at tingnan si Juan, na isang propeta?" Ang sabi niya, "At sinasabi ko, sa inyo, higit pa sa isang propeta! . matatanggap n'yo ito, siya yaong ipinangusap ng propeta na darating, Isusugo Ko ang Aking mensahero sa Aking unahan, at ihahanda niya ang daan ng Panginoon.'" Siya ang mensahero ng Tipan. Ang sabi Niya, "Wala pang taong isinilang ng babae, na kasing dakila niya."

101 Iyon ang uri ng lalaking pinalitaw ng Diyos para sa araw na iyon, si Elias, isang taong-gubat. Si Juan, ay gayon din. Kita n'yo? Ang Espiritu ni Elias ay nakay Juan. At ang sabi Niya, kapag nangyari na naging kaarawan na namang muli ng babae, ang espiritung iyon ay muting lilitaw, "Bago dumating ang Panginoon, kung kailan ang lupa ay susunugin, at ang matuwid ay lalakad sa—sa mga abo ng masasama, tulad sa abo sa ilalim ng kanilang mga panyapak." Muli Niya itong ipinangako, sa mga araw na ito. Pansinin, ipinangako iyon ng Espiritu Santo. Akma ito sa panahong kinabubuhayan natin.

102 Mayroong dapat tumayo. Kailangang mangyari iyon, dahil ito'y ITO ANG SABI NG PANGINOON, sa Malakias ika-4 na kabanata. Iyon na nga ang sinabi Niyang magiging tanda, "Bago dumating ang dakila at kakilakilabot na Araw ng Panginoon, susuguin Ko sa inyo si Elias." At ano ang kaniyang gagawin? "Ipanunumbalik ang puso ng mga anak sa Aral ng mga ama, pabalik sa Biblia," palabas sa mga makadenominasyong pagkakaiba-iba, "at pabalik sa Biblia, pabalik sa Diyos." Iyan ang gagawin Niya. Pansinin kung gaano kadakila ang panahong kinabubuhayan natin.

103 Sinaway ng mga propetang iyon ang mga makabagong kababaihan ng kanilang mga panahon, at kapuwa sila nagbuwis ng kanilang buhay dahil dito. Ang kasaysayan ay nagpapatunay na ang bawat isa

sa mga panahong iyon ay daigdig ng babae, kung kailan ay babae ang namamahala.

104 Tumingin kayo sa paligid ngayon. Magkakaroon tayo ng isang pangulo isa sa mga araw na ito, tila ito'y maaari nang maganap ngayon. Ang totoo, ang babae na ang Pangulo. Kita n'yo? Ang lalaki ay pangulo lamang sa turing. Dito, hindi pa kalaunan, sa isa sa mga ibang bansa, labis-labis ang papuring tinatanggap niya mula sa mga tao, hanggang sa ang Pangulo, mismo, ay nagsabi, "Ako ang asawa niya." Ang Pangulo ng Estados Unidos, kita n'yo. Siya ang nagtatakda ng mga usong kasuotan, na sinusunod naman. ng kababaihan tulad ng ginawa ni Jezabel. Narinig na ninyo ang sermon ko tungkol sa Relihiyong Jezabel. Kita n'yo, alam n'yo. Alam n'yo ang tungkol dito. Nakikita n'yo ba kung nasaan na tayo ngayon? 201 Nakita n'yo ba kung ano ang nangyari rito isa o dalawang linggo na ang nakalipas, dito sa lungsod? Inanyayahan ng ministro ng Faith Lutheran ang paring Catolico ng Sacred Heart na pumunta at mangaral para sa kaniya, at kaniya namang ginawa, at ang ministro naman ng Faith Lutheran ay nagpunta rin sa paring Catolicong iyon at nangaral din para sa kaniya.

105 Ang Konseho ng mga Iglesia ay naroroon ngayon, nagpupulong sa Roma. Ang liham patalastas na iyon na ginawa ng matalik kong kaibigan, na si David du Plessis; nang ako'y maupo roon at umiyak sa kaniya tungkol dito, doon sa Fourteen-Mile Creek, di pa kalaunan; hindi niya napagtanto na

itinulak na niya ang iglesia pabalik sa Babilonia, nang ang bawa't isa ay nagsasabi, "0, lahat ng mga iglesia ay magkakaisa na ngayon." Siyanga, alam ko 'yan, kita n'yo, ganiyang-ganiyan ang nakasulat sa aking aklat ng hula noong 1933, na iyan ay magaganap. Aba, hindi n'yo ba napagtatanto na si Satanas iyon na bumibigkis sa kanila? Nakasaad iyan sa Biblia. At paglipas ng kaunting panahon, kaunting panahon lang, sa sandaling maging isa sila, doon na matatapos ang interdenominational, kita n'yo. Iyan na ang magiging tatak ng halimaw, tama.

106 Wala na lang talaga akong oras para magpatuloy tungkol dito, at, halos ay menos kuwarto na para mag alas-dose. Kita n'yo, naffs kong tapusin ito, kunin ang puntong ito. Inilalatag ko lamang ang mga Kasulatang ito rito, kung saan ay maaari n' yong makita ang posibilidad kung nasaan na tayo, at pagkatapos ay magwawakas na tayo sa ilang sandali lamang.

107 Ngayon pansinin kung ano ang nangyari. Ang—sinaway ng mga"mga muhi-sa-babae." Iya' y tama. Pinatutunayan iyan ng kasaysayan.

Ngayon maghintay muna ng isang sandali. Nagsusulat kayo ng mga Kasulatan, baka nais n'yong isulat ang Unang Timoteo 5:6. Ang sabi ng Biblia, "Ang babaeng namumuhay sa—sa makamundong kalayawan." Hindi maaaring ito'y kasiyahan ng Diyos; kaya't kailangang magkagayon, kita n' yo. "Ang babaeng namumuhay sa kalayawan ng sanglibutan ay patay na, bagama't siya'y nabubuhay pa." Iyan ang sabi ng propeta, si San Pablo, "Ang babaeng namumuhay sa makamundong kalagayang ito ay patay na samantalang nabubuhay pa." At kung tatanggihan niya ang awa, matatawid na niya ang guhit ng paghihiwalay kung saan ay mawawalan na siya ng puwang. At kung magkagayon ay nasaan na kaya Siya ngayon, na pinturado ang kaniyang mata, at putol ang buhok? At natawid na niya ang hangganan, at wala nang paraan para siya makabalik, at kailangang may lingkurang maipangaral sa kaniya. Ngunit alalahanin, sa oras na iyon, ay tapos na ang lahat. Ganap na. Manliligalig na lamang ito.

108 Magkakaroon ng isang lingkuran na magpapakita ng mga dakilang kababalaghan, sinabi ito ni Joel, subalit mawawala na ang panahon para sa katubusan. Tapos na ang lahat. Kinuha na ng Kordero ang Kaniyang Aklat, at ang tinubos Niya ay ganap na. Kung paanong si Jesus ay unang nangaral at itinakwil, at pagkatapos ay pumaroon Siya upang ligaligin yaong mga naroroon, nangaral doon sa mga nasa bilangguan, hindi na maaaring magsisi, wala nang panahon para sa kaligtasan, ang likurang iyon ay kailangang maulit muli. Ano kaya't iyan na ang Ikatlong Hatak, para sa mga napahamak na magpa Walang Hanggan. Ano kaya kung naroroon na ito? Umaasa akong hindi pa. Ano kaya kung ito na iyon? Huwag nawang itulot ng Diyos. May mga anak ako. Kita n' yo? Datapuwa't totoong mistulang napakalapit na nito.

Bakit dumating ang pangitaing iyon nang ako'y bata pa? Bakit ba hindi ko ito naisip noon? Bakit ako nawala sa aking sarili doon sa boob ng silid nung isang araw, na nagsabi, "Ito na iyon"? Iyo' y nasa gitna ng mga di-. . . ang—ang mga ligaw na kaluluwa. At nangaral si Jesus sa kanila, nagpatotoo, ngunit sila' y —hindi sila nagsisi kailan man. At habang tumitindi ang pangangaral ko, lalo naman silang lumalala. Walang pagsisisi. Walang lugar para rito.

109 Kinuha ng Kordero ang Kaniyang Aklat nang, ang Ikapitong Tatak ay napipinto nang mabuksan, ang Ikaanim na Tatak. Alalahanin, itinago Niya ang Ikapitong Tatak sa atin. Hindi Niya ginawa iyon. Nang tumayo ang Anghel araw-araw, isinaysay iyon, ngunit hindi Niya ginawa iyon sa isang iyon. Ang sabi, "Nagkaroon ng katahimikan sa Langit." Walang nakaalam. Iyon ay ang pagdating ng Pariginoon. "O," sasabihin mo, "hindi ito maaaring mangyari." Sana nga'y hindi.

Sumulong tayo ng kaunti pa rito. Mayroon akong isinulat, kita n'yo. Tama.

110 Alalahanin, “Siya na nabubuhay sa makamundong kalayawan,” ng mga bagay ng sanlibutan, umaastang tulad nito. Maaari siyang magsimba at umastang parang santo, walang kinalaman iyon doon, kita n'yo, datapuwat “patay na siya samantalang nabubuhay pa siya.”

Tingnan n'yo kung ano na ang nagawa ng mga denominasyon para sa kaniya. Ginawa nila siyang tagahawak ng Banal na Salita, na salungat na salungat sa Biblia. Ginawa nila siyang mangangaral. Ipinagbawal ito ng Kasulatan. Ginawa pa nga siyang tagapamahala ngayon, alkalde, gobernador, at lahat na ng ating bansa, at isang ministro sa tahanan ng Diyos.

Samantalang, siya ang may kagagawan ng bawa't kasalanang naisagawa, siya ang dahilan nito. Tama 'yan. Ngayon, hindi ako, hindi ako mangungusap tungkol sa mga karapatan. Siya'y nagkasala. Siya ang sanhi ng bawat batang isinilang na bulag. Siya ang sanhi ng bawat puntod na nahukay. Siya ang naging dahilan ng kasalanan, karamdaman, ng kapighatian. Hindi uugong ang ambulansiya kung hindi dahil sa babae. Walang pagluhang mangyayari, walang kasalanan, walang kamatayan, walang kalungkutan, walang pagdurusa, malibang isang babae ang naging dahilan. At pinagbawalan siya ng Diyos na tumayo sa pulpito, ngunit ginagawa pa rin nila ito. Ang denominasyon, nakikita n'yo na ba kung nasaan na ito?

111 Siya ay isang diyosa. Gaano gumagawa ang diablo! Aba, ang mga Catolico'y ginagawa silang, ang mga babae, mga diyos, nananalangin sila sa mga ito; tama iyan, si diyosang Maria, at ang iba pa. Nauunawaan ko na sa Konsehong Ekumenikal ay sinasabi nilang maaaring mangyari na mas dadalasan nila ang pananalangin kay Jesus kung makahihikayat ito sa pagsali ng mga Protestane. Kita n'yo? Kita n'yo? 0, binabalutan ng asukal! “Hindi nagbabago,” ang sabi nila. lyon pa rin ang dating diablo. Sinabi ng Biblia, na, “pinabigyan niya ang lahat ng isang tanda sa noo, yaong mga hindi nasulat ang pangalan sa Aklat ng Buhay ng Kordero.”

Ang predestinadong Iglesia ang kinakausap ko, hindi ang mga nasa labas. Hindi po. Mula sa bawat grupo, hinugot Niya ang Kaniyang predestinado. Iyan ang Kaniyang babalikan, sa bawat panahon.

112 Datapuwat naroon siya't nakatayo. Hayun siya. Iyon na nga siya; nangangaral ng Salita, humahawak ng Salita, naging isa nang diyosa, at dahilan ng bawat kasalanan. Ang sabi ng Biblia, “Hindi ko ipinahihintulot na ang babae ay magturo, ni magkaroon man ng anumang kapamahalaan,” kundi “maging masunurin siya tulad ng sinasabi ng—ng kautusan.” Kita n'yo? At hindi niya ito magagawa. Ngunit ginagawa nila siyang pinuno ng lupain, alkalde, gobernador; hindi maglalaon at magiging Pangulo na siya. Siya nga. Hayan ka na. Ganiyan, ganiyan ang mangyayari, kita n'yo. At ginagawa iyan ng mga tao dahil wala silang pagpapahalaga sa Salita. Hindi po. Hinding-hindi nila makikita ito.

Tingnan n'yo ang mga Judiong nangakatayo roon, mga iskolar, mahuhusay na lalaki. At ang sabi ni Jesus, “Kayo'y sa inyong amang diablo.”

113 Paano kaya kung dalhin ko Siya ngayon din sa isang paglilitis sa inyong harapan? Subukan lang natin ito sandali, at patawarin nawa ako ng Diyos sa pagpanig ko laban sa Kaniya; ngunit sandali lang, para lang maipakita sa inyo ang isang bagay.

Ano kung sabihin mo, “Aba, ako, luwalhati sa Diyos, nagsalita ako sa iba'tibang wika! Aleluia! Alam ko. Ako'y, siyanga, ako—nasa 'kin na Iyon. Pagpalain ang Diyos. Siyanga!” A-ha, siyanga?

Alalahanin n'yo ang bayang iyon ng Israel. Ang sabi ng Biblia, matapos Niyang tawagin ang bayan palabas, at iligtas sila palabas ng Egipto, winasak Niya sila dahil hindi nila sinunod ang Mensahe. Kita n'yo? Kumain sila ng manang nagmula sa Langit. Kumain sila ng manang pinaulan ng Diyos sa lupa para makain nila, at tumayo sila sa presensiya ng mensahero, at nakita nila ang

Haliging Apoy, at narinig ang Tinig ng Diyos, at nakita itong napagtibay. At pagkatapos, dahil nais nilang paniwalaan si Kore, “Maaaring magkaroon pa ng mas maraming taong banal. Maaaring magkaroon ng ganito, o ng ganoon, o ng iba pa. kinakailangan din nating maging banal. Kailangan nating gawin ito Ang buong bayan ay banal na.” Ang sabi ng Diyos, “Ibukod n'yo ang inyong sarili sa kanila. Lumayo kayo riyan.”

Ang sabi ni Moises, “Ang lahat ng nasa panig ng Diyos, sumama kayo sa akin.” Tama 'yon. Kita n'yo? At bigla na lamang Niyang binuksan ang lupa at nilamon sila.

114 Mga mabubuting tao rin sila. Tiyak iyon, na gayon nga sila. Opo, ngunit hindi iyon ang dahilan. “Hindi ang lahat ng tumatawag ng Panginoon, Panginoon,' kundi yaong tumutupad ng kalooban ng Aking Ama.” “Hindi yaong nagsisimula; kundi yaong nakatatapos.” Iyon ay, walang mga syortkat; ika'y maaalisan ng karapatan pagkatapos ng karera. Walang mga syortkat. Kinakailangan mong tumungo kung paanong sinabi ng Kasulatan. 222 Kung sinasabi Nitong, “Mangagsisi, at mangagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo, at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo,” walang syortkat, pakikipag-kamay, pagsapi sa iglesia o denominasyon. Tahakin n'yo ang Daang iyan! Malibang mamatay kayo sa inyong sarili, at maipanganak ng Espiritu ng Diyos, ika'y—ika' y—ika' y mapapahamak. Iyon lang. Walang ibang mas maikling daan.

Sasabihin mo, "Aba, kasapi ako sa iglesia." Alam ko. Mabuti 'yan. "Buweno, ang nanay ko..." Hindi ko pinagdududahan 'yan, ngunit ikaw ang kinakausap ko. Kita n'yo? Kailangang Doon ka dumaan, dahil walang ibang mas maikling daan; hindi ka papasa sa Paghatol. Dumaan ka sa iisang Daan.

Iisa lang ang Daan, at si Cristo ang Daang iyon. At si Cristo ang Salitang nabubuhay sa iyo, na nagpapatunay sa lahat ng bagay na ipinangako Niya sa kapanahunang nito. Kita n'yo? Nakuha n'yo ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." -Ed.] Tama. Pansinin ngayon.

115 Ang iba ay nagsasabi, "Ang mga taong ito ay mabubuti." Siyanga. Hindi ko sinasabing hindi sila mabubuting tao. Hindi ko sinasabing si Santa Cecilia at ang mga iba pa ay hindi mabubuting babae; ang ina ko rin naman, pero tiyak kong hindi ako dumadalangin sa kaniya. Tiyak na hindi. Tiyak iyon, na nakakita na ako ng napakaraming mabubuting tao, ngunit hindi sila mga diyosa. Sila' y mga taong babae, lalaki. "Iisa lang ang Tagapamagitan sa Diyos at sa tao."

Kung gayon ay bakit, bakit nagagawa ng isang tao, isang Pentecostal, na tao sa sanlibutan . ang liham patalastas na iyon na ipinalabas ni Kapatid na duPlessis, ang mahal nating kapatid. Marahil ay nakatanggap ang ilan sa inyo nito. Nakaupo . . . Siyanga, nakakuha kayo nito. Sa Konsehong Ekumenikal, sa tabi ng papa, at ang sabi, "Napaka-espirituwal noon." Iyan ang pagkilala ng espiritu, hindi ba? "0, ang Espiritu ng Panginoon ay naroroon, napaka-espirituwal." Siyanga. Hayan na.Bakit?

116 Sapagkat ito'y isang pagkakataon para pag-isahin ang mga Protestante at iyon, na nilabanan natin nang maraming taon, at ang Biblia ay nanindigan para rito at nagbababala sa atin na mangyayari iyon. At ang ating . . . isa sa ating dakilang pinuno ay pumasok kaagad, at nagsabing, "Tama 'yan. Iyan ang ginagawa namin," at ang buong iglesiang Protestante ay nahihikayat dito.

At akmang-akma, kung titingnan n'yo iyon, ITO ANG SABI NG PANGINOON. Una, sinabi ito ng Salita. Pagkatapos ang Espiritu ng Panginoon ay nagsabi, noong 1933, na nagsabi rin ng lahat ng iba pang mga bagay na ito tungkol sa mga bansang makikipag-digmaan, at kung ano ang magiging hitsura ng mga makinarya, at lahat ng iyon, ang nagsabi na ganiyang-ganiyan ang magaganap sa huh. At heto na nga ito. Hindi pa ito nabibigo. At dito' y nakikita nating ito'y nagkakahubog.

117 Naaalala n'yo ba ang sermon ko tungkol sa Relihiyong Jezabel (Jezebel Religion) hindi pa katagalan? Naaalala n'yo si Eliseo na naglalakad sa lansangan nang umagang iyon, upang sabihan sila? Iyon, nangaral ako tungkol do' n. Kita n'yo? At kung paano kong itinaya noon na darating ang oras na ang Konsehong Ekumenikal na ito sa kahulihan ay magiging tatak ng halimaw, dahil ito'y makikipag-isa sa halimaw. Nangyayari na nga. Sa aking kapanahunan, nakita ko pa ito. At heto ang mga Protestante, milyun-milyon, nahihikayat dito. Bakit? Iyan kasi ang hinahanap nila.

Sila'y mga bulag! Sinabi ni Jesus sa mga Fariseong iyon, "Kayong mga bulag na taga-akay ng kapuwa bulag. Kung aakayin ng bulag ang kapuwa bulag," ang sabi Niya, "hindi ba't kapuwa sila mahuhulog sa hukay?" At doon na nga sila nangahuhulog. Paano kong mapaniniwalaan na ang taong nanindigang kasama ko at nakipag-usap sa akin, ay magagawang umupo at magbitiw ng ganoong pangungusap! Kita n'yo, "Ito' y natago, mula sa paningin, sa mga pantas at maiingat, at ipinahayag Ito sa mga sanggol na nais matuto."

118 na nais matuto."

Alam kong, isang araw ay magiging mitsa iyan ng buhay ko. Tama iyan. Mangyayari iyan, ngunit dito ang Katotohanan ay naipapabatid. A- ha.

Ang unang pinaslang

sa plano ng Diyos

Ay si Juan Bautista,

ngunit hindi siya

naduwag;

namatay siyang magiting;

Ang Panginoong Jesus, ipinako sa krus

Nangaral na ang Espiritu

ang Siyang magliligtas. (Tama ba 'yon?)

Pinaslang nila si Esteban

Laban siya sa sala,

Lubha silang nagalit,

Pinagbabato Siya.

Namatay Siya sa Espiritu,

Hininga'y naparam,

Napabilang sa ibang bayani,

Sa kalangitan Si Pedro at si Pablo,

si Apostol Juan,

Inialay ang buhay para sa Salita; (Ano'ng ginawa nila?) Ihinalo ang dugo nila sa mga propeta,

Upang ang Katotohanan ay maipangaral.

Sa silong ng dambana,

nananangis sila;

“Kailan kaya malilipol ang makasalanan?”

Mayroon pang ibang nakalaan na maninindigan (Siya nga, tama 'yan.)

Para sa Ebanghelyo,

At sa Dugo ni Cristo.

Patuloy sa pagtulo ang dugo!

Oo, mangyayari ito minsan isang araw,

datapuwat naghihintay

ako sa araw na ito'y magwawakas na.

119 May kapatirang babae na nanaginip. Ipinadala niya iyon sa akin, ang sabi, “Nakita ko sila, ang iglesiang iyon ay nagsaayos ng isang paraan upang paslangin,” ako, nang palihim, minsang ako' y pababa ng aking kotse, habang papasok, papuputukan mula sa . . . Datapuwat ang sabi, “At nang magkagayon ay sinabi ng Espiritu, 'Hindi pa sa oras na ito, ngunit mangyayari ito sa ibang pagkakataon.'” A-ha

Huwag nawang itulot ng Diyos na magkompromiso ako sa anumang bagay. Wala akong ibang alam maliban kay Jesus Cristo at Siya na napako sa krus. Nabubuhay tayo sa isang nakatatakot na panahon. Ang kasalanan ang gumawa nito. Opo. Kanilang—binato nila si Esteban. Ipinapugot nila ang ulo ni Juan, ipinapugot ng babaeng iyon. Hindi ko alam kung sa anong paraan natin iaalay ang sa atin, ngunit mangyayari ito isang araw. Tama, pansinin.

120 Sa San Juan, kung nais n'yo ang Kasulatan diyan. San Juan 6:49, kung saan sila kumain ng mana, at ang sabi ni Jesus, “At bawa't isa sa kanila ay nangamatay.”

Sasabihin pa, “Buweno, ang—ang kapatid kong babae, ang babeng ito, na—nakita ko ang babaeng ito na nagsayaw sa Espiritu.” Ay, siya nga. Aha. “Nakikita kong ginagawa nila iyon. Nakita ko siyang nagsasalita ng ibang wika. Nakita ko siya . . .” Siya nga.

Ang sabi ni Jesus, “Marami ang lalapit sa Akin sa araw na iyon, at magsasabi, Ginawa ko ang lahat ng mga bagay na ito.'” Kita n'yo? “Kumain sila ng mana sa ilang,” ang sabi ni Jesus, “at bawa't isa sa kanila ay, ihiniwalay nang Walang Hanggan. Sila'y nangamatay.” Iyon ay pumanaw na sa Walang Hanggan. Napahamak sila doon din sa ilang.

121 Naaalala n'yo ang Hebreo ika-6 na kabanata, “Yaong mga nakakilala sa Katotohanan, at tumangging lumakad Dito, wala nang pagsisisi para sa kanila.”

Kita n'yo, isang guhit-hangganang mananam-. . . Kapag ang Katotohanan ay inihain sa isang tao sa huling pagkakataon, at pagkatapos ay tanggihan nila Ito; ayon sa Aklat ng mga Hebreo, kita n'yo, sila'y. . . walang anumang bagay sa mundo ang makapagliligtas pa sa kanila.

Tapos na sila. Wala nang pagsisisi, walang katubusan, wala nang natitira pa para sa kanila. Sila'y naihiwalay na magpa-Walang Hanggan. Sinabi iyan ng Biblia, “Inaabangan ang nakatatakot na apoy at galit na tutupok sa kaaway.” At kapag ang katotohan ng Ebanghelyo ay napatunayan na, I ubusang nabindika, at pagkatapos ay tatalikod ka at lalayuan Ito, tapos na sila. Iyon lang. Nakakatakot ito, ngunit kailangan ko itong sabihin.

Alalahanin ang mga Anghel na hindi nagawang ingatan ang una nilang katayuan, bagkus ay naiwan doon sa hilangguang iyon sa kadiliman, kung saan ang sanlibutan ay naglalakad ngayon sa bilangguan ding iyon, wala nang pagsisisi.

122 Naaalala n'yo ba ilang taon pa lang ang nakalilipas, sinabi ko, nang ako'y manggaling, sa Chicago, "Kung hindi tatanggapin ito ng America sa taong ito, ay hindi na niya matatanggap ito kailan man." Nakikita n'yo ba kung saan na ito nagtungo? Siya nga.

Ngayon ay iniisip ko kung ito na nga ba ang Ikatlong Hatak? 0 Diyos, malayo nawa sa akin ito! Para kaya riyan ang Ikatlong Hatak? Iyan nga kaya? Ay, naku! Isipin n'yo ito, mga kaibigan. Isipin n'yo ito; ayaw ko.

Ang sabi ni Jesus, "Ang ganitong uri ng pagpapaimbabaw . . ." Kung nais n'yong isulat 'yan, sa Mateo 23,-siete. I—isinulat ko rito, "basahin mo iyan," at makikita n'yo. "Kayong mga Fariseong bulag!"

123 Mayroon pa kaya kayong mga dalawang minuto lang? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen." -Ed.] Tingnan natin. Buklatin lang natin iyon, 'pagkat ang sabi ko, "basahin mo ito." Mayroon akong isang bagay doon na nais ko munang basahin bago tayo . . . Ngayon maaaring putulin ko ang iba pang bagay dito, datapuwat kun—kunin lang natin ito sandali. Mateo 23, sandali lang, tama, at magsisimula tayo sa ika-27 talata. Makinig lang. Basahin n'yo ang kabuuan pag dating n'yo sa bahay, kung gusto n'yo. Ilang sandali na lamang.

Ngayon ay masdan n'yo ito. Mateo 23, at simulan sa talatang 27, "Sa aba ninyo, mga eskriba!" Ngayon, alalahanin, banal na tao ang kausap Niya rito. Sa aba ninyo, eskriba at kayong mga Fariseo,mga mapagpaimbabaw! sapagkat tulad kayo sa mga libingang pinaputi (iyon ay mga patay na tao, kita n'yo), libingang pinaputi, na may anyong maganda sa labas, datapuwat sa boob ay puno ng mga buto rag mga patay na tao, at ng lahat na karumaldumal.

Mga pagpapaimbabaw at inggitan at pagtatalu-talo, sa boob nila; sa labas, "Ako si Duktor Ganito at ganiyan." Guyon din naman kayo sa labas, ay nagaanyong matuwid sa mga tao, (tingnan n'yo ang Konsehong Ekumenikal at ang mga Pentecostal na nakaupo roon), datapuwat sa boob ay puno kayo ng pagpapaimbabaw at ng katampalasanan,

Ano ang katampalasanan? Tsang bagay na alam mong tama pero ayaw mong gawin. Si Jesus, ngayon ay masdan kung ano ang Kaniyang kung anong salinglahi Niya ito inilalagay ngayon. Sa aba ninyo mga eskriba at mga Fariseo, mga mapagpapaimbabaw! sapagka't itinatayo ninyo ang mga libingan ng mga propeta, at inyong ginagayakan ang libingan ng mga matuwid, kita n'yo, "O, ang mga propeta!" At sinasabi ninyo, Kung kami sana ang nangabubuhay nang mga kaarawan ng aming mga magulang disi'y hindi kami nangakaramay nila sa dugo ng mga propeta. 248 "Disin sana'y pinaniwalaan namin ang Salita ng Panginoon kung nabuhay kami noon." Masdan. Kaya't kayo'y nangagpapatotoo sa inyong sarili; na kayo'y mga anak niyaong mga nagsipatay ng mga propeta. Punuin nga ninyo ang takalan ng inyong mga magulang. 249 Iyan nga ang nagaganap. Ngayon, masdan kung ano ang Sinabi Niya rito. Kayong mga ahas, kayong lahi ng mga ulupong, paanong mangakawawala kayo sa kahatulan ng impiyerno?

124 25° Paano n'yong nagagawa ito? Ngayon ay nangungusap Siya sa mga ministro, kita n'yo, tama, mga taong banal. Paano n'yo nagagawang tumayo samantalang alam n'yong ang Biblia ay nagtataya at nagsasabi sa mga taong huwag gagawin iyon, at nagagawa n'yong tumayo riyan at magkompromiso dahil lang sa ilang walang kuwentang mabahong dolyar, o dahil sa popularidad, at para may tumapik sa inyo sa likod at tawagin kayong "Duktor?" Paano n'yo sasabihing mahal n'yo ang mga taong iyon? Nangangaral din ako sa teyp. Kita n'yo?

Paano n'yong nagagawa ito, paano n'yong nagagawang sabihing mahal n'yo ang mga taong iyon, at hayaang ang isang bagay na tulad no'n ay mangyari? Kita n'yo? Kayo—kayong mga Fariseo, mga bulag, mga ahas, lahi ng mga ulupong, paano n'yo matatakasan ang kahatulan ng impiyerno? Kapag kayo . Paanong magagawa ng isang tao ngayon, na nakaaalam na ang mga bagay na ito ay mali, at pagkatapos ay tatayo roon at hahawakan ang kongregasyon, at palalaguin ang kaniyang denominasyon, at mabibigong sabihan ang mga kababaihan at kalalakihan? Paano n'yong matatakasan ang galit ng impiyerho, samantalang nilikha iyon para sa inyo? Paano n'yong magagawa ito? Kita n'yo?

Makinig, makinig dito. Ano ang kahihinatnan nito? "Kung magkagayon . . . " talatang 34. . . . narito, sinusugo ko sa inyo ang mga propeta,...

"Susuguin ko," sa hinaharap. Hayun ang mga Fariseo ninyo na nagsisibalik nang muli. Kita n'yo? . . .pantas na lalaki,. . . at mga eskriba; at ang iba sa kanila'y inyong papatayin at ipapako sa krus; at ang mga iba sa kanila 'y inyong hahampasin sa inyong mga sinagoga, at sila'y inyong pag-uusigin sa bayan-bayan:

125 Inihula Niyang magsusugo Siya sa kanila ng mga propeta, taglay ang Salita ng Panginoon. At ano ang gagawin nila? Kung ano rin ang ginawa ng mga magulang nila, dahil iyan ka. Kita n'yo, ang mga

espiritu ay hindi namamatay. Ang mga taong kanilang nilulukuban ang namamatay, datapuwat ang mga espiritu ay hindi namamatay. Ang sabi Niya, "Kayo ang mga anak. Kayo iyon." At pansinin n'yo lang kung paano ang mga bagay na ito.

126 Kung paanong si San Pablo ay tumayo roon (naniniwala ba kayong siya'y isang propeta?) at kinundena ang mga babae, na nagpapagupit ng kanilang buhok; kinundena ang kanilang mga organisasyon; ipinatalastas na ang bawat taong hindi bautismado sa Pangalan ni Jesus Cristo ay dapat dumulog upang magpabautismong muli. Tama iyan.

At ngayon ay nagkukompromiso sila at pinatatamis ito. Wala na silang iba pang alam, dangan kasi. Nakakaawa. Kung tapos na ang oras, maaari kong sabihin ito, kita n'yo: bulag sila,.itinalaga para mabulag. Mahabag nawa ang Diyos. Hindi nila makita ito.

Ang sabi ni Jesus, "Kayo'y bulag. Kayong mga bulag na eskriba at Fariseo, kayong mga mapagpaimbabaw! Samantalang binabasa n'yo ang iisang Salitang binasa ng lahat sa kanila, at heto kayo at kinukundena Ako. At Ako nga ang sinabi ng Salitang lilitaw sa araw na ito. Ako ang nakatakdang maging Mensahero ng araw na ito. Ako ang Mesiyas," sinabi Niya sa napakaraming salita, "Ako ang Mesiyas. Nabigo na ba Akong patunayan ito? Kung hindi ko nagawa kung ano ang naisulat tungkol sa Akin, kung gayo'y ikundena n'yo Ako. At kayong mga bulag na Fariseo, inaakay n'yo ang inyong mga tagasunod sa isang kamaliang tulad niyan, at isinusubo silang lahat." Ang sabi, "Bueno, ang bulag ay umaakay sa kapuwa bulag." Ang sabi, "Kayo'y ."

127 Ang sabi n'yo, "0, kung nabuhay lang ako noong panahon ni San Pablo, siya nga, disin sana'y pumanig ako kay San Pablo."

Kayong mga mapagpaimbabaw! -Kita n'yo? Bakit hindi kayo pumanig sa kaniyang Doktrina? Gagawin n'yo rin noon kung ano ang ginagawa ninyo ngayon, dahil kayo' y mga anak ng inyong mga ama, ng inyong mga makaorganisasyong mga ama: mga Fariseo, mga Saduseo, at makapansariling pagmamatuwid. Iya' y—iyan na 'yon. A-ha. Sasabihin ko sa inyo, at—at sa oras na kinabubuhayan natin, iniisip ko kung ito na ang Ikatlong Hatak? Sandali lang, kita n'yo, ang sabi ni Jesus, "Ang ganitong uri ang tumatanggap ng higit na kahatulan." Kita n'yo? Hindi ba napakasama nito?

128 Bilang isang dakilang Amerikano, minsan, nang ang bansang ito'y malapit nang masakop ng kaaway, may isang lalaki sa hatinggabi, na sumakay sa kabayo at pinatakbo ito sa lansangan, na nagsisigaw, "Dumarating ang kalaban!" Si Paul Revere iyon.

Amerikano rin ako. At ako'y nakasakay sa kabayo, sa oras na ito ng hatinggabi, hindi ko sinasabing dumarating ang kalaban, kundi naririto na siya! Hindi siya dumarating; naririto na siya! Nakapanakop na siya. Nangangamba ako na baka natapos na; nananakop, sa oras na ito ng hatinggabi.

129 Alalahanin n'yo, sa Tucson, ang pitong Anghel, kung ano ang Mensahe, "Ang pagwawakas ng hiwaga ng Diyos." Pagkatapos na pagkatapos niyaon, bumaba sa hilera .

Narinig n'yo nang lahat ang tungkol sa kabundukan. Pansinin. Kumuha si Kapatid na Fred ng mga litrato nito, at maging si Kapatid na Tom. At mayroon din akong ilang mga litrato, at ilang pelikula, lahat na. Ipapalabas namin ito rito isang araw, at ipapakita namin sa inyo kung nasaan iyon. Alam n'yong lahat ang kuwento.

Masdan, ang tatlong tuktok. Ang sabi Niya, "Hayun ang iyong Una, Ikalawa, at Ikatlo."

130 At si Kapatid na Fred ay may napakagandang litrato nito, nang siya at si Kapatid na Martha ay magdaan doon. Ang mga ulap ay tumaas mula sa hamog sa lupa, at natakpan ang iba pa sa kanila, at ang nakalitaw lang ay ang Tatlong Hatak; isa rito, isa rito, at isa roon. Kita n'yo? Ang pito!

131 Masdan, ang Una, tatlo. Ang tatlo ay kasakdalan. lyon ay nang nagpasimula ang lingkuran.

Ang Ikalawang Hatak ay ang pagkakilala ng mga espiritu, ang propesiya. (Ang una ay ang pagpapagaling sa maysakit.) Ang Ikalawa ay ang propesiya na lumabas, at nabatid nito ang lihim ng mga kaisipan, nang ang Salita Mismo ay maipamalas. At, iyon ay biyaya.

Ngunit, alalahanin, ang ikapito ang katapusan. Ito na kaya ang katapusang Hatak, tapos na? Ito na nga ba? Isipin n'yo ito ngayon. Magisip lang kayo. Nasaan na kayo? Kita n'yo? Ang pito ay laging katapusan. Tatlong Hatak!

132 Ang lingkuran ni Jesus ay binuo ng Tatlong Hatak. Alam n'yo ba 'yon? Pansinin! At maging sinsero kayo, kung hindi pa kayo nagiging sinsero sa buhay n'yo, ngayon sa loob lamang ng ilang sandali, ng ilang minuto.

Ang Unang Hatak Niya ay ang pagpapagaling sa maysakit. Naging popular Siya. Lahat ay naniwala sa Kaniya, tila baga. Tama ba 'yon? Nang magsimula Siyang magpagaling ng maysakit, lahat na lang ay nais

mag-anyaya sa Kaniya sa kanilang simbahan.

Ngunit isang araw ay nag-iba Siya at nagpasimulang manghula, dahil Siya ang Salita, at Siya ang Propetang ipinangusap ni Moises. At nang pumaroon Siya upang sabihan sila, at sabihin sa kanila kung paano silang namumuhay, at ang mga bagay na ginagawa nila, inayawan na Siya ng mga tao. Iyon ang Ikalawang Hatak Niya.

Iniisip ko kung naitipo kaya itong muli? Mag-isip lang kayo sandali. Ito na nga kaya? Ang Una, pagpapagaling, bawat isa. Ang Ikawala: "0, baka iyan ay Jesus Only. Baka si Beelzebub iyan, baka iyan ay isang..." Ganiyan din ang ginawa nila roon. Kita n'yo? Ang dati ring mga espiritu na nananahan sa gayon ding uri ng mga tao, mga taong nahatulan na, na hinding-hindi na maliligtas, dahil nahatulan na sila; sila, tulad ni Judas Iscariote, isinilang na anak ng pagsuway. Sasabihin mo, "Si Judas?" Siya nga.

133 Alalahanin, napakarelihiyoso niya, datapuwat hindi niya matanggap ang kabuuan ng Mensahe. Kaya niyang tanggapin ang bahagi nito, datapuwat ang iba'y hindi niya masikmura. Tanggap nila ang pagpapagaling at ang mga bagay na gaya nito, ngunit pag dating sa pagpapalitaw ng Diyos ng mga eskwirel sa pamamagitan ng pagsasalita, ay nagiging napakalalim nito para sa

kanila. "Hindi maaari!" Iyon ay si Judas. Ang Espiritu niya ay makapamumuhay lang hanggang sa dakong iyon. Hindi na siya makatuloy pagkatapos noon. Kita n'yo?

Tanggap nila si Moises nang hawiin niya ang Dagat na Pula, at iba pang tulad no'n. Datapuwa't nang dumating na sa pagsasabi niya, hindi na sila, na hindi sila dapat gumawa ng ganito at ganoon, o ng iba pa. "Ginagawa na niyang Diyos ang sarili niya, sa itaas natin." Kita n'yo hindi na nila kayang puntahan iyon, sina Kore at ang mga kasama niya. Kaya't kailangan nilang magkaroon ng isang organisasyon, kaya't bigla na lang silang nilulon ng Diyos.

134 Ang lingkuran ni Jesus, nang nagpapagaling Siya ng maysakit, "Kahanga-hanga Siya, ang batang Propetang iyon ng Galilea! Aba, pinadidilat Niya ang mga bulag. Nakapagpabangon pa nga Siya ng patay. May tatlo tayong kaso nito. Totoong nakapagpapabangon Siya ng patay."

Ngunit isang araw ay nag-iba Siya, ang sabi, "Kayong lahi ng mga ulupong. Nililinis ninyo ang labas ng pinggan. Para kayong banal, ngunit ang kalooban n'yo, dili't iba kundi isang bungkos kayo ng mga ahas." 0, nang ang propesiyang iyon ay lumabas, hinahatulan ang organisasyong iyon, nang magkagayon ay nabago ito. Nilabanan na nila Siya. Tama 'yan. At sa kahulihan. sa pagtanggi nila sa Kaniya, ipinako nila Siya sa krus.

135 kahulihan. sa pagtanggi nila sa Kaniya, ipinako nila Siya sa krus.

Datapuwat hindi mo makikitil ang Lingkuran. Patuloy itong nabubuhay. Maari mong patulugin ang mensahero, ngunit hindi ang Mensahe. A-ha. Tama. Patuloy Siyang nabuhay. At pansinin nang ang Ikatlong Hatak ng Kaniyang lingkuran ay dumating. Ang Una ay ang pagpapagaling sa maysakit.

Ang Ikalawa ay ang pagsaway sa mga organisasyon, at panghuhula; kung ano ang nagawa nila, kung ano sila, at kung ano ang mangyayari. Kung ano ang nangyayari, kung ano ang nangyayari, ang mangyayari; at kung ano na ang nangyari, kung ano ang nangyayari, at ang mangyayari. lyon ang ginawa Niya. Tama ba 'yon? [Ang kongregasyon ay nagsabi, "Amen."]

Datapuwat ang kaniyang Ikatlong Hatak ay nang mangaral Siya sa mga pahamak na hindi na maliligtas kailan man. Naroroon sila kung saan naroroon ang mga malalaki, pinintahang mga matang iyon, "Ooh, ooh!" Nangaral sa mga kaluluwa sa impiyerno, na hindi tumanggap ng awa, kundi nahiwalay na magpa-Walang Hanggan mula sa Presensiya ng Diyos. Datapuwat kinailangan nilang kilalanin iyon, kung ano Siya, dahil ginawa Siya ng Diyos doon.

Iniisip ko kung ang lingkuran Niya ay papanhik din bang tulad niyon sa mga huling araw, kung paano noon? "Kung paano Akong isinugo ng Ama, gayon Ko rin kayong isinusugo. Ang mga gawang Aking ginawa ay gagawin n'yo rin."

136 Napahamak na, hinding-hindi na maliligtas. Tinanggihan na nila ang awa. Iyon ang Kaniyang Ikatlong Hatak.

Ngayon mayroon bang tanong? Ang Unang Hatak Niya, pinagaling Niya ang maysakit. Tama ba 'yan? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen." —Ed.] Ang Ikalawang Lingkuran Niya, Siya'y nanghula. Ang Ikatlong Lingkuran Niya ay ang pangangaral sa mga napahamak na magpaWalang Hanggan. Ang tatlong bundok, at iba pa; ang napahamak na, Walang Hanggan!

137 Ang lingkuran ni Noe, ang lahat ng mga lingkuran, ay gayon din ang ginawa. Si Noe ay nangaral. Tamang-tama iyan. Siya'y pumasok sa daong. At nang siya'y pumasok sa daong, sa loob ng pitong araw ay walang nangyari. Ang patotoo niya ay nangaral sa mga naisumpa na.

Ang Sodoma at Gomora! Tinukoy ni Jesus ang dalawang iyon bilang pagdating. "Bago dumating ang Anak ng tao, gayon din ang magaganap tulad ng mga kaarawan ni Noe, magkakagayon din, tulad ng mga kaarawan ng Sodoma." Tinukoy Niya si Noe.

May tatlong Hatak si Noe, at ang ikatlo niya ay sa mga pahamak matapos ipinid ang pinto. Sapagkat, hinayaan ng Diyos na manatili iyon doon, kung saan ay walang makapapasok o makalalabas. Nasa boob sila. Sapagkat, (tulad ng sa ikapitong bundok) ang pinakamataas na bundok, doon Niya pinalapag ang daong, sa bundok. Kita n'yo? Tama ba 'yon?

138 Sa mga kaarawan ng Sodoma, ang Unang Hatak ay ang matuwid na si Lot. At ang sabi ng Biblia, "Ang mga kasalanan ng Sodoma ay nakahahapis sa kaniyang matuwid na kaluluwa araw-araw," kung paano kumilos at kung ano ang ginawa ng mga babaeng iyon.

Alalahanin n'yo, "Kung paano ang mga kaarawan ni Noe." Ano ang ginawa nila noon? "Nagsisikain, nagsisiinom, nagsisipag-asawa, nakikisama." Mga babae, kita n'yo, mga babae. Ano ba ang naging kalagayan ng mga kaarawan ng—ng Sodoma? Mga babae.

At ang unang mensahe ay si Lot. Pinagtawanan nila siya.

Pagkatapos ay nagpasugo sila ng iba pang mga mensahero, dalawa sila, at siya'y nagtungo roon. Iyon ang Ikalawang Hatak dahil si Lot .. . para sa Sodoma.

Ngunit tingnan n'yo ang Isang huling nagtungo roon, parami ng parami ang awa. Natapos iyon noon, tapos na ang lahat sa pagkakataong iyon. Ang ikatlong Mensaherong nagtungo roon, ang Ikatlong Hatak, ano Siya? Ano'ng uri ng lingkuran ba ang taglay Niya? Naupo Siyang kasama ng mga hinirang, at sinabi sa kanila kung ano ang nagaganap sa likuran Niya. Tama ba ' yon? Datapuwat nang magtungo Siya sa Babilonia, o sa Sodoma, nais Niyang makakita .. . 291 Maging si Abraham, ay tumatangis, "Kung makakasumpong ako ng limampung matuwid?" Hanggang sa bumaba iyon sa "sampung matuwid?" Ang sabi ng Diyos, "Oo, maghanap ka ng sampung matuwid."

139 May sasabihin ako sa iyo, kapatid na babae, sandali lang. Maaaring makaluma kayo, datapuwat mayroon kayong taglay na wala sa mga reyna ng sex na ito. Mayroon kayong isang bagay na hinding-hindi siya magkakaroon. Tama. Maaaring makaluma ka sa iyong pananamit, nagdadamit kang tulad sa isang matimtimang babae. Maaaring sabihin nila, "Tingnan mo ang makalumang holy roller na iyon." Huwag kang mag-alala. Mayroon siyang taglay na wala sa reyna ng sex na iyon, na ang buong mundo'y tumitingin sa kaniya roon, wala sa kaniya iyon. Hindinghindi siya magkakaroon niyon. Siya'y napahamak na, magpa-Walang Hanggan. Isinumpa na siya. Kita n'yo? Siya'y hinding-hindi na. . . Ikaw ang may moral; may kagalingan ka. Siya'y walang kahit ano. Mayroon siyang bitag na sumisilo ng mga kaluluwang ligaw sa impiyerno. Ang bulag ay lumalakad papasok doon. Ngayon, may isang bagay kayong taglay.

140 Alam n'yo, marahil ay wala ka sa aklat ng simbahan, datapuwat maaaring ang matuwid mong buhay ang pumipigil sa galit ng Diyos sa mundo ngayon. Hindi paniniwalaan ito ng sanlibutan. Ikaw na babaeng binabansagang holy roller, ikaw na lalaking halos ay walang alam, datapuwat tumatangis ka sa Diyos, araw at gabi, dahil sa mga kasalanan ng bansa, maaaring ikaw ang pumipigil ng galit, "Kung makakasumpong Ako ng sampu, paliligtasin Ko ito. Kung makakasumpong Ako ng sampu!" "Kung paano ang mga kaarawan ng Sodoma, gayon din ang magaganap." Nakikita n'yo ba ang gusto kong sabihin? 294 Hindi, "Kung makakasumpong Ako ng sampung Metodista, kung makakasumpong Ako ng sampung Baptist, kung makakasumpong Ako ng sampung Pentecostal, kung makakasumpong ng sampung atleta, kung makakasumpong Ako ng sampung senador, kung makakasumpong Ako ng sampung ministro."

Kundi, "Kung makakasumpong Ako ng sampung matuwid!" Iisa lang ang matuwid, iyon ay si Cristo. Si Cristo na nananahan, Isa sa kanila—sa kanilang sampu, kita n'yo, "Paliligtasin Ko ito."

141 Datapuwat ang huling mensaherong iyon ay nangaral sa mga nasumpa na. Sasabihin mo . Nagtungo Siya roon. Hindi sinabi ng Kasulataii kung ano ang nangyari, ngunit umulan ng apoy kinaumagahan, tama, matapos Niyang ipakita ang mga tandang iyon, pagkatapos na pagkatapos Niyang ipakita ang Kaniyang lingkuran ng propesiya. "Bakit tumawa si Sara?" Ang sabi niya, "Hindi ako tumawa." Ang sabi, "Oo, tumawa ka." Kita n'yo?

Ngayon, pagkatapos na pagkatapos niyon, pumasok Siya sa Babilonia, o doon sa Sodoma. Hindi Niya sila nasumpungan, kaya't bumagsak ang apoy. Nasumpungan niya si Lot at ang dalawa. niyang anak, ang sabi, "Lumabas kayo rito ngayon din." Kita n'yo? Lumabas ito. Nagpunta Siya roon. Alalahanin n'yo, paparoon na Siya. Nagpasugo na Siya ng mga mensahero sa Kaniyang unahan, ngunit bumaba Siya Mismo, tama, para malaman kung totoo nga ang lahat ng bagay na ito. At nasumpungan Niya itong punung-puno ng ano? Mga babaeng pinturado ang mukha. Ang Mensahe sa mga nasumpa na. Ano'ng ginawa nila? Pinagtawanan ito.

142 Ano ang ginagawa nila ngayon? Gano'n din. "Kabilang ako sa Assemblies. Kabilang ako sa Oneness. Ako' y—ako'y . . . sumayaw na ako sa Espiritu. Luwalhati sa Diyos, nagsasalita ako ng ibang . . ." Tama,

magpatuloy ka. “Gugupitan ko ang buhok ko kung gusto ko. Gagawin ko ito. Sa—sasabihin ko lang ito. Hindi ko na kailangang magpabautismo pa sa Pangalan ni Jesus. Hi— hindi mahalaga sa akin kung ano'ng sinabi. Iyan namang si Pablo ay isang matandang galit sa babae. Iyan ay isang...” Sige, magpatuloy kayo. 299 Isa sa mga araw na ito, kung hindi n'yo pa nagagawa, ay tatawirin n'yo ang guhit na iyon. Hindi mo na nanasaing gumawa ng kung ano ang matuwid. Narinig n'yo ba ang sinabi ko? Ito ay isang bagay na.. . Kapatid na lalaki, kapatid na babae, napagtatanto n'yo ba kung ano ang naipangusap? Tatawirin n'yo ang guhit na iyon, at hindi mo na nanasaing pang gawin iyon. Pakikinggan mo pa rin ang Ebanghelyo, oo, ngunit hindi mo na Ito tatanggapin kailan man. Hindi mo na Ito matatanggap. Datapuwat ang Ebanghelyo ay maipapangaral sa mga naisumpa na, yaong mga napahamak na magpa-Walang Hanggan, hindi na maliligtas pa. Naroroon ka na sa dakong iyon, at hindi mo namamamalayan ito. Ang akala mo'y namumuhay ka sa kasiyahan, at patay ka na pala samantalang nabubuhay ka pa.

143 O, makinig. Lahat ng tumanggi sa Mensahe ng oras na ito, bago pa ang pagsumpa, ang Ebanghelyo ay naipangaral na muna sa mga nasumpa na, bago sila naparoon; walang awa. Si Noe, nasarhan, ay isang patotoo. Ipininid ng Diyos ang pinto, pagkatapos ng Ikatlong Hatak na ito. Pagkatapos ng Ikatlong Hatak sa Sodoma, napinid ang mga pintuan. Wala nang awa. Wala nang masumpungang sampu. At naipangaral na ang Ebanghelyo sa mga napahamak na, yaong hindi na maliligtas, dahil talagang . . . Gano'n lagi ang nangyayari sa bawat kapanahunan, bawa't kapanahunan ay tumatanggi sa Mensahe bago ang paghatol.

Nagawa na naman kaya nila-itong muli? Ang pagpapakita bang Iyon sa isang Haliging Apoy dito sa may ilog? Ang pagpapakita bang iyon ay kasama ng Mensahe ng pagbatikos sa mga babae, at ang paghahagis ng mga Lugar kung saan dapat ito mailagay, at sinasaway ang mga ministrong iyon na kumakampi sa denominasyon sa halip na manatili sa Salita? Samantalang, lubos nang binindika ng Diyos na Siya Iyon, at hindi ang sinumang abang ignoranteng, hindi arana bagay na tulad ng isang tao.Ang Diyos iyon! At humantong na ba tayo sa kalagayan kung saan -ang Ikatlong Hatak ay muli na namang babalik sa mga napahamak na, magpaWalang Hanggan?

144 Iyon na ba ang pangitaing iyon na ibinigay sa akin, doon, nung maliit na bata pa ako? At nagtungo na ako sa Kanluran, at naroroon ang ginintuang Krus ng Ebanghelyo na sumisinag pababa, at ipinakita ang tanda mula sa Langit, nang akmang-akma. Tandaan n'yo, ang Krus ay nasa isang panoramic, tulad sa isang—tulad din sa isang piramide, ang pagkakayari. Kita n'yo? Iyon na kaya ang ulong bahagi kung saan ito'y matatapos, at nagmula rito at pumanhik sa pagkapangulo?

145 Gaya ng piramide, tumaas ito mula kay Luther, kay Wesley, sa Pentecostes. at pagkatapos ay ang paglapag ng tuktok na bato. Ito na nga kaya iyon? Kung ito na iyon, nasaan na tayo? [Kumatok ng pitong ulit si Kapatid na Branham sa pulpito -Ed.] Ito, marahil ay ito na. Umaasa akong hindi pa, ngunit ito na nga yata iyon. [Kumatok ng tatlong ulit si Kapatid na Branham sa pulpito.] Mangyayari ito. Pakatandaan n'yo lamang, ang mga lingkurang iyon ay kinakailangang magkagayon, lagi silang magkakatugma, sa isa't-isa. Kailangan itong mangyari. At ang Diyos ay hindi nagbabago. Isipin n'yo ito! 304 Kagatin ninyo ang inyong kunsensiya ng inyong espirituwal na ngipin, nang masumpungan n'yo kung nasaan na tayo. Paano kung ito na nga, at ganiyan ka pa rin? Kung magkagayo' y lumakad ka na lang . . . Tapos ka na, yaong mga nasa labas. Matapos kunin ang Aklat ng Kordero, ang Ikaanim na Tatak ay nahayag na at ang lahat ng mga Tatak, tapos na. Maaaring ito na nga. Sana naman ay hindi pa. Maaaring ito na nga. Tama. Ngayon, iyan ba ang dahilan kung bakit ang Ikatlong Hatak na ito ay masyadong nagtagal?

146 Pansinin n'yo, ang Unang Hatak at ang Ikalawang Hatak ay sumulong mula sa isa tungo sa isa. Inihula ko, kung natatandaan n'yo, nang ako'y magpasimula, doon sa Una. At ang sabi ko, “Darating ang panahon, malalaman Nito maging ang mga lihim ng mga puso.” Naaalala n' yo pa ba? Ilan ba? Aba, naaalala n'yo pang lahat iyon, sa aking mga pagtitipon kung saan-saan. At isang gabi ay bigla na lamang akong lumakad papasok sa Regina, doon sa itaas, at lumakad sa plataporma; at naroon si Kapatid na Baxter, may ilang libong katao ang naroroon. At may isang lalaking lumakad sa plataporma, [Minsang pinasaltik ni Kapatid na Branham ang kaniyang daliri -Ed.] at hayun na nga iyon. At mula noon ay lagi nang ganoon.

147 Ngunit maraming taon na ang lumipas [Kumatok ng ilang ulit si Kapatid na Branham sa pulpito -Ed.] mula nang tumigil ako sa pangangaral sa labas, apat, mga limang taon mula nang tumigil ako. Ano ito? Ano ang naging sanhi nito? Dahil ba iyon sa katulad din ito nang naganap sa pasimula, sa Genesis, “ang pagpapahinuhod ng Diyos?” 307 Alalahanin n'yo, nang likhain Niya ang mundo, sa ikapitong araw ay wala Siyang nilikha. Nagpahinga Siya. Kita n'yo? Ang Diyos ay nagpahinuhod sa ikaanim na taong iyon, dahil ayaw Niyang sinuman ay mapahamak, bagkus ang lahat ay makapagsisi. Ang Diyos ay mapagpahinuhod. 308 Muli, na naman, sa Genesis 15:16, kung gusto n'yong isulat ito, 16,15. Sinabi Niya kay Abraham, “Doon sa lupain ng mga Amorita, ang kanilang kabuktutan,” sila'y mga Hentil ha. Hindi ko kayo madadala roon sa ngayon, 'pagkat ang kabuktutan ng mga Amorita, ng mga Hentil, ay hindi pa umaapaw. Ngunit hahatulan Ko sila. [Kumatok si Kapatid na Branham ng ilang ulit sa pulpito -Ed.] Darating Ako sa ikaapat na salinlahing iyon, at pagkatapos ay hahatulan ko ang bansang iyon sa pamamagitan ng tungkod na

bakal." Tama ba 'yon?

148 Gano'n na ba katagal ito, na ang pagpapahinuhod ng Diyos, ang lingkuran sa tuwina, sa pamamagitan ng teyp at lahat ng iba pa, ay sumuyod sa buong mundo, upang malaman kung mayroon pang isa? Datapuwat maaari ring ang kahuli-hulihang isang iyon ay pumasok na kamakailan lang. Nangyari na kaya na ang kabuktutan ay naging—naging napakatagal na? Kung si Jesus ay hindi nagbabago, at gayon nga Siya, Mga Hebreo 13:8, ang mensahe Niya ay dapat gayon pa rin. (Magtatapos na ako.) Ang kilos Niya ay dapat gayon pa rin.

149 Kung ang Una at Ikalawang Hatak ay walang kuwestiyon! May tanong ba kayo sa isip n'yo tungkol sa Una at Ikalawang Hatak? Nangyayari ba ito gaya ng sinabi Niya.? [Ang Kongregasyon, "Amen."] Kung gayon bakit kailangang kuwestiyunin ang Ikatlo? Bakit n'yo Ito kukuwestiyunin? Ang unang dalawa ay ipinakilala ng Kasulatan. Pinatunayan ko sa inyo sa umagang ito na ang Ikatlo ay ipinakilala rin ng Kasulatan. 311 Tingnan n'yo ang sanlibutan, tingnan kung nasaan na siya. Tingnan kung paano nilang tinanggihan ang Katotohanan, at kung paano itong maayos na naipakilala, ang bahaging hula. Nasaan na tayo ngayon? 0 Diyos, mahabag Ka! Pinadudugo niyan ang puso ka sa boob. Ano kaya ito? Nasaan na tayo?

150 Tandaan, ang pitong tugatog na iyon, ang mga iyon ang makapagsasabi sa inyo. Ito' y . . . wala nang iba pang tugatog pagkatapos niyon. lyon ay nasa Paghahati ng Kontinente. Patungo na sa disyerto iyon, mula roon. Ang Walang Hanggan ay papasok na. Pitong mga tugatog, doon mismo sa Paghahati ng Kontinente. Iyon ay sa pinakagitna ng tama at mali. At sa dulo noon, ang Ikatlong Hatak ang panghuling Hatak ng hanay na iyon. Tama ba 'yon? Kita n'yo? Tama.

151 Pumasok si Noe, at pagkalipas ng pitong araw, walang nangyari, kita n'yo. Sa boob ng pitong araw ay dumating ang kahatulan. Kung sana'y. . . Makinig ngayon, sa pagwawakas. Kung sana, sa panahon ni Noe, ay nakilala nila ang tandang iyon! Kung nakilala lang sana nila! Ngayon ay magwawakas na ako. Kung nakilala sana nila ang tanda, ang sanlibutan sa araw na iyon! Iyon, ay pinatunayan ng Diyos dito, sa pamamagitan ng pagbasa ng Kasulatan, kanina, winasak Niya ang mga taong iyon.

Hindi sa wal a Siyang awa; ang awa ay isinugo sa kanila sa pamamagitan ng isang propeta. Hindi nila siya pinaniwalaan. Ang Diyos ay maawain, ngunit, nagsugo Siya ng awa ngunit ayaw nila itong tanggapin. Lagi muna Siyang nagsusugo ng awa.

Ano kaya kung nalaman nilang ang tandang iyon ang panghuling panahong tanda? At nang makita nila, ay bigla na lang, natigil ang kaligtasan at walang sinuman . . . Kita n'yo? Bigla na lang, namalayan mo na lamang na nagsara na ang pinto. Kung sila' y . . . Iisang tao lang ang nakakilala ng tandang iyon, iyon ay si Noe at ang kaniyang pangkat. Siya lang ang nakakilala. Nang maipinid ang mga pintuan, alam na ni Noe iyon. Alam ni Noe na iyon na ang wakas. Alam niya iyon. Tama 'yon. Kung alam n'yo lang ang tanda!

152 0, kung alam lang nila ang tandang iyon, nang makita nilang pumasok ang Isang ito roon, naparoon Siya sa piling ni Abraham! 317 Kung alam lang nila na ang makabagong Billy Graham ng araw na iyon, ay pumaroon, siya at ang isang Oral Roberts, at ipinangaral ang mensahe sa mga binulag na taong iyon! Kung alam lang nila, yaong mga matutuwid na

Metodista at mga Baptist noon ay naging isang tanda sa kanila sa araw na iyon, si Lot, nang ang mga kasalanan ay bumagabag sa kaniyang pinaka-kaluluwa. Kung gayon ay ano ang kinalabasan ng mga Metodista at mga Baptist? Tulad ng ginawa ni Lot, gano'n din. Datapuwat ang matuwid, wala roon, lumabas. Tiyak iyon.

Ano kaya't si Billy Graham iyon na pumaroon, pumapanhik doon para sa isang pagpapasiya, ngumangata ng tsuwing gam, pabirong nagsusuntukan, at nagtatawanan, maiikli ang buhok, pinturado ang mga mukha, at hindi man lamang makakilos tungkol dito. Nagbalik siya kinabukasan, at ang sabi ni Billy, "Tatlumpung libo ang dumulog; pagbalik ko sa susunod na taon, ay wala pang tatlumpu ang nananatili."

"O, nagpasiya na ako, Hi—hi—hindi na ako mapupunta sa impiyerno; sa Langit ang tungo ko," samantalang patuloy ang pagtatampisaw sa kasalanan. Kung sila lamang ay...

153 At nang magkagayon, ang Ebanghelyo ay naipapangaral sa Kapangyarihan, at mga tanda at kababalaghan, kasama ang Haliging Apoy sa ibabaw nito, at lahat ay nagpapatuloy nang gayung-gayon, at naitayo ito at nailahad. Kung kanila lamang . . . Ang sabi nila . . . Ang sabi, "Isang bungkos ng holy rollers. Mental telepathy 'yan. Isang uri ng masamang espiritu. Isang diablo, ganiyan lang iyan. Huwag n'yong paniwalaan Iyan. Wala iyan sa ating organisasyon. Ayaw nating makisama Riyan." Kung nakilala lang nila ang tanda! Kung nakilala lang nila!

Ang sabi ni Jesus, ang sabi, "Kung nakikilala n'yo lang ang inyong kaarawan, Jerusalem. Kung makikilala n'yo lang ito! Ngunit," ang sabi, "ngayon ay bahala ka na sa sarili mo" Kita n'yo? "Kung alam mo

lang. 0 Jerusalem, Jerusalem, makailang inibig kong tipunin kayo, tulad ng pagtipon ng inahing manok sa kaniyang mga sisiw, mula sa kahatulang napipintong dumating! Subalit hindi n'yo nakikilala ang inyong kaarawan." Kayong bumabato sa mga propeta, at pumapatay sa mga matutuwid, kung kilala n'yo lang ang inyong kaaarawan! Kung alam n'yo lang, at kung maalam kayo sa inyong Kasulatan, at alam n'yong ang Aking pagdating ay isang tanda ng inyong wakas. Ngayon kayo' y bulag. Ngayo'y nasaway na kayo. Tapos na ang panahon n'yo." At gano'n nga. Tama 'yan. "Kung kilala n'yo lang ang panahon n'yo!"

154 Tingnan n'yo, nang bitiwan ni Jesus ang pangungusap na iyon, nagpatuloy ang paglakad ng sanlibutan. Kita n'yo? Nagpatuloy sa paglakad ang sanlibutan, nang normal na normal. Bakit? Dahil hindi nila nakikilala ang oras nila.

Nagpatuloy ang sanlibutan, nang pumasok si Noe sa daong. Nagpatuloy ang sanlibutan sa pagkilos. Ang mga manlilibak, sa araw na iyon, patuloy pa rin ang pagdaraos nila ng kanilang mga sex party. Patuloy pa rin sila sa pagkain, sa pag-aasawa, ginawa nila ang mga baggy na ginagawa nila ngayon. Ganoong ganoon, normal na normal. "Ha-ha! Isinara ng matandang holy roller na iyon ang pinto. Ngayon, nakarinig na ba kayo ng gano'n? Ha-ha! Alam n'yo ba kung ano'ng sinasabi niya? Malulunod' daw tayong lahat. Walang kabuluhan! Nasaan ang tubig?"

Mga manlilibak, sa mga kaarawan ni Noe. "Gayon din ang magaganap sa pagparito ng Anak ng tao." Tama. Alam ni Noe ang tanda. Gayon din sa mga kaarawan ni Lot. Gayon din sa mga kaaarawan ni Jesus. Ganito rin ngayon. Manlilibak sila sa huling pagkakataon ... ?. . .

Gayon din sa Sodoma, hindi nila alam. Nang ang Mensaherong iyon ay tumayo roon, isang Mensaheng mula sa Diyos, pinagtawanan lang nila sila, at tinangkang likuin sila tungo sa kanilang sariling mga gawa. Tama ba 'yon? "Pumasok kayo at sumali sa amin. Maging isa kayo sa amin." Tama ba 'yon? "Pumasok kayo at sumali sa amin, at makiisa sa amin. Magiging isa kayo sa mga kalalakihan. Sige na, sumali kayo sa amin." Kita n'yo? Hindi nila nakilala ang tanda.

155 Hindi nila namalayan na nang ang Mensahe ay nagpapatuloy, na ang pinaka ... Hindi nila makita iyon, na ang apoy at galit ng kahatulan, habang ang Diyos, na ang siklab ng apoy ng nagliliyab na bato ay nagbabaga na sa kalangitan. Hindi nila makita iyon. Nakikita iyon ng mga mensahero. A- ha. Alam din iyon ni Lot. Alam niyang naroon iyon. Tiyak na tiyak.

Gaya rin naman ngayon, ganoong ganoon din. Ang galit ay nagbabaga na, ang mga bomba atomika ay nakabitin na, lahat ng bagay ay nasa katapusan na. Ganito rin ngayon.

Tingnan n'yo, bayan, makinig. Alam n'yo ba . . . Sasabihin mo, "Kapatid na Branham, o, paano naman ang lahat ng ito?" Alam mo, ang mga tao'y magpapatuloy na nangangaral ng Ebanghelyo tulad ng lagi nilang ginagawa, yaong tinagurian nilang Ebanghelyo, samantalang tapos na pala. Ginawa nila iyon sa mga kaarawan ni Noe. Ginawa nila iyon sa mga kaarawan ni Lot. Ginawa nila iyon sa mga kaarawan ni Jesus. Tama ba 'yon?

Maging ang mga Judio, matapos sabihin sa kanila ni Jesus na ang galit . . . "Tapos na kayo. Kawakasan n'yo na. Wala na. Kawakasan n'yo na."

"O," ang sabi niya, "ang holy roller na iyan. Saan bang eskuwela siya nagmula? Saan ba galing 'yan?" 331 Tandaan, noon ay handa na Siya para sa Kaniyang Ikatlong Hatak. A- ha. Tama 'yan. Ang sabi Niya, "Makailan Kong nais liliman kayo!"

156 Ginawa ni Lot ang kaniyang huling panawagan ... o, ang ibig kong sabihin, ang anghel pala, ang Diyos ay ikinatawan sa makataong laman, ang mensahero, sino man iyon. Ang Diyos ay ikinatawan para sa araw na ito, ginawa ang huling tanda, tinupad ang huling tungkulin. Natapos na ang lahat noon.

Ipinangaral ni Noe ang huling sermon niya; naipinid ang pinto sa likuran niya. Iyon na. Tinawanan nila iyon, at ginawang biro.

Isipin, ang mga tao'y magpapatuloy sa pangangaral! Ang Konsehong Ekumenikal ay sasanib sa simbahang Catolico, tulad ng ipinangako nila. Lahat ng organisasyon ay maaaring sumali, subalit ang tatak ng halimaw ay naroroon na. Nakuha na nila ito, doon. Kita n'yo? At sasabihin nila, "0, aleluia, purihin ang Diyos, napakaraming naligtas kagabi." Siyanga? "Sumayaw sila sa Espiritu. Nagsalita sila ng ibang wika." Walang katuturan iyan. Kita n'yo? "0, napakaamo nila, at napakamaginoo at mapagpakumbaba. Opo. Taglay nila ang bunga ng Espiritu." Hindi iyan ang tanda. Hinding-hindi.

Hayaan n'yong ibigay ko sa inyo ang bunga ng Espiritu, sa pagitan ni Jesus at ng mga Fariseo, tingnan .n'yo kung sino sa kanila ang may bunga ng Espiritu. Ano kaya kung ako'y tatayo, gaya nang pinasimulan kong sabihin kanina, laban kay Cristo ngayon sa boob ng isang minuto? Patawarin ako ng Diyos na pagsasabi man lang nito, kita n'yo, pero para lang maipakita sa inyo ang isang baggy.

157 Ano kaya't puntahan ko kayo at sabihin, "Sabihin n'yo, kongregasyon,_ kung sino ang kaibigan n'yo?

Sino ang nagpapakita ng bunga ng Espiritu? Ang butihin n' yong matandang pari. Sino ang dumadalaw sa inyo sa ospital kung may sakit kayo? Ang maginoo n'yong pari. Tama 'yan. Sino ba ang nagpapautang sa inyo ng pera sa tuwing nagigipit kayo, nasa gipit kayong kalagayan? Kayong mga miyembro ng kaniyang kongregasyon, hindi ba't tumatakbo kayo sa inyong butihing matandang pari at pinauutang niya kayo? Kita n'yo? Sino ba ang laging mapagmahal at mabait, at nagpapakita ng bunga ng Espiritu? Ang butihin n'yong matandang pari. 337 ″Sino nga ba ang nag-aral ng maraming taon, sa mga sinagoga roon, kung saan ang kaniyang kanunu-nunu-nunu-nunu-nunu-nunu-nunuan ay nagtapos, gaya rin naman ng lahat sa kanila? Sino ba ang nag-aaral at nakakuha ng . . . nagsikap at nakakuha ng mga titulo ng pagkadalubhasa at mga Ph.D at LLD, para matutunan ang Salitang Ito, at makatayo roon at maipangaral ito sa inyo tuwing Linggo ng umaga sa kaniyang kongregasyon? Ang inyong butihing matandang pari.

158 "Sino ba ang rebeldeng ito na ang ngala' y 'Jesus'? Saan bang eskuwelahan Siya nagmula? Saang eskuwela Ka galing? Nasaan ang Kaniyang tarheta ng samahan? Ano'ng organisasyon ba Siya kabilang? 339 ″Ano ba ang ginagawa n'yo kapag may sigalot kayo sa pamilya sino ba ang nagpupunta sa inyo? Ang inyong butihing matandang pari, para sikaping . . . At nagkaroon ka ng sigalot sa kapit-bahay mo rito, at darating ang butihin mong pari at inaayos kayo. Ang sabi, Kayong lahat ay anak ng Diyos. Hindi n'yo dapat gawin iyan. Iyan ang kaniyang...

"Ano ba ang ginagawa ng Jesus na 'yan na taga Nasaret? Naninira Siya. Ano'ng ginagawa Niya? Binabatikos ang inyong organisasyon. Ano'ng ginagawa Niya? Tinawag ang pari ninyo na bulag na umaakay sa kapuwa bulag.' Tinawag Niya siyang isang ahas sa damo: Kinuha Niya ang mga haing itinalaga ng Diyos, at pinagtataob ang mga mesa, at pinagtatapon ang mga salapi, at tinitigan sila ng titig na punung-puno ng galit. Nakita n'yo na bang nagalit ng ganoon ang inyong pari?″ Ngayon, nasaan ang bunga ng Espiritu?

159 Hindi sa pamamagitän ng pagsasalita ng ibang wika. Hindi sa pamamagitan ng pagsasayaw sa Epiritu. Hindi sa pamamagitan ng pagsapi sa iglesia. Hindi sa pamamagitan ng bunga ng Espiritu; madadaig kayong lahat ng Christian Science diyan, kita n'yo, at itinatanggi nila maging ang Pagkadiyos ni Jesus Cristo. Hindi iyon.

Kundi ang Salita, nabubuhay! Hayun na. Kung timingin lang sila, Siya ang Mesiyas. Siya ang buhay na Salita, na naipamalas.

At ang isang lalaking may Espiritu ng Diyos, o ang isang babae, ay ipinamumuhay ang Salitang iyan, nabubuhay ito sa kanila. Iyon ang tibok ng puso, ang predestinado, dahil ang Salita ng Panginoon ay dumarating sa kanila, at sila ang Salita sa mga tao. "Mga liham na isinulat na binabasa ng lahat ng tao.″ Tama ba 'yon? Nagaganap na ba ang Ikatlong Hatak?

160 Mga taong teyp, kayong mga nakikinig sa teyp na ito. Sana'y nakikita n'yo ang kongregasyong ito ngayon. A-ha. Nawa' y ganito rin ang nararamdaman n'yo.

Ano kaya't ito na nga? Tingnan n'yo ang mga Kasulatang nakatambak dito. Ito na nga kaya? Ang Ikatlong Hatak kaya ay mangangaral na sa mga

nasumpa sa magpa-Walang Hanggan na tumanggi sa Mensahe ng k al igtasan?

"Buweno,″ sasabihin mo, "ang iglesia ay .....Siya nga, gayon nga. Magpapatuloy sila, nang gaya sa dati.

Ngunit alalahanin, sa lahat ng panahong ito, si Noe ay nasa loob ng daong. Ang Nobya ay natatakang kasama ni Cristo, ang huling bahagi ay natubos na. Ang Ikaanim na Tatak ay nagpalabas na ng Sarili Nito. Ang Ikapitong Tatak ang magdadala sa Kaniyang muli sa lupa. Ang Kordero ay dumating at kinuha ang Aklat mula sa Kaniyang kanang kamay, at naupo at inangkin ang Kaniyang pag-aari, kung ano ang Kaniyang tinubos. Tama ba? Noon pa ma' y iyon na ang Ikatlong Hatak.

161 Ang tatlo ay kasakdalan. Ang lingkuran ay dumarating sa kasakdalan nito kapag naparami nitong muli si Cristo sa natural, sa mga tao, tulad ng naihula, "Kung paano ang mga kaarawan ni Lot.″

0, isipin n'yo, magpapatuloy ang mga tao sa pangangaral, nag-aakalang naliligtas sila, naniniwalang tama ang ginagawa nila, naniniwalang ang organisasyon nila ay lumalago, siya nga, at wala silang sinag man lamang ng pag-asa. At kung ang pangitaing iyon ay iyon na nga, at naging napakabagsik nito laban sa mga babae, sumapit na tayo sa oras na iyon. Sarado na ang pinto, wala na, nasa kamay na Niya ang Aklat. Isipin n'yo Ito.

162 Hayaan n' yong sabihin ko sa inyo ito bago ako matapos ngayon. Magtatapos na ako. Naisaysay, doon sa Ireland, habang nakaharap sa tubig. May isang malaking tubigang bumabaybay sa pangpang, at sa itaas ng malaking burol. At may isang lalaking patungo, naglalakad doon isang araw, nang—nang ang tubig ay pataas na. At may isang magiting na lalaki na nakatira sa burol, na nakaaalam ng tungkol sa mga pagtaas ng tubig doon. Alam niya kung anong oras sa maghapon tumataas ang tubig. Alam niya

kung anong oras dumarating ang tubig. Ang lalaking ito ay nagwalangbahala tungkol sa oras ng pagtaas nito. Isa siya sa mga taong nakakaalam ng lahat. May sarili siyang isip. Isa siyang atleta, marunong, matalinong tao, subalit talagang hindi niya alam ang oras ng pasok ng tubig.: -Hindi niya kabisado ang lalawigan. Hindi niya alam basahin ang tanda ng tamang oras, kapag tumalikod na ang buwan mula sa lupa.

163 At kapag itinalikod na ng Diyos ang Espiritu Niya mula sa lupa, kapatid, wala na siya, tapos nang lahat.

Kapag umalis ang buwan na iyon sa kaniyang kinalalagyan, matatakpan ng tubig ang lupa gaya nang pasimulan ito ng Diyos, sa Genesis 1. Datapuwa't

nakatigil doon ang buwan, at kung ililingon lamang nito ang ulo nito, ay biglang tumataas ang tubig.

Ang matalinong matandang lalaking ito na nabuhay doon sa presensiya nito, alam niya kung anong oras na iyon. Mg isa namang ito ay walang kamalaymalay. Hindi niya pinag-aralan iyon. Hindi mahalaga sa kaniya iyon. At ang matandang matalino ay nagtatakbong palabas, at nagsabi, "Butihing lalaki, huwag kang mangangahas na lumayo pa. Bumalik ka na agad. May pader diyan, hindi ka makapapanhik sa pader. Mapapahamak ka. Ang. . . Mg mga palatandaan ay naririyan na, ang oras. Ang—ang tubig ay biglaang darating, at hindi ka makababalik. Huwag ka nang lalayo pa."

At ang lalaking iyon ay lumingon, at tinawanan siya, ang sabi, "Humayo ka't pakialaman mo ang sarili mong kalakal. Alam ko kung ano ang maaari kong gawin at kung ano ang hindi." At inabutan siya ng pagtaas ng tubig.

164 Maaaring mas huli na kaysa sa iniisip natin. Kita n'yo? Aabutan ka nito. Huwag ka nang lalayo pa. Huwag n' yong gagawin 'yon, bayan. Kung talagang pinaniniwalaan n'yo ako bilang lingkod ng Diyos, paniwalaan n'yo ang salita ko sa umagang ito, kung talagang naniniwala kayo sa akin. Maaari ring huling-huli na. Napakaraming Kasulatan ang nagpapakita sa atin ng gano'n. Ngayon, alalahanin, hindi ko sinasabing ito na nga. Hindi ko alam. Ngunit tingnan n'yo lang.

At pinutol ko na ang mga sampung pahina nito, na pinangangambahan kong sabihin sa inyo. Kita n'yo? Kita n'yo? Si Gng. Woods ay patotoo niyan, at maging si G. Woods. Nang puntahan ko sila kaninang umaga, ang sabi ko, "Hi—hindi ko magagawang sabihin sa kanila iyon, hindi ko magagawang humantong diyan. Ilalagay ko lang ang ganito karaming kasulatan, at iiwan ko ito sa kanila, 'pagkat iti-teyp ito." Kakalat ito.

At pagtatawanan ng mga tao ang Mensaheng ito. Sige lang, lalampas sila sa panunumbalik isa sa mga araw na ito. Magpatuloy kayo, maging mga kasapi lang kayo ng iglesia. Gupitin n'yo ang inyong mga buhok, putulan n'yo, pintahan n'yo ang mukha n'yo. Magpatuloy kayo, kunin ang "Ama, Anak, at Espiritu Santo," kung gusto n'yo, iyan, gawin n'yong tatlong Diyos at maging hiteno kayo. Magpatuloy kayo, manatili kayo sa inyong organisasyon. Gawin n'yo iyan, kung gusto n'yo.

Sabihin n'yo, "Nagsayaw ako sa Espiritu, nagsalita ako, ng ibang wika; nasa akin na iyon."

165 Nakakita na ako ng mga diablo na nakagagawa rin ng ganiyan. Nakakita na ako ng mga mangkukulam na nagsasalita ng ibang wika at nagpapaliwanag nito; at nagsusulat sa ibang wika at nagpapaliwanag nito; na

umiinom ng dugo mula sa bungo ng tao, at tumatawag sa diablo, at nagsayaw sa espiritu.

Ang mga Mohamedan ay nagsasayaw sa espiritu, nang gayon, hanggang sa magawa nilang kumuha ng mga bubog at ibinabaon iyon sa kanilang mga daliri; at kukuha sila ng lanseta at itutuhog iyon sa mukha nila, nang pagano'n, at huhugutin iyon, at walang isa mang patak ng dugo ang lalabas doon.

Ang mga Indian ay lalakad sa apoy, nang nakapaa, tatlong piye ang lalim; at apat-, tatlo - o apat na piye ang lapad; at hinihipan, pinapaypayan ang nagbabagang uling hanggang sa mamuti 'to sa init; at ni hindi nagpapaltos ang kanilang mga paa, at itatanggi na mayroong bagay na tinatawag na Jesus Cristo.

166 Hindi, hindi, kaibigan. Ang Salita ang nagsasaysay nito. Ang bayan at ang Salita ay kailangang maging isa. Kita n'yo? Si Jesus at ang Salita ay iisa; Siya ang Salita. At kapag si Jesus ay nanahan sa tao, siya at ang Salita ay nagiging iisa. Huwag . . . Ang buhay mo ang nagsasabi kung ano ka.

Ngayon ay tingnan mo lang ang sarili mo sa salamin ng Diyos, sabihin mo, "Ano ba ang hitsura ko sa umagang ito?" Habang nananalangin tayo.

[Isang kapatid na lalaki ang nagsalita ng ibang wika. Isang kapatid na lalaki naman ang nagbigay ng paliwanag —Ed] Nalayo ako sa Diyos, Ngayo'y pauwi na 'ko; Manalangin, kung hindi pa kayo nakapananalangin! Buksan ang Iyong bisig, Diyos pauwi na 'ko. Pauwi . . .

167 Habang patuloy kayo sa pag-awit, nais ko kayong tanungin. May bahagi ba sa iyong puso na tila nadidiliman ng kasalanan? Kung mayroon, ngayon na ang oras upang iwaksi iyan, ngayon din, kung may awa pang nalalabi.

Ito, sana'y hindi pa. Sana'y wala pa ito riyan. Ngurnt hindi ba't parang gano'n na nga? Pakinggan kung ano ang sinabi ng Espiritu Santo sa gitna ng mga tao, matapos akong magwakas, "Ito'y isang Tinig sa inyo."

At kung mayroon, kung mayroon kayong kadiliman sa inyong buhay, maaari ka bang lumapit dito sa altar ngayon, habang nagpapatuloy tayo sa pag-awit. Ngayon din, kung mayroong napapagal, kung mayroong bahagi riyan, huwag mo nang ipagpaliban pa ito

Umaasa at nagtitiwala akong hindi pa ito gayon; subalit magkakagayon na ito, isa sa mga araw na ito, at maaaaring ngayon na nga ito. Ngayon, Diyos pauwi .. .

168 Habang malapit pa ang hininga ng inyong ilong sa inyo! Kung makikita lang ng mga taong nakikinig sa teyp kung ano ang nagaganap dito ngayon; nagsisiksikan ang mga tao, tumatangis, galing kung saan-saan.

Ang pangitain kayang iyon, nang ako'y bata pa, ito na kaya ang oras? Ito na kaya ang oras kung kailan ang mga taong iyon na pagal kung tingnan, napakalungkot; ang impiyerno ba'y nalilikha na dito mismo sa ibabaw ng lupa?

Ang mga altar at mga datalan, at lahat na, ay puno na ngayon. Kung hindi kayo makalapit sa altar o sa datalan, saan man sa gitna ng daandaang naririto; tumayo lang kayo, kung sasabihin mo, "Nais kong tumayo at manalangin, nang malaman ng mga tao," o kaya'y lumuhod kayo, anuman ang nais n'yong gawin. Ay, naku! Ngayon ay halos wala na kayong makitang mga taong nakaupo. Ang mga tao'y nakatayo na sa lahat ng dako.

Maaari ko bang sabihin ito. Huwag nawang itulot ng Diyos na ang sinabi ko ay maganap na ngayon. Nawa'y maunawaan ko ito, bawa't isa; huwag nawang itulot ng Diyos. May. . . May mga anak pa akong hindi pa nakapapasok. May dalawa akong anak na babae at isang anak na lalaki. May mga kapatid akong lalaki. May mga kamag-anak pa akong hindi pa nakapapasok. Huwag nawang itulot ng Diyos na iwanan na tayo ng biyaya; na ang lahat ng ito ay maging pagkukunwari lamang.

May biyaya pa kayang natitira, Panginoon? Itulot Mong magkamali ako tungkol dito, Panginoon. Itulot Mong maging mali ito sa pagkakataong ito. Upang ako, na ito'y hindi pa nga iyon, na ang mga tao ay maaari pa ring maligtas. Itulot Mo ito, Panginoon. Idinadalangin ko at ihinahabilin ang mga tagapakinig na ito sa Iyo ngayon, sa Pangalan ni Jesus Cristo.

169 Bawa't isa ay manalangin ngayon, tulad ng Paano kung iyon na nga iyon? Ngayon, hindi ko alam kung ito na nga iyon, ngunit ano kaya't iyon na iyon? Manalangin kayo sa paraaang nais n'yo. Manalangin lang kayo sa paraang nais n' yong manalangin. Ano nga kaya kung ito ang katotohanan, ano ang gagawin natin, mga kaibigan? Ano ang gagawin natin? Ano, ano kaya ang mangyayari? Ngayo'y manalangin ang bawa't isa. Umi—umiyak lang kayo, manalangin kayo kung paano n'yo gusto. Tumawag lang kayo sa Diyos, sa sarili n'yong pamamaraan. 0 Diyos! . . . ang Iyong bisig O Diyos, pauwi na 'ko.

170 "Panginoon, noon ko pa gustong gawin ito. Masyado na bang matagal akong naghintay, Panginoon? Ito na ba, tapos na po ba? 0 Diyos, buksan Mo ang mga bisig ng Iyong pag-ibig at tanggapin Mo ako. May kung ano, ang puso ko'y nagmamakaawa para rito, Panginoon. Buksan Mong minsan pa. Kung ang ngalan ko'y nasa Aklat ng Kordero, mangusap Ka sa akin ngayon,

Panginoon. Hayaan Mong matanggap ko iyon ngayon. Sumasamo ako sa Iyo, Diyos." Uuwi sa piling Mo, 0, di na, di na muli, Panginoon, lalayo; Buksan ang Iyong bisig, Pauwi na 'ko...

171 Ang sabi ng Biblia, kapag nakilala nila si Jesus, na, "Bawa't isa ay mananangis na tila sila'y namatayan ng bugtong na anak." . . . -na' ko,

Kayong nasa labas, kayong nasa inyong sasakyan, na nasa syort weyb, kayong nakatayo sa palibot ng gusali, marami sa inyo, ihilig lang n'yo ang Iyong ulo mga ulo sa gusali sabihin n'yo, "Panginoong Diyos, mahabag Ka sa akin. Buk- . . . " Maging totoong sinsero kayo, mga kaibigan! Isipin n'yo kung anong oras na ang kinabubuhayan natin! Nasaan na tayo? [Kumatok si Kapatid na Branham ng ilang beses sa pulpito -Ed.] . . . sig Diyos, pauwi na 'ko. Uuwi .. .

172 Panginoong Jesus, ginawa ko ang abot sa aking makakaya. Ginawa ko na ang lahat ng magagawa ko. Itulot Mo, Panginoon na ang mga pintuan ng awa ay manatiling bukas pa. Sa daan-daang ito, litiral na daan-daang naghahanap sa Iyo sa pagkakataong ito, alisin Mo ang bawa't makasalanang batik, Panginoon, at papasukin Mo sila ngayon.

Ako'y—ako'y sumasamo, nang buong puso, dahil hindi lang kung sinong tao ang nakikita naming

nangungusap, kundi, ang Kasulatan Mismo na nagdadala sa amin sa oras na ito. At ang pangitaing iyon, nang bata pa ako, nakita ko ang mga taong iyon sa gayong kalagayan; at ngayon, isipin, na ang impiyerno mismo, ang awa ay nabura na sa lupa, at ngayon ang impiyerno mismo ay naririto na, at ang mga tao, Panginoon, ay nasa malagim na kalagayan.

0 Makapangyarihang Diyos, ukol sa Hinirang na Iglesiang ito, dalangin ko, Diyos, na ibuhos Mo ang Iyong mga pagpapala, upang matanggap nila ang isang—isang lingkuran ng patotoo, na tulad ng tinaglay ni Lot, tulad ng tinaglay ni Noe, tulad ng tinaglay ni Jesus; sa mga napahamak na magpaWalang Hanggan, kung ito'y naroroon na; upang sila rin naman ay maselyuhan sa boob ng Kaharian ng Diyos, datapuwat nagpapatotoo tungkol kay Jesus Cristo na Siya'y katulad kahapon, ngayon, at magpakailan man. Itulot Mo po ito, Panginoon. Tanggapin Mo nawa ang aming kahilingan, dahil kami'y sumasamo Sa Ngalan ni Jesus.

173 Manalangin lang kayo kung paano n'yo gusto ngayon. Huwag kayong magmadali. [Kumatok si Kapatid na Branham sa pulpito -Ed.] Huwag kayong magmamadali. Ano kaya't ikaw ang huling pangalang nasa Aklat?

Pauwi na 'ko. Uuwi, sa piling Mo,

Kapatid na Neville, pumarito ka, ipanalangin mo sila ng kaunting panahon. Sasamahan kayo ng pastor ngayon sa pananalangin habang kayo' y nananalangin. Aawit ako.

Open wide Thine arms of love,

Lord, I'm coming home.

Coming home, coming home,

Never more to roam; (Yes, Lord.)

Open wide Thine arms of love,

Lord, I'm coming home.

Coming home, coming home,

Never more to roam;

Open wide Thine arms of love,

Lord, I'm coming home.

[Si Kapatid na Branham at ang kalipunan ay umawit habang si Kapatid na Neville ay nanalangin, "Makapangyarihang Diyos, Makalangit naming Ama, tulad ng naganap sa oras na ito, nagagalak kami na pinagkalooban Mo kami, tulad ng naganap, ng pagkakataong ito upang suriin ang aming mga gawi sa harapan Mo. Diyos ko, sa araw na ito, mula sa kaibuturan ng aming kaluluwa, humihibik kami sa Iyo, Panginoon." at sa iba, hindi lamang sa aming mga sarili, kundi pati sa bawat isa. Hayaan Mong ang panahong ito Diyos ang panahon sa umagang ito, Ama, Kung Ikaw, kung habaan mo ang Iyong awa, Ama itulot, na kung saan sila na kinalimutan ang araw na ito ang lahat ng kanilang pagmamataas, kasinungalingan, at iba pang mga bagay. Panginoong Jesus nanalangin kami ngayon na ipagkaloob mo sa mga nakalohod, oh, at nakayuko sa loob ng gusaling ito, O Diyos nawa ang Tinig mula sa langit ay mangusap sa umagang ito. Bigyan mo kami ng kasiguruhan, Panginoon Hayaan mong ang mga lalaking ito, na nagpapakahirap mga lalaki at babae, Jesus ipagkaloob mo sa araw na ito ang kaaliwan na galing sa Saksi na nagmumula sa langit ngayong umaga. . Sa Pangalan ni Jesus Cristo, kami nagsusumamo, Panginoon, kung mayroon pang karugtong ang awa sa pamamagitan ng Dugo naway dumating sa bawat isa sa amin ngayon, ayon sa iyong pagdating. Naway itulot Mo ngayon."]

[Nagpatuloy sa pananalangin Si kapatid na Neville. "Nawa ang bawat isa ay masiyakan sa araw na ito Panginoon, na Ikaw ay Makapangyarihang Diyos. Kung ito man ang karugtong ng awa ipagkaloob mo sa bawat isa."] Gawin mo ito Panginoon. [Ama itulot mo na ngayon. At ang kapayapaan ng Diyosn na lagi ng umaayon sa kaunawaan ay pumaritong muli sa mga pusong nagaantay."] Opo, Panginoon. [Ngayon na nwaw ang oras."]Opo. [' Naniniwala kami na narinig Mo ito mula sa Langit.'] Panginoon ipagkaloob mo ito. ['Ano man ang nakatalaga para sa amin, kun itoy natapos na, kung gayon, Panginoon alam namin ang katapusan."] Opo, Panginoon [" Nguniy kung hindi man, Nawa anf saksi ay dumating."] Opo Panginoon. ["Nawa itong dumating, nawa sa araw na ito masumpungan nila ang kapayapaan."]Ipagkaloob mo ito, Panginoon.[Sa pamamagitan ni Jesus Kristo. at nanalangin kami sa Kaniyang Pangalan. Amen."]

174 Dalangin ko na iligtas Mo si Becky at si Sarah at si Joseph, at pati na rin sila, Panginoon. Huwag Mong itulot na ito'y mangyari sa aking mga anak, Panginoon. Huwag Mo pong itulot na mangyari ito sa aking mga kapatid na lalaki at sa aking mga kaibigan. Itulot Mo ito, Panginoon.

Hindi namin alam, hindi namin alam, subalit may nakikita kami, Panginoon. Ito ba'y tandang yumayanig sa amin ngayon sa aming harapan? Itulot Mo po ito, Panginoon. Ilapit Mo kaming lahat sa Iyo, kaagad, Panginoon. Mahal Ka namin at kailangan Ka namin. Itulot Mo ito, Ama, Espiritu Santo pagkalooban Mo kami ng aliw sa aming mga puso ngayon.

Dalangin naming maging mga saksi kami sa Iyo sa oras na ito, pagkat alam naming kailangang mangyari ito. Naitaya na ito sa mga kapanahunan, at kailangan naming harapin ito, na kami'y nasa huling araw na kapag nakita na namin ang mga tandang ito na nagsisilitaw. Alam namin, at napasabihan na kami sa loob ng napakarami nang taon ngayon, na ang bagay na ito ay magaganap. Ngayon ay nakikita na namin ito sa mismong pintuan namin, ang makapangyarihang galit ng Diyos na kumikilos sa mga lansangan, inilalabas ang hindi tuli. Sa mga pintuang walang Dugo, dumadalaw ang anghel ng kamatayan; at patuloy silang nabubuhay, ngunit patay na sila samantalang nabubuhay pa, walang awa, walang Diyos, at hinding-hindi na maliligtas.

175 Diyos, pinasasalamatan Ka namin para sa mga ito na nangaligtas! Kami'y. . . Napakalaking pagpapala nito sa aming.mga puso, na kami'y nasa loob na ngayon, sa silong ng Dugo, habang ang huling anghel ay dumadaan sa lupain, inilalabas ang...

Yaong mga labas sa silong ng dugo, nangamatay sila nang walang awa. Iyon ang huling hatak ni Moises. Una, isang—isang kabataang lalaking nangungusap sa Israel; ikalawa, lumusong siya upang palayain sila; ikatlo, ay

ang huling mensahe. Ang mga himala ay naisagawa na, patungo na si Moises sa lupang pangako, kasama ng mga tinubos. 0 Diyos, mahabag Ka, dalangin ko, sa Ngalan ni Jesus.

176 Ngayon ay nais kong itanong sa inyo ito. Kayong mga nananalangin, kayong nakadarama na mayroon pang awa para sa inyo, at (Diyos) nadarama n'yong nasa Kaharian kayo ng Diyos, nadarama n'yo na—na kayo'y nakaaangkla sa anumang paraan, na kay Cristo ay may pananampalataya ka upang makapaniwalang ika'y isang Cristiano, isinilang kang muli at alam mong ika'y isang Cristiano, at walang pag-aalinlangan. Sana'y magawa n'yong tumayong lahat, kayong nagnanasa niyan, at sumasampalataya riyan, na ang awang iyon ay naipaabot sa inyo ngayon, at kayo'y mga Cristiano, at inyong pinaniniwalaan na—na ang Dugo ay naipahid na sa inyong puso, at—at—at kayo'y napatawad na sa bawat pagkakasala.

177 Ito' y isang bagay na naging napakahirap na ipangusap sa inyo. Labis akong nagpapasalamat, at nakita ko ang mga tao na naglapitan mula sa lahat ng dako. At kayo, ako—ako ay labis . . .

Hindi ko alam kurig totoo nga ang bagay na ito, ngunit kailangang magkagayon, isa sa mga panahong darating. Kita n'yo, kailangan itong humantong doon, at maaaring ngayon na. Kita n'yo? Sa lahat ng paraan, ang sanlibutan ay magpapatuloy sa paglakad. Ang mga tao'y lalapit pa rin sa altar, iiyak pa rin sila, ngunit wala nang magagawang buti iyon. Kita n'yo? Sila' y mawawala na, kita n'yo, ito'y tapos na. Mawawalan na ng awa. Tandaan n'yo 'yan. “At ang santuwaryo ay naging mausok.” “Ang masama ay higit pang magpapakasama; ang matuwid ay higit pang magpapakatuwid; at ang banal ay higit pang magpapakabanal.” Wala nang awa, kapag kinuha na ng Kordero ang Aklat; iyon na iyon, iyon nang lahat iyon. At sa wari'y talagang ngayon na nga iyon.

Marahil ay may isang araw pa tayo; marahil ay ngayon na ang araw na iyon. Maaaring bukas ang hu-. . . Maaaring ang gabing ito ang huling gabi. Maaaring ito na ang taon. Hindi ko alam, mga kaibigan. Sinasabi ko sa inyo, hindi ko alam. Hindi kailan man ito mailalahad sa akin.

178 Datapuwat kapag kinuha na ng Diyos ang huling pangalang iyon at tinubos iyon mula sa Aklat ng Buhay na iyon, iyon nang lahat iyon. Kita n'yo, wala nang maidadagdag pa, sa anumang paraan. Wala nang maidadagdag pa, sa anumang paraan. Iyon nang lahat. Tapos na 'yon.

Ilan ang nakababatid na ito'y Katotohanan? [Ang kongregasyon, “Amen.”] Mabuti. Ito'y—ito'y Katotohanan. Ngayon at nadarama natin . . .

At nakita ko ang kongregasyong ito na napangaralan ko at nabalaan, sa loob ng mga taong ito, at nakikita ko ang isang Mensaheng tulad nito na aking . . . na aking—aking dinala sa baguhang anyong ito. At alalahanin n'yo lang, sinasabi ko ito upang maunawaan n'yo ito, baguhang anyo; ang higit pa rito'y halos yayanig sa inyo hanggang kayo' y magkapira-piraso, kita n'yo. Ngunit nilaktawan ko na lang iyon, nadama kong kailangan kong gawin iyon, 'pagkat hindi ako tiyak. Kung hindi ko tiyak ang tinatahak ko, dadahandahanin ko lang ang pagtahak, kita n'yo, ngunit sinasabi ko lang sa inyo.

179 Makinig. Hindi ba kayo maligaya? Mayroon pa bang mas higit na dakila, na maaari n'yong isipin, na nagawa n'yo na sa Buhay n'yo?

Ano kaya kung tapos na ngayon? Ano kaya kung tapos nang lahat? “0,” sasabihin mo, “Kapatid na Branham, marahil. . . ” Siyanga, alam ko. Magpapatuloy lang sila. Lagi silang gayon, sa bawat

pagkakataon. Naipaliwanag ko na iyan at napatunayan ito sa pamamagitan ng Kasulatan, kita n'yo, ang sanlibutan ay nagpatuloy sa pag-inog, datapuwa't tapos na pala. Kita n'yo? Kita n'yo?

"Ang kamangmangan ng pangangaral ay nagliligtas ng mga ligaw.Kamangmangan ito sa tao. Karunungan ito ng Diyos." Kita n'yo? Ang Diyos ay Espiritu. Gumagawa Siya sa mga paraang espirituwal, kita n'yo, ang mga kababalaghan Niya'y ipamamalas; kamangha-manghang mga pamamaraan. Datapuwat, tayo'y mga tao, tayo'y pinit. Hindi natin alam; ang tinitingnan lang natin ay kung ano ang nakikita natin. Ngunit may kung Anong nasa kalooban natin...

180 Kapag lumabas kayo sa silid na ito, kung hindi mo pa ito nakita sa tanang buhay mo, hindi mo pa kailanman nakita ang liwanag ng araw, ay malalaman mo kung ika' y magdadaan sa silid na ito rito, patungo sa sikat ng araw kung saan. Mainit iyon. Nararamdaman mo iyon. Kahit pa walang pandama sa katawan mo para magpahayag nito, ay malalaman mo pa rin, o, walang pandamang paningin para makita mo ito. Walang paraan para makita ang luntiang mga puno, para makita ang kalikasan; wala kang paningin, wala pang nagkaroon nito kailan man. Malalaman mo pa rin na ika'y nasa presensiya ng kung ano, ang pakiramdam mo ang magsasaysay sa iyo nito. Malalaman mo ito. Kung sasabihin ko sa iyo, "Araw iyon. Sumisinag ito. Nagpapakita ng mga bagay-bagay." Kita n'yo, malalaman n'yong naroroon iyon dahil nadarama n'yo iyon sa pamamagitan ng inyong pakiramdam. Tama ba 'yon?

181 Ngayon, alam nating si Cristo ay naririto. Kita n'yo? Marahil ay hindi mo Siya nakikita sa pamamagitan ng inyong mga mata. Kita n'yo? Marahil ay hindi. Subalit sa pamamagitan ng pangitain, sinasabi ko sa inyo, Siya'y naririto. Nararamdaman natin Ito. Alam nating may kung Anong bagay dito na hindi naipapahayag ng ating mga pandama. Ang Espiritu ang nagpapahayag nito, na si Cristo ay naririto. 401 Nadarama kong tinubos na Niya tayo. Nadarama ko na ang mga pangalan natin ay nakasulat sa Kaniyang Aklat. Naniniwala akong natubos na tayo ng Dugo ng Kordero. Mahal ko kayo, at batid kong mahal n'yo ang isa't-isa. Ang Diyos ang bumibigkis Sa 'ting mga puso; Pagsasama-sama ng kapatiran Ay tulad sa Langit. 402 Dapat ay laging ganiyan ang nadarama natin para sa isa't-isa. Kita n'yo, dapat tayong, dapat ay ganiyan ang nadarama natin para sa isa't-isa. Kita n'yo. Pagkat habang iniibig natin ang isa't-isa, ay iniibig natin ang Diyos. "Magagawa mo bang kamuhian ang iyong kapatid na iyong nakikita at sabihing iniibig mo ang Diyos Na hindi trio nakikita?" Dapat nating ibigin ang isa't-isa. "Wala nang hihigit pa sa pag-ibig ng isang tao na nagawa Niyang ialay ang kaniyang buhay alang-alang sa Kaniyang kaaway, upang sila' y maging kaibigan Niya.

182 Alam n'yo ba ang awit na iyon, Ang Diyos ang Nagbibigkis (Blest be the Tie that Binds)? Hindi ba't kahanga-hanga iyon? Pagpalain ang bigkis! Maaari mo ba kaming bigyan ng tipa niyan, kapatid na babae, diyan? Hayaan mo lang na tumugtog ito sandali.

Paano kung tapos nag Ano kaya kung ang Ikatlong Hatak, na parating na ngayon, ay ang pangangaral sa mga napahamak na? Ano kaya kung ang lahat ng tipo ay maipapakita na ngayon? At tayo'y pasok na, at tayo'y pasok na, hindi ba magiging napakaganda noon? Anong pakikisama! 0, Ang Diyos ang nagbibigkis (ito ang gumagawa nito) Sa 'ting mga puso; Pagsasama-sama ng kapatiran Ay tulad sa itaas.

183 Ano iyon? Pagsasama-sama ng magkakatulad na kaisipan. "Mapasa amin ang Kaharian Mo. Sundin ang loob Mo." Kita n'yo? 406 Ginagawa natin ang Diyos na isang—isang batang utusan, isang utusan o kung ano, "Diyos, gawin Mo ito, gawin Mo iyan."

Ang sabi ni Jesus, "Manalangin ng Mapasa amin ang kaharian Mo. sundin ang loob Mo dito sa lupa, para ng sa Langit.'" Kung magkagayon, ang Langit ay naibababa sa atin, at tayo'y—tayo'y ipinahhik sa Langit, at tayo'y nakaupo na sa Sangkalangitan ngayon kay Cristo Jesus. Pinaniniwalaan nating lahat na ang Mensaheng iyan ay Katotohanan, na si Jesus Cristo, ang Anak ng Diyos, ay tumutubos sa atin. 408 Ipikit natin ang ating mga mata ngayon at itaas ang ating mga kamay, habang inaawit natin ito. Ang Diyos ang nagbibigkis Sa 'ting mga puso; Pagsasamasama ng Kapatiran Ay tulad sa itaas.

184 Ngayon, walang isa mang ngiti. Hindi ito oras ng pagngiti. Taglay ang lalim ng katapatan, habang tinutugtog ang awiting iyan, makipagkamay kayo sa katabi n'yo, sabihing, "Pagpalain ka ng Diyos, Cristiano," nang may katapatan.

Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Neville. [Ang sabi ni Kapatid na Neville, "Pagpalain ka, Kapatid na Branham!" -Ed.] Limampu' t siyam na taong gulang. ["Tama 'yan."] Ang layo na! Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid . . .?. . . Ngayon ay itaas natin ang mga kamay natin sa Kaniya. Sa tuwing maghihiwalay, May kirot sa dibdib; Ngunit muling magniniig, At pag-asang magkikitang muli.

185 Ngayon ay iyuko natin ang ating mga ulo, at sabay-sabay, hindi natin alam kung ano ang magaganap sa hinaharap, sa sandaling ito, hindi nalalaman kung ito'y tapos na. Hindi ko alam. Subalit sa mukha ng ma katotohanang naihayag natin sa umagang ito, dasalin natin ang dasal na itinuro ng Panginoong dasalin natin. Maging ito man ay, "Mapasa amin ang Kaharian Mo. Sundin ang loob Mo." Kita n'yo? Gawin natin ito nang sabay-sabay.

[Si-Kapatid na Branham at ang kongregasvon ay nagdasal ng sumusunod na dasal nang sabay-sabay, mula sa Mateo 6:9-13. —Ed.] . . .Ama namin na nasa Langit Ka, Sambahin nawa ang pangalan Mo. Dumating nawa ang kaharian Mo. Gawin nawa ang Iyong kalooban, kung paano sa Langit, gayon din naman sa lupa. Ibigay Mo sa amin ngayon ang ang aming kakanin sa araw-araw.

At ipatawad Mo sa amin ang aming mga utang, gaya naman namin na nagpapatawad sa mga may utang sa amin. At huwag Mo kaming ihatid sa tukso, kundi iligtas Mo kami sa masama. Sapagkat lyo ang kaharian, at ang kapangyarihan at ang kaluwalhatian, magpakailan man. Siya nawa.

186 Ngayon habang nakayukod ang ating mga puso. Ang sabi ng Biblia, "Umawit sila ng awitin at nagsilabas sila." Natatandaan n'yo, nang gawin nila iyon sa Kasulatan, iyon ay dahil ipinako nila ang lingkuran ng ating Ikalawang Hatak ng Panginoon, at handa nang pumasok ang Ikatlong Hatak. Ilang oras pagkalipas niyon, bumaba Siya sa impiyerno at nangaral sa mga pahamak na tumanggi sa kanilang awa.

Isang tipa ng: Tiwala Ko'y sa lyo (My Faith Looks Up to Thee). Ti—tiwala ko'y sa Iyo, Kordero ng Kalbaryo, Manliligtas; Dalangin ko'y dinggin, Sala ko'y pawiin, Magmula . . . ngayon Ako'y sa Iyo! Sa landas ng buhay, Kalungkuta' y taglay, Ako'y gabayan; Gabi'y pagliwanagin, Luha ko'y pahirin, Magmula ngayon Ako'y sa Iyo!

187 Pagpalain kayo ng Panginoon, pasikatin nawa Niya ang Kaniyang Anak at biyaya sa inyo. At pagkalooban nawa kayo ng Panginoon ng Buhay na Walang Hanggan, at sumainyo sa sanlibutang ito, at sa daigdig na darating pagkatapos nito. At, Buhay na Walang Hanggan, nawa'y paglingkuran n'yo Siya sa lahat ng mga panahong darating.

Kung ito na ang oras, at dumating na tayo sa dakong iyon, hindi ko ikinahihiya kung ano ang naipangaral ko. At kung ang bawat ministro ay kakailanganing tumayo kasama ng kaniyang kongregasyon at mahahatulan, gaya ng nakita ko sa pangitain, nagpapasalamat ako sa Ebanghelyong ipinangaral ko, dahil ito rin ang Ebanghelyong ipinangaral ni Pablo at ng iba pa.

Nagagalak-ako para sa inyo. Nagagalak ako na tinanggap n'yo si Cristo bilang inyong Tagapagligtas. Ibigin n'yo Siya, at manalangin. 418 At magkikita tayo mamayang hapon, kung loloobin ng Panginoon, sa ganap na ika-pito dito sa iglesia. Pagpalain kayo ng Diyos. Maaari na kayong umuwi.

MESSAGE hub online
www.messagehub.info

Pangangaral ni
William Marrion Branham
"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7